# MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA PANG-UNAWA SA PAGBASA SA FILIPINO

----------------

Isang Tesis na

Iniharap sa

Kaguruan ng Paaralang Gradwado

Samar State Polytechnic College

Catbalogan, Samar

----------------

Bilang Bahagi ng mga Gawaing Itinakda

para sa Degring Master sa Sining ng

Pagtuturo ng Wika

ni

**CONCHITA DACLES-DACUTANAN**

Marso 2000

**DAHON NG PAGPAPATIBAY**

Bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degring **MASTER SA SINING NG PAGTUTURO NG WIKA**, itong tesis na pinamagatang, **"MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA PANG-UNAWA SA PAGBASA SA FILIPINO,"** ay inihanda at isinumite ni **Gng. Conchita Dacles-Dacutanan**, na matapos maipasa ang Comprehensive Examination, ay inererekomendang sumailalim sa oral examination.

**ALFREDO D. DACURO, Ph. D.**
*Tagapayo*

---

Inaprobahan ng Komite ng Oral Examination na may markang ________________.

**EUSEBIO T. PACOLOR, Ph. D.**
Tagapangulo

**ULRICO B. MUSTACISA, Ed. D.**
Kagawad

**MARILYN D. CARDOSO, Ph. D.**
Kagawad

**ANITA P. LEGATUB, MAT**
Kagawad

---

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degring, **MASTER SA SINING NG PAGTUTURO NG WIKA**.

**EUSEBIO T. PACOLOR, Ph. D.**
*Dekano, Paaralang Gradwado*

Petsa ng Oral Examination:

Ika-17 ng Marso, 2000

# PAGKILALA

Ang kahalagahan ng obra-maestrang ito ay hindi maipapasintabi at hindi rin matatarok sa pamamagitan ng lawak ng natamong kaalaman ng mananaliksik lamang, sa dahilang ito ay may hangganan. Subali't ito ay masusukat sa pamamagitan ng pinagsamang dunong at talino ng mananaliksik at ng mga taong tumulong upang ang lahat ng ito ay maisakatuparan. Sa kanila, may malaking utang na loob ang mananaliksik na hindi mababayaran ng salapi o anu pa man. Bilang pagkilala sa mga tulong at kooperasyong ibinigay sa mananaliksik; nais niyang ipaabot ang kanyang pasasalamat sa mga sumusunod:

Kay **Dr. Afredo D. Dacuro**, Pangalawang Tagapamanihala ng Sangay ng Samar at ang matiyagang adbayser ng mananaliksik, sa kanyang malawakang kaalaman na nagpaunlad sa kabuuan ang pananaliksik na ito;

Kay **Dr. Rizalina M. Urbiztondo**, ang dating Dekano ng Gradwadong Pag-aaral ng SSPC sa kanyang matapat na pagpatnubay upang maipagpatuloy ang pananaliksik na ito;

Kay **Dr. Eusebio T. Pacolor**, Dekano ng Gradwadong Pag-aaral sa SSPC at Tagapangulo ng Komite ng Oral Examination, sa kanyang paggabay at pagbigay ng mga kaukulang suhestiyon upang maging kaaya-aya ang obra-maestrang ito;

Kina **Dr. Ulrico B. Mustacisa**, **Dr. Marilyn D. Cardoso** at **Bb. Anita P. Legatub**, mga kagawad sa pasalitang pagsusulit, sa kanilang pag-unawa at matiyagang tulong sa pagpapaunlad sa pananaliksik na ito;

Isang pagpapahalaga ang ipinaaabot din kina **Dr. Jesusita L. Arteche**, Tagapamanihala ng Sangay ng Samar, **Dr. Thelma C. Quitalig** at **G. Teotimo M. Orbeso**, na kapwa Pangalawang Tagapamanihala ng Sangay ng Samar, para sa kanilang mga turo at pangaral na nagbigay ng input sa pagsasaliksik na ito;

Ipinaaabot din kay **G. Felix D. Acong**, Punongguro ng BLISS Community School, sa pagbibigay ng pahintulot upang makapag dry-run ang mananaliksik ng kanyang mga instrumento;

Kay **Gng. Beatriz L. Orbeso**, Pampurok na Superbisor ng Catbalogan I, **Gng. Tomasa R. Perez**, Punongguro ng Paaralang Elementarya ng Sentral at **Gng. Claudia C. Tarife**, Punongguro ng Paaralang Elementarya ng Salug, sa mga tulong na kanilang ibinigay upang makuha ang mga datos na ginamit sa pagsasaliksik na ito;

Ganoon din ipinaaabot ng mananaliksik ang pasasalamat kay **Mana Nena Bolledo**, sa napakalaking tulong sa pagbibigay ng pagsubok sa mga bata sa tatlong paaralang napili bilang sampol sa pagsasaliksik na ito;

Kay **Mano Viding Figueroa** ng Jiabong National High School, sa kanyang panahong ginugol sa pagpasa ng mga talatanungan at iba pang materyales na kasangkot sa pagsasaliksik na ito;

Sa **mga administrador**, **mga guro** at **mga mag-aaral** na kasangkot sa pagsasaliksik na ito, sa kanilang matapat na pagbibigay ng kani-kanilang persepsyon na naging basehan ng pagsasaliksik na ito;

Kay **Guille**, sa napakalaking tulong at papel na ginampanan sa pananaliksik na ito;


Sa lahat ng **kanyang mga tiyuhin at tiyahin, mga pamangkin, mga kaanak** at **mga kaibigan**, na nagbigay ng inspirasyon sa lahat ng ito;

Sa **pumanaw niyang tatay**, na siyang nagbigay ng lakas sa kanya sa oras ng kahinaan at nagbigay ng inspirasyon at pag-asa sa panahong siya ay susuko na;

At higit sa lahat **sa Poong Maykapal**, na nagbigay sa kanya ng tanging liwanag at pag-asa upang maabot ang tagumpay na ito na siyang nagbigay biyaya sa lahat ng mga pangangailangan sa pananaliksik na ito.

***Sa inyong lahat, maraming, maraming salamat po!***

**C. S. D. D.**



# PAGHAHANDOG

Ang obra-maestrang ito ay bunga ng tagumpay na natamo dahil

Sa pag-ibig at inspirasyon.

Ito ay malugod na inihahandog ko:

Kay **Preding**,

na aking kabiyak;

sa aking mga hiyas:

**Iday** at **Baby**;

sa aking butihing ina,

**Concha**;

sa aking mga kapatid:

**Manoy Danny**, **Bernie**, **Carrie** at **Nilo**; at

sa aking sumakabilang-buhay na ama,

**Tatay Pablo**

**Chit**

## ABSTRAK

Layunin sa pag-aaral na ito, ang makagawa ng mga kagamitang pampagtuturo para sa pagpapaangat ng antas ng pag-unawa sa pagbasa sa wikang Filipino para sa ikaanim na baiting. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong panlarawang debelopmental na sinimulan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sarbey na pagsubok sa lahat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baiting sa tatlong mababang paaralang sakop ng Distrito ng Catbalogan I. Sa kinalabasan ng pagsubok na sarbey, kinuha ang dalas ng pagkakamali ng bawat aytem at tiniyak ang mga kakulangan at kahinaan ng mga mag-aaral sa asignaturang pagbasa sa wikang Filipino, lalo na sa pang-unawa. Ang kahusayan sa wikang Filipino ng mga bata ay isa pang bagay na may mahalagang kaugnayan sa mga natamong kahirapan sa mga kasanayan sa pagbasa na may pag-unawa sa Filipino. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng natuos na halaga ng Fisher's t na 72.210 na lubhang mahigit kaysa sa halagang tabular ng t na 1.960. Batay sa napatunayan mahalagang kaugnayan ng mga baryets sa kahirapan sa mga kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa Filipino, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang kahirapan ng mga kalahok sap ag-aaral na ito at ang kani-kanilang mga baryets," ay hindi tinanggap. Ang antas ng pang-unawa ay mayroong makabuluhang kaugnayan sa mga katangian o baryets ng mga mag-aaral, kagaya ng magulang, kasarian at kahusayan sa wikang Filipino. Matibay na iminumungkahi rin nga mananaliksik na ang mga kagamitang ito ay gamitin bilang karagdagang material sa paglinang ng mga kasanayang lubhang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

# TALAAN NG NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| DAHONG PAMAGAT .................................... | i |
| DAHONG PAGPAPATIBAY .............................. | ii |
| PAGKILALA .......................................... | iii |
| PAGHAHANDOG ........................................ | vi |
| ABSTRAK ............................................ | vii |
| TALAAN NG NILALAMAN ............................... | viii |

**Kabanata**

| | | |
|---|---|---|
| 1 | ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO .......................................... | 1 |
| | Panimula .................................. | 1 |
| | Paglalahad ng Suliranin .................. | 3 |
| | Mga Ipotesis ................................ | 4 |
| | Batayang Teyoretikal ........................ | 5 |
| | Batayang Konseptuwal ...................... | 7 |
| | Kahalagahan ng Pag-aaral .................. | 9 |
| | Lawak at Delimitasyon ng Pag-aaral .................. | 10 |
| | Katuturan ng mga Talakay .................. | 13 |

| | | |
|---|---|---|
| 2 | **MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL** | 18 |
| | Mga Kaugnay na Literatura | 18 |
| | Mga Kaugnay na Pag-aaral | 23 |
| 3 | **METODOLOHIYA** | 37 |
| | Disenyo ng Pananaliksik | 37 |
| | Instrumentasyon | 38 |
| | Pagpapatibay ng Instrumento | 40 |
| | Paraang Sampling | 42 |
| | Paglikom ng Datos | 44 |
| | Pagsusuri at Paglalapat Estadistika | 45 |
| 4 | **PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS** | 51 |
| | Mga Kasanayan sa Pagbasa na Tinatayang Mahirap para sa Ikaanim na Baitang | 51 |
| | Mahalagang Kaugnayan ng Kahirapan ng mga Kalahok at ang Kanilang Baryets | 54 |
| | Kasarian | 54 |
| | Gulang | 55 |
| | Kahusayan sa wikang Filipino | 56 |
| | Katumpakan ng mga Kagamitang Pampag-tuturo Batay sa Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng mga Tagasagot | 57 |
| | Katumpakan Ayon sa Nilalaman | 57 |
| | Katumpakan Ayon sa Kayarian | 60 |

Katumpakan Ayon sa Kaanyuan .................. 64

Paghahambing ng mga Persepsyon ng
Tatlong Kategorya ng Tagasagot .................. 67

Katumpakan Ayon sa Nilalaman .................. 68

Katumpakan Ayon sa Kayarian .................. 69

Katumpakan Ayon sa Kaanyuan .................. 70

Pormula ng Kabisaan sa Pagbasa ............ 71

**5 LAGOM NG KINALABASAN, MGA KONKLUSYON AT REKOMENDASYON** ...... 73

Lagom ng Kinalabasan ........................ 73

Mga Konklusyon ........................ 77

Mga Rekomendasyon ............................ 78

**6 MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURONG NADEBELOP SA PAGBASA NA MAY PANG-UNAWA SA WIKANG FILIPINO PARA SA IKAANIM NA BAITANG** ...... 80

**BIBLIOGRAPIYA** .................................. 149

**APENDIKS** .................................. 155

**A** Pahintulot para sa Titulo ng Tesis .................. 156

**B** Pahintulot para sa Adbayser .................. 157

**C** Paghingi ng pahintulot sa Tagapamanihala upang Makapagsagawa ng Pananaliksik sa Sangay ng Samar .................. 158

**D** Paghingi ng Pahintulot sa Tagapamahala ng Distrito ng Catbalogan III Upang Makapagsagawa ng Dry-run ............ 159

| | | |
|---|---|---|
| E | Paghingi ng Pahintulot sa mga Taga-pamahala sa Distrito ng Catbalogan I Upang Makapaglikom ng Datos ............ | 160 |
| F | Balangkas ng Aytem Analisis .................. | 161 |
| G | Talaan ng Espesipikasyon .................. | 163 |
| H | Pagsubok na Sarbey .................. | 165 |
| I | Talatanungan Para sa Pagkabalido ng Kagamitang Pampagtutruo .................. | 178 |

**KURIKULUM BITA** .................................. 181

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN ........................ 186

TALAAN NG MGA MAPA AT PIGURA ........................ 188

# Kabanata 1

# ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

## Panimula

Sa panahong ito ng pagbabago, nakakamit ng tao ang pinakamataas na antas ng pagpapahalagang pansarili at ang kahalagahan nito sa lipunang kanyang kinagagalawan. Malaki ang nagagawang papel ng pagbasa sa pagpakahulugan ng pagpapahalagang ito (Laylo, 1993: 210). Sa pamamagitan ng pag-aaral at pagkakaroon ng kakayahan sa pagbasa ay nabigyan din ng pagkakataon ang tao na makakuha ng mga bagong impormasyon at dagdag na kaalaman sa agham at teknolohiya na makakatulong sa pag-unlad ng kanyang buhay at pagkatao (Villamin, 1987: 28).

Ganito rin ang tunguhin ng malapit na pansarili sa mga pagbabagong ipinakilala sa pagtuturo na naipapakita sa pamamagitan ng mga bagong patakaran, tuntunin at mga regulasyon na ipinalalabas ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Isa na rito ay ang pagbibigay-pansin sa pansariling kakayahan ng mag-aaral kaysa kakayahan ng grupo. Sa pamamagitan ng patuloy na pag-unlad ay binibigyan ng pagkakataon na makamit ng mag-aaral ang kanyang lubos na potensiyal at ang kanyang pagsulong ayon sa kanyang pansariling kakayahan (Flores, 1982: 1-2).

Dito pumapasok ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga bago, iba-iba at maramihang pag-aantas na mga kagamitang pampagtuturo. Sa pamamagitan ng mga makabagong kagamitang pampagtuturong ito ay inaasahang makakatulong ang mga ito sa

pagkamit ng pangangailangan ng mga mag-aaral na umunlad sa pamamagitan ng kanilang sariling kakayahan (Gates, 1980: 117).

Malaki ang magagawa nang mahusay na mga kagamitang pampagtuturo para sa isang mag-aaral lalo na sa asignaturang pagbasa sa wikang Filipino. Makapagbibigay ito sa kanya ng kawilihan at makakatulong sa pagpapaangat ng kanyang kakayahan sa pag-unawa. Ayon sa mga eksperto sa pagbasa, napakahalaga ang mga kagamitang pampagtuturo na nagsasalamin sa mga hangarin ng lipunan (Belisaro, 1993: 108). Lalong mahalaga kung ito ay makalilinang ng kakayahan ng mag-aaral at makapagpapahusay sa kakayahan niyang umunawa sa binabasa.

Karamihan sa mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang pagbasa sa wikang Filipino ng mga pampublikong paaralan ay hindi tumutugon sa pangangailangang malinang nang mabuti ang pang-unawa ng mga mag-aaral. Malaki ang kakulangan lalo na kapag itinuturo ang asignaturang pagbasa sa wikang Filipino sa mga mag-aaral ng mga pampublikong paaralan sa mga rehiyon o lugar na hindi taal na Tagalog o wikang Filipino ang unang wika ng mga mag-aaral (Laylo, 1993, 211). Dito ngayon pumapasok ang suliranin ng mga guro sa pagbasa sa wikang Filipino kung paano nila epektibong maituturo ang asignatura sa mga mag-aaral na di-katutubong tagapagsalita ng wikang Filipino.

Gaya ng iba pang pampublikong paaralan na sakop ng Sangay ng Samar, hindi naiiba ang nararanasang kakulangan at kahinaan ng mga kagamitang pampagtuturo sa wikang Filipino ng mga guro at mag-aaral sa Distrito ng Catbalogan I. Kung mayroon

man hindi ito epektibong nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral.

Nais ng mananaliksik na makatulong at makatugon sa pangangailangang ito na makagawa nang mahusay na mga kagamitang pampagtuturo na magagamit ng mga guro sa pagtuturo sa asignaturang pagbasa sa wikang Filipino sa Distrito ng Catbalogan I. Sa pagtitiyak, binigyang halaga ng mananaliksik ang layuning mapataas ang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang mula sa tatlong paaralang sakop ng Distrito ng Catbalogan I.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito, ang makagawa ng mga kagamitang pampagtuturo para sa pagpapaangat ng antas ng pang-unawa sa pagbasa sa Filipino para sa ikaanim na baitang. Tinangka rin ng mananaliksik na matiyak nang lubusan sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ang sagot ng mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-anong mga kasanayan sa pang-unawa sa pagbasa ang tinatayang mahirap para sa ikaanim na baitang batay sa isang pagsubok na pagbasa ayon sa mga sumusunod:

   1.1 pagpansin sa detalye;

   1.2 pagsunud-sunod sa mga pangyayari;

   1.3 paghinuha;

   1.4 pagkuha ng paksang-diwa; at

   1.5 pagwawakas?

2. Mayroon bang mahalagang kaugnayan ang kahirapan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito at ang mga sumusunod na mga baryets:

2.1 kasarian;

2.2 gulang; at

2.3 kahusayan sa wikang Filipino?

3. Gaano katumpak ang mga kagamitang pampagtuturo batay sa persepsyon ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, mga guro sa ikaanim na baitang at dalubhasa ayon sa mga sumusunod:

3.1 katumpakan sa nilalaman;

3.2 katumpakan sa kaanyuan; at

3.3 katumpakan sa kayarian?

4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang persepsyon ng tatlong grupo ng mga tagasagot ayon sa pagkabalido ng kagamitang pampagtuturo?

5. Gaano katumpak ang mga kagamitang pampagtuturo ayon sa pormula ng kabisaan ng pagbasa ni Flesch ayon sa:

5.1 Human Interest Score (HIS); at

5.2 Reading Ease Score (RES)?

**Mga Ipotesis**

Mula sa mga naturang tiyak na mga katanungan, ang sumusunod na mga ipotesis ay tinaya at pinatunayan:

1. Walang mahalagang kaugnayan ang kahirapan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito at ang mga sumusunod na mga baryets:

1.1 kasarian;

1.2 gulang; at

1.3 kahusayan sa wikang Filipino.

2. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng persepsyon ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, mga guro ng mga ito at mga dalubhasa sa wikang Filipino sa pagkabalido ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa mga sumusunod:

2.1 katumpakan sa nilalaman;

2.2 katumpakan sa kaanyuan; at

2.3 katumpakan sa kayarian.

**Batayang Teyoretikal**

Ang mga dalubhasa sa pagtuturo ay nagkakaisa sa paniniwala na ang isang bata ay ang sentro ng prosesong pagtuturo at pagkatuto. Ang pangunahing nakakatamo sa mga programang pang-edukasyon ay ang isang mag-aaral. Ang mga bagay na nakaaapekto sa pag-aaral ay hinati sa tatlong bahagi – ang mga guro, ang kurikulum at ang paaralan kasama rin ang mga kagamitang pampagtuturo nito.

Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa pananaw ni Bloom (1986: 133-135) na nagsasaad na ang pagkatuto ay ang kinalabasan ng isang pagtuturo. Ito ay isang pagbabago na natatamo sa ugali tungo sa pag-unlad ng mga katangian ng isang indibiduwal upang sa gayon siya ay maging isang tunay na matagumpay na tao at maging kapaki-pakinabang sa bayan. Ang pagkatuto, ayon kay Lauton (1983: 150) ay dapat alalayan sa pamamagitan ng maraming bagay, kalakip dito ang mga kagamitang pampagtuturo.

Dagdag na opinyon ng mga behaviorists tungkol sa pagkatuto at pagbabasa ay nagsasaad na sa kadalasan ang daloy ng mga pangyayari ay nasusunod: ang udyok na

pampasigla, ang sagot at ang katuwang na pantulong. Sa pamamagitan nito, ang natatamong kaalaman ay lalong nagiging matatag.

Sa paniniwala ng mga behaviorists, ang ganap na asal ay hindi hihigit sa resulta ng naturang pamamaraan ng udyok na pampasigla – sagot – katuwang na dagdag pantulong. Kung gagamitin sa pagbabasa, ang pinakamaliit at simpleng asal ay unang naisasalin sa pamamagitan ng unti-unting paghubog hanggang sa maging isang ganap na pag-uugali ito.

Sang-ayon kay Bernard (1984: 125) ang dunong ay isang uri ng paghuhubog ng isang ugali o asal na nakikita ayon sa sumusunod na mga pamamaraan: pagsanay ng kakayahan, pagtamo ng pag-uugali, pagsasaulo, pagbabago ng pang-unawa, pagbabawas ng mga palatandaan, pagpapaangat ng pananaw, pagbabawas ng mga mali, pag-iiba ng mga sagot, pagbago ng mga asal at mga huwaran, kasama na rin ang pagbibigay ng mga solusyon sa mga suliranin.

Sa punto naman ni Heilman (1987: 5), ang kakayahang makabasa at mga talino ay nalilinang at napapalakas sa bawat antas ng baitang sa ganang pahalang at pababa. Ang pagkahanda sa pagbasa ay dulot ng mga karanasang tunay at aktuwal. Ang pangganyak ay kumikilos lamang sa pandama at sa bahaging personal ng isang bata.

Sina Bond at Tinker (1988: 19) ay nagkakaisa sa pananaw na ang pagpapaangat ng antas ng kakayahan ng mga bata lalung-lalo na sa pagbasa ay nakasalalay sa malaking halaga sa paglinang ng mga mabisang kagamitang pampagtuturo na sumasagot sa kanilang mga pangangailangan at kapakanan.

Sang-ayon naman kay Lee at Allen (1988: 279), ang bawat bata ay dapat magkaroon ng daan sa magkakaibang uri ng mga kagamitan para sa mahihirap at madadaling paksain na naaangkop sa kanya. Sinabi rin nila na upang maiangat ang kakayahan ng mga bata ay dapat bigyan sila ng kaukulang kalayaan sa pagpaunlad at paglinang ng kani-kanilang kakayahan.


Sa pangwakas, sinabi rin ni Cunningham (1983: 21) at Long (1983: 225) na kung ang mga mag-aaral ay patuloy na nagiging matagumpay sa pang-unawa sa anumang bagay, mangyaring sila ay magkamit ng kaayaayang kakayahan.

**Batayang Konseptuwal**

Ang iskemang ginamit para sa batayang konseptuwal sa pag-aaral na ito ay inilalahad sa Pigura 1. Ipinapakita sa ibabang kahon ang kapaligiran kung saan ginanap ang pananaliksik na ito – ang Distrito ng Catbalogan I na sumasakop sa tatlong Mababang Paaralan ng Salug, San Andres at Catbalogan I Sentral.

Tatlong uri ng tagasagot ang kasangkot dito na nagbigay ng kani-kanilang persepsyon ayon sa katumpakan ng mga nalinang na kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman, kaanyuan at kayarian. Ang tatlong kasangkot na tagasagot ay ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, mga guro sa asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang, at ang mga dalubhasa sa wikang Filipino. Sinuri ang persepsyon ng bawat grupo ng tagasagot at inihambing sa bawat isa upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ang mga ito sa isa't isa.

Upang lubos na matiyak ang katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo, ito ay isinailalim sa balidasyon sa pamamagitan ng pormula ng kabisaan ni Flesch. Ito ay




**Pigura 1.** Ang Batayang Konseptuwal ng Pag-aaral.

ginawa upang mapatibay ang mga kagamitang pampagtuturo para sa pagbasa sa wikang Filipino para sa ikaanim na baitang na magiging katulong sa epektibong pagtuturo sa asignaturang Filipino sa Distrito ng Catbalogan I. Ang layunin dito ng pag-aaral na ito ay matatamo – ang mapaangat ang pang-unawa sa pagbasa sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Tinalakay sa pag-aaral na ito ang pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pag-angat ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ito ay magiging kapaki-pakinabang sa mga sumusunod:

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang na gagamit ng mga kagamitang pampagtuturo para sa ikalilinang ng kanilang pagbasa na may pang-unawa sa tulong ng unti-unting pagbibigay ng mga pagsasanay mula sa mga angkop na babasahin.

Makakatulong sa mga guro ang magkaroon ng kaalaman sa pagpili ng angkop na mga kagamitang pampagtuturo (KP) na makapagpapataas sa pang-unawa ng mga mag-aaral ng pagbasa sa wikang Filipino. Maliban dito, hindi na mahihirapan ang mga guro sa paghahanap ng ganitong uri ng KP at maaari rin itong maging huwaran o prototype model sa paggawa ng iba pang KP.

Sa mga administrador at tagamasid, ang pag-aaral na ito ay makakatulong sa pagpapaangat ng antas ng tagumpay ng paaralan na siyang pinakamimithing hangarin nito. Maaari ring maging batayan ang KP na ito sa pagpili ng iba pang kagamitang pampagtuturo o karagdagang babasahin para sa mga mag-aaral sa kanilang paaralan.


Para sa mga tagagawa ng kurikulum, ang mga makikita sa pag-aaral na ito ay magiging batayan sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na mag-aangat sa antas ng pang-unawa sa higit na malawak na sukatan.

Para sa mga susunod na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay maaaring magbigay sa kanila ng mga ideya kung papaano gumawa ng mga kagamitang pampagtuturo na nalinang sa pamamaraang makaagham.


**Lawak at Delimitasyon ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na lilinang at magpapataas sa antas ng pang-unawa sa pagbasa sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Para sa sarbey na pagsubok, 268 na mag-aaral sa ikaanim na baitang sa tatlong kompletong mababang paaralang sakop ng Distrito ng Catbalogan I – ang Mababang Paaralang Sentral, ang Mababang Paaralan ng Salug at ang Mababang Paaralan ng San Andres – ay binigyan ng pagbasa na may pang-unawa. Para sa balidasyon ng mga kagamitang pampagtuturo, ang kasangkot dito ay 217 sa nabanggit na mga mag-aaral, anim na gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang sa Distrito ng Catbalogan I at walong dalubhasa na binubuo ng mga gurong medyor sa wikang Filipino sa kani-kanilang kursong masteral. Sa pagkuha ng mga datos, ginamit ng mananaliksik ang pagsubok na sarbey at talatanungan na pawang gawa niya at ginamitan ng pormula sa kabisaan ng binasa ni Flesch (Lacambra, 1985: 29).

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa taong-panuruan 1999-2000.




**Pigura 2. Ang Mapa ng Samar**




Pigura 3. Ang Mapa ng Purok ng Catbalogan I na nagpapakita ng tatlong mababang paaralan na kasangkot sa pag-aaral na ito.

**Katuturan ng mga Talakay**

Sa bahaging ito ay lilinawin ng mananaliksik ang mga kahulugan ng ilang mga salitang ginamit sa pag-aaral upang maunawaang mabuti ang ibig ipakahulugan ng mga ito ayon sa pagkagamit ng mga ito sa pag-aaral na ito. Ilan sa mga salitang ito ay ang mga sumusunod:

**KP**. Ayon sa pag-aaral na ito, ang KP ay ang daglat ng salitang kagamitang pampagtuturo.

**Kagamitang pampagtuturo**. Ayon kay Good (1973: 217), ito ay sumasakop ng iba't ibang kasangkapan, kagamitan at iba pang nakakatulong sa pagiging epektibo ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ayon naman sa pag-aaral na ito, ito ay ang mga ginawang kagamitang pampagtuturong binubuo ng isang kuwento, sanaysay o tula kalakip ang mga katanungang naglalayong magpaangat ng antas ng pang-unawa ng mga bata sa ikaanim na baitang.

**Kasanayan sa pagbasa**. Ito ay ang kabuuan ng mga elemento na nasa isang uri ng kagamitang natatasa kung hanggang saan nakapagbabasa ng madali ang isang grupo ng mambabasa at sa kaayaayang bilis ay naiintindihan nila ito at sila man ay nawiwili (Sutaria, 1992: 97-98). Ayon naman sa pag-aaral na ito, ito ay ang kakayahang natatamo ng mag-aaral sa ikaanim na baitang sa pamamagitan ng pagsasanay at kaalaman sa pagbabasa.

**Kasanayan sa pang-unawa**. Ito ay ang mga kakayahan sa pagbasa na may halong pang-unawa sa mga detalye, pagsasaad ng tamang ideya, pagbabalik-tanaw sa pagkasunud-sunod, pagsasaad sa patutunguhan, paglalapat ng pangwakas na konklusyon,

at ang pagsasaad ng relasyong sanhi at bunga (Villamin, 1987: 35). Sa pag-aaral na ito, ito ay nangangahulugan sa mga kakayahan na natamo ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang na maipakahulugan ang binabasa. Pumapaloob dito ang pang-unawa sa binabasa mula sa detalye, paksang-diwa, paghihinuha, pagsaklaw, pagsunud-sunod sa pangyayari at pagwawakas.

**Katumpakan.** Ito ay ang pagpapatunay ng kawastuhan ng kagamitang pampagtuturo (Gates, 1980: 6). Sa pag-aaral na ito, ito ay pumapaloob sa katumpakan ng nilalaman, kaanyuan at kayarian ng mga kagamitang pampagtuturo.

**Katumpakan sa kaanyuan.** Ito ay ang pagpapatunay ng kawastuhan ng mga salita at palaugnayan ng mga ito sa paghahatid ng kahulugan (Villamin, 1987: 196).

**Katumpakan sa kayarian.** Ito ay ang pagpapatunay sa isang kaisipan o konsepto na nabuo mula sa sintesis ng mga natutunang katotohanan o aral (Villamin, 1987: 197).

**Katumpakan sa nilalaman.** Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso sa pagpapatunay ng kawastuhan ng mga katotohanang iniharap sa binabasang teksto (Villamin, 1987: 198).

**Mapanghahawakan.** Ito ay ang korelasyon sa nakamtang gawain ng mga tagapagsulit na binilangan ng odd at even sa pamamgitan ng paggamit ng pamamaraang split-half (Slaktes, 1989: 54).

**Pagkasunud-sunod ng mga pangyayari.** Ito ay ang kakayahang mapag-isa-isa o mapag-ugnay-ugnay ang isang serye ng mga pangyayari sa binabasa (Villamin, 1987: 201).

**Pagkuha ng paksang-diwa.** Ito ay ang kakayahang malaman ang pinakamahalagang ideya o sangkap ng binasa (Silverio, 1980: 386). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang na matukoy ang pinakamahalagang ideya ng seleksyong binasa.

**Paghinuha.** Ang salitang ito ay nangangahulugan sa kilos o proseso ng pagpasiya sa pamamagitan ng pagpapalagay, pagpasaklaw ng hinuha, o pagwawakas mula sa mga nakalap na mga katotohanan (Belisario, 1993: 110). Ayon sa pagkakagamit sa pag-aaral na ito, ang paghinuha ay sumasaklaw sa pagpapasiya o pagpapalagay ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ukol sa mga nabasang seleksyon.

**Pagpansin sa mga detalye.** Ang salitang ito ay tumatalakay sa antas ng katumpakan ng isang pagsusulit upang matiyak ang isang bagay na pinag-aaralan (Sutaria, 1992: 108). Sa pag-aaral na ito, ito ay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang na maunawaan ang mga detalye ng mga pangyayari mula sa loob ng kuwento, sanaysay, tula, artikulo at iba pang uri ng babasahin na kanyang binasa.

**Pagpapatibay/balidasyon.** Ito ay ang kakayahang maintindihan o maunawaan ang detalye ng mga pangyayari sa nabasang kuwento, sanaysay, tula o seleksyon (Silverio, 1980: 386). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumutukoy sa digri ng panukat ng pagsusulit sa aktuwal na mga suliranin ng pagbasa sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang at ang digri ng pagkilala ng pagsubok sa mahuhusay at mahihina sa pagsagot.

**Pagpapaunlad.** Ayon kay Flexner (1983: 543), ito ay ang mga gawain o mga prosesong naglalayon sa pag-angat ng antas ng kaalaman ng isang bata. Sa pag-aaral na

ito, ito ay ang proseso ng pagsulong ng mag-aaral sa ikaanim na baitang sa aspetong pangkaisipan, pandamdamin at maging sa kilos at pangkatawan.

Pagtasa. Ayon kay Silverio (1980: 381), ito ay ang pagtatantiya ng karapatdapat na halaga o laki ng isang bagay. Ayon naman sa pag-aaral na ito, ito ay tumutukoy sa pagpapahalaga ng mga kagamitang pampagtuturo sa pagbasa sa wikang Filipino para sa mga mga-aaral sa ikaanim na baitang. Sa paraang ito, sinubukan ng mananaliksik ang mga KP. Matapos masubukan ang mga ito, siya ay nagbigay ng talatanungan sa mga napiling tagasagot at tinantiya ang bisa ng mga KP sa pamamagitan ng mga sagot nila.

Pagtaya. Ito ay ang pagtantiya sa bisa ng isang bagay (Silverio, 1980: 383). Sa pag-aaral na ito, ito ay ang pagtantiya sa kawastuhan at bisa ng mga nilinang na mga kagamitang pampagtuturo para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

Pang-unawa. Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa pagkuha ng kahulugan o inihayag na mga katotohanan o natatanging palatandaan sa buhay.

Pang-unawa sa pagbasa. Ito ay ang pagpapakahulugan sa mga materyales na binabasa. Nasasangkot dito ang isang masalimuot na proseso ng mga kasanayang magkakaugnay, magkakasama at ang kakayahang maunawaan at matugunan ang iba't ibang senyales o pananda sa wika (Villamin, 1987: 210).

Pagwawakas. Ito ay nangangahulugan sa kakayahan na makapagpahayag ng sariling pagpasiya, opinyon o kalutasan mula sa mga inilahad na katotohanan (Villamin, 1987: 205).

**Pormula sa kabisaan ng binabasa.** Ayon sa pag-aaral na ito, ito ay tumutukoy sa pamamaraan o mga tuntuning ginamit upang maabot ang antas ng kalidad sa pang-unawa ng binabasa sa pamamagitan ng pormula ni Flesch (Lacambra, 1985: 29).

## Kabanata 2

## MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Tinatalakay ng kabanatang ito ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral sa pagbasa sa wikang Filipino. Inilalahad dito ang mga naisagawang pag-aaral sa larangan ng pagbasa ayon sa dalawang bahagi: a) mga kaugnay na literatura; at b) mga kaugnay na pag-aaral.

### Mga Kaugnay na Literatura

Marami ring mga pag-aaral ang naisagawa sa larangan ng pagbasa at ang nagagawa nito sa buhay ng tao. Isa na rito ay ang sinabi nina Mazurkiewics (1980: 302) na nagpapaliwanag sa kabutihang makukuha sa pamamagitan ng pagbasa gaya ng pagkakaroon ng dagdag na kaalaman, mga ideya, mga mithiin at mga pangyayari sa nakaraan at kasalukuyan. Sa pamamagitan ng pagbasa, mararanasan ng bumabasa ang pagbabago ng kanyang kapaligiran mula sa tahanan, sa komunidad patungo sa ibang daigdig. Ganito rin ang tinutukoy ni Raymond (1983: 265) nang sabihin niya na sa buhay ay dalawa ang nagagawang layunin ng pagbasa: una, nagiging daan ito upang magkaroon ng mabilis at maramihang impormasyon; at pangalawa, upang matuwa at maligayahan o masiyahan ang isang tao sa pamamagitan ng pagbasa.

Malaki nga ang nagagawang kabutihan ng kawilihan sa pagbasa sa isang tao. Kaya, napakahalagang malaman ng isang guro sa pagbasa ang mga paraan upang maituro niya nang mabisa ang pagbasa at malaman niya kung anong paraan ang gagamitin niya sa

bawat sitwasyon. Subali't ayon kay Witty (1978: 161), ang pagtuturo ng pagbasa sa mga bata ay isa sa mga mahahalagang responsibilidad ng guro sa mababang paaralan. Mahalagang malinang sa isang bata ang kakayahan sa pagbasa upang maging handa siya hindi lamang sa pag-aaral kundi pati na rin sa kanyang paglaki at sa gagampanang papel niya sa buhay bilang mamamayan. Sinusugan din ito ni Dechant (1980: 122) nang sabihin niyang ang pagtuturo ng pagbasa sa mababang paaralan ay kailangang bigyang-diin sa paglinang ng kakailanganing kakayahan at kasanayan ng mag-aaral sa bawat antas ng pag-unlad sa pagbasa.

Lubhang napakahalaga ng papel na ginagampanan ng isang guro sa pagbasa na siyang nagiging gabay ng isang bata sa kanyang paglaki. Ganito rin ang paniwala ni Greene (1982: 116) nang ihayag niya na ang pagbasa ay isang matagumpay na gawain na maaaring makapagbago sa isang tao, mapailalalim ang kanyang pang-unawa at pagiging matatag sa karanasan niya at makapukaw sa kanyang intelektuwal at emosyunal na pag-unlad, mabago ang kanyang pag-uugali at sa pamamagitan ng mga paraang ito ay malinang ang isang makulay at matatag na personalidad.

Sa pagbasa, mahalagang nauunawaan ng mag-aaral ang kanyang binasa. Kung walang pang-unawa ay mawawalan ng saysay ang pagnanais ng guro na maibahagi ang mga kaalaman na kakailanganin ng mag-aaral. Ayon kay Dechant (1980: 152), ang pag-aaral sa pagbasa ay malakas na naiimpluwensiyahan ng kakayahan sa pang-unawa. Upang maunawaaan ang binasa, mahalaga na ang mag-aaral ay may kaalaman sa kahulugan ng salita. Ayon pa rin sa kanya, ang kasanayan sa bokabularyo ay nakatutulong sa mag-aaral na mag-isip habang nagbabasa, makuha ang kahulugan,

maramdaman ang kahulugan at nang mabigyan ito ng sarili niyang pagpapakahulugan. Ang lahat ng mga salita ay nagiging mahalaga lamang kapag ang mga simbolo ay nabibigyan ng tamang pagpapakahulugan. Naniniwala si Dechant na ang bata na may kasanayan sa bokabularyo ay mahusay sa pang-unawa sa pangkalahatan.

Ang malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa pang-unawa sa pagbasa ay isang mahalagang responsibilidad ng isang guro. Ayon kay Deterline (1982: 140), nasa bawat guro ang responsibilidad na tanggapin ang mag-aaral kung hanggang saan ang kakayahan nito at tulungan ito sa kanyang mga pangangailangan sa bawat antas ng pag-aaral. Binibigyang-halaga pa rin ni Chambliss (1981: 201) na nakaatang sa balikat ng ating mga guro ang sanayin ang mag-aaral kung paano bumasa, pataasin ang antas ng kanyang kakayahan nang ayon sa kawili-wili, mabisa at mahusay na paraan sa pagbabasa niya para matuto. Ayon pa rin sa kanya:

> "Ang bawat bata ay may sariling kakayahan at sariling paraan ng pag-unlad. Bilang pagbibigay-halaga rito, ang kakayahang ito ay kailangang malinang sa pamamagitan ng pagbubuo at pagpapalawak ng mga programa at mga gawain na makatutulong upang matugunan ang pangangailangang ito."

Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng guro upang malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa pang-unawa ng kanyang binasa. Sinabi ni Mazurkiewics (1980: 124) na ang pang-unawa ay kailangang malinang na mabuti upang magkaroon ng reaksyon at asimilasyon ng mga ideya sa pagbasa. Ayon sa kanya, ang sumusunod na mga puntos ay kailangang bigyang-pansin: 1) Ang mag-aaral ay dapat magkaroon ng karanasan sa paggamit at kasanayan sa pang-unawa ng tekstong binabasa sa bawat antas ng kanyang pag-aaral; 2) Dahilan sa marami ang uri ng kasanayan sa pang-unawa, ang mag-aaral ay

kailangang maturuan kung paano magsagawa ng sariling kadahilanan sa pagbasa at kung paano magbabasa ayon sa pangangailangang ito; at 3) Ang pagsasagawa ng mahusay na mga katanungan na nangangailangan ng kasagutang makapag-isip at makapagsuri ay matibay na hakbang upang makamit ang mainam na antas ng pang-unawa ng mag-aaral.

Kinakailangang isaisip at isapuso ng guro ang ganitong mga layunin upang maging makabuluhan ang pagtuturo ng pagbasa. Ang guro, higit sa lahat, ang may pinakamahalagang papel sa pagkatuto at pagkalinang ng kasanayang ito sa mga mag-aaral. Ang guro ang pastol at patnubay sa proseso ng pagkatutong ito sa paglinang ng kakayahan at mga kasanayan ng mag-aaral.

Subali't ang guro ay makakikilos lamang ayon sa mga kagamitang pampagtuturong nasa kanyang mga kamay. Kung walang kagamitang pampagtuturo o ang mga ito ay hindi makatutulong sa paglinang ng mga kakayahang nabanggit, wala ring gaanong magagawa ang guro. Sa gayon, kasama ng kahusayan ng guro sa pagtuturo ng pagbasa ay ang kabisaan at kahusayan ng mga kagamitang pampagtuturo ay dapat na magkatuwang sa paglinang ng mga kasanayang kailangan ng isang mag-aaral. Ang paggawa o pagdebelop ng mga kagamitang pampagtuturong makatutulong sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral upang mapataas ang antas ng pang-unawa sa pagbasa, lalo na sa wikang Filipino ay isang napakahalagang tulong sa guro ng mababang paaralan.

Ito ay sinang-ayunan ni Asher (1981: 11) nang sabihin niyang ang mga bata ay humuhusay lang kung ang mga kagamitang kanilang binabasa ay lubos na angkop at kawili-wili ayon sa kanilang antas. Kung kaya't kinakailangang maging maingat ang

isang guro sa pamimili nito. Dagdag pa ni Stevenson (1983: 10-12) na sa pamimili ng mga angkop na kagamitan, dapat bigyang pansin ng guro ang mga panimulang antas – ibig sabihi'y kinakailangan niyang pagsikapang bumuo ng mga babasahing simple.

Ito ay nilinaw ni Dickinson (1984: 43) nang sabihin niyang sa paghahanap ng mga angkop na babasahin at mga kagamitang pampagtuturo, dapat ay hindi ito hihigit sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa isang bagay.

Sang-ayon naman kay McCullough, et. al., (1983: 85), ang pamamaraang pagtulong sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagkuha sa angkop na antas ng kanilang pang-unawa sa pagbabasa ay isang karapat-dapat na alituntunin. Ito ay dapat umpisahan sa antas na kanyang kinalalagyan sa kasalukuyan, upang maging madali para sa isang guro ang gumawa ng kagamitang pampagtuturo, si Lyons (1984: 39) ay nagmungkahi ng mga sumusunod: 1) Isaisip ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at itugma sa layunin ng kurso; 2) Tingnan ang mga kagamitang kagaya ng mga aklat-aralin at pag-isipan kung papaano sila nakatutugon sa nakitang pangangailangan ng mga mag-aaral at sa layunin ng mga aralin; 3) Tingnan ang gap; at 4) Kung may isang bagay na lumabas na isang pangangailangan, dapat bigyan ito nang lubos na pansin upang matulungan at malinang.

Sapagkat ang daloy ng paraan sa pang-unawa ayon kay Crafton (1983: 293-297) ay nangyayari bago, habang at pagkatapos magbasa, ang pang-unawa bago magbasa ay nangyayari nang wala pang sinulat na babasahin. Habang nagbabasa ng mga sinulat na babasahin, ang mag-aaral ay nakauunawa at pagkatapos ng pagbasa ang pang-unawa ay naiaangat sa pamamagitan ng mga pagtatanong ng guro tungkol sa kanyang nabasa.

**Mga Kaugnay na Pag-aaral**

Ang mga sumusunod na mga kaugnay na pag-aaral ay nakatutulong sa mananaliksik sa kanyang paghubog sa kasalukuyang pag-aaral.

Mula sa pag-aaral na isinagawa ni Garcia (1994) tungkol sa "Bisa ng Modyul sa Pagpapayaman sa Pag-unawa ng Pagbasa ng Maikling Katha," ay napatunayan niyang ang nilinang na modyul ay angkop at kawili-wili. Ito ay napatunayan din batay sa halaga ng RES na nagpapakita na ang modyul ay mabisa, angkop sa kakayahan at karanasan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ganon din ang kinalabasan sa tinuos na HIS ay nagpapahayag sa pagkawili ng mga mag-aaral sa pagbasa at nagpapahiwatig din ito na ang inihandang kagamitang pampagtuturo ay talagang nagtataglay ng pangganyak na nagkaroon ng kawilihan at interes ang mga mag-aaral na magpatuloy sa paggamit ng modyul.

Dahil dito, nabuo niya ang mga sumusunod na konklusyon: 1) Ang modyul ay nagtataglay ng bisa sa pag-unawang pagbasa lalung-lalo na kung ito ay isang maikling katha, sa dahilang ito ay nasa kawilihan ng mag-aaral; 2) Ang mga mag-aaral ay nagaganyak nang mabuti kung sila ay nagkakaroon ng panibagong tuklas na isang pag-aaral o kaya'y nasa pagsusubaybay o eksperimento; at 3) Sa panig ng guro, nagiging sistematiko rin ang kanyang pagtuturo kung mayroon siyang kagamitang pampagtuturo at nalilinang din ang kanyang kasanayan tungo sa kahusayan sa pagtuturo.

At ayon sa mga nabuong konklusyon, ang mananaliksik ay nagbigay ng mga tagubilin: 1) Kailangan ang lubusang kasanayan sa pagbubuo ng mga modyul hindi lamang sa maikling katha kundi maging sa iba pang uri ng panitikan; 2) Magsagawa ng

iba pang eksperimento na kagaya nito. Maaaring iba lang ang bigyang tuon o pokus ng mananaliksik; 3) Dapat magkaroon nang sapat na kabatiran ang isang mananaliksik sa pang-unawa ng kanyang mga mag-aaral bago magsagawa ng anumang hakbangin; 4) Kailangan ang lubusang suporta ng mga administrador ng paaralan sa mga nagsasagawa ng ganitong pananaliksik; at 5) Magkaroon nang malawak na desiminasyon tungkol sa mga kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang naturang pag-aaral ni Garcia at ang kasalukuyang pag-aaral ay magkatulad sa dahilang ang dalawang pag-aaral ay tumutukoy sa mga kagamitang pampagtuturo sa pag-angat at pagpapayaman ng pang-unawa. Subali't sila ay nagkakaiba sa layon ng pag-aaral. Ang una ay tungkol sa pagbasa sa maikling katha at ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa pangkalahatang pagbabasa sa Filipino. Tinantiya ni Garcia ang bisa ng ginawang modyul, samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong makagawa ng mga KP at ang proseso sa balidasyon ng nagawang KP.

Sang-ayon naman kay Rebosura (1990) sa kanyang pag-aaral tungkol sa "Kahusayan sa Pagbasa sa Filipino sa mga Paaralang Clientele ng Proyektong URS," dito napatunayan ang bisa ng proyektong URS na ginamit sa mga paaralang clientele ng Samar. Dahil ipinakikita na mas mataas ang panggitnang iskor sa mga paaralang ito o ang mga klaseng eksperimental at klaseng kontrol sa sampung paaralang clientele ng proyektong URS, napag-alaman na ang klaseng eksperimental at kontrol ay kumpleto sa gamit na pawang mga produktong URS, tulad ng mga aklat, linangang kit at kagamitang panturong guro, di tulad ng ibang clientele na hindi kumpleto sa gamit o kulang sa kagamitang pampagtuturo.

Dagdag pa niya, higit na napatunayan ang bisa ng produktong URS sa paghahambing ng mga klaseng eksperimental at klaseng kontrol ng Calbiga, mga klaseng pilot at klaseng kontrol ng Mercedes, malaki ang kaibhan ng panggitnang iskor at antas ng kahusayan lalo na sa una at ikalawang baitang. Kaya lang may pagkakataon na sa ikatlong baitang naging mababa ang klaseng eksperimental kaysa sa klaseng kontrol dala ng pagkakasakit ng guro at ito ay may panhaliling guro na hindi gaanong nagkaroon ng pagsasanay sa mga paraan ng pagtuturo at sapat na mga gamit ng mga produktong URS. Dahil dito ang mga nagiging sanhi nang madalas na pagliban sa klase ng mga mag-aaral ay maaaring ang madalas na pagkakasakit ng mga ito at ang kawalan ng interes sa klase dahil sa uri ng pagtuturo ng mga gurong panghalili.

Batay sa mga naturang konklusyon, iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod: 1) Sa mga namamahala ng DECSRO 8, na magkaroon muli ng pagsasanay sa mga gurong elementarya lalo na sa mga guro sa una at ikalawang baitang sa pamamaraang pagdulog PVOSBM o gamit ng mga produktong URS; 2) Isali sa pagsasanay ang mga administrador ng mga paaralan mula sa superbisor, punungguro, ulong guro o pansamantalang namamahala ng paaralan; 3) Isama sa pagsasanay ang mga bagong aplikanteng guro o prospektibong guro sa elementarya; 4) Mahigpit na ipagamit at sundin ng mga guro ang pamamaraang pagdulog PVOSBM lalo na sa una at ikalawang baitang at sa panlunas na pagtuturo; 5) Mahigpit na ipasunod sa mga administrador ng mga paaralan ang pagsubaybay at pamamatnubay sa wastong implementasyon ng mga guro sa pamamaraang pagdulog PVOSBM; 6) Ang mga guro sa una at ikalawang baitang na ayaw sumunod sa kautusang implementasyon ng

pamamaraang pagdulog PVOSBM ay kailangang ilipat sa ibang baitang; at 7) Iminumungkahi na sana magkaroon ng panunod na pananaliksik tungkol sa bisa ng proyektong URS sa mataas na baitang.

Ang pag-aaral ni Rebosura at ang kasalukuyang pag-aaral ay magkatulad kung ang pagbabatayan ay ang pokus ng pag-aaral – ang pagbasa sa Filipino. Subali't kung ang pagbabatayan ay ang saklaw, sila ay magkaiba. Ang una ay tungkol sa kahusayan sa pagbasa sa wikang Filipino na sumasaklaw sa mga paaralang clientele ng proyektong URS sa ikatlong baitang samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa mga kagamitang pampagtuturo sa pagbasa ng wikang Filipino na sumasaklaw sa ikaanim na baitang.

Ang isa pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral ay yaong isinagawa ni Quitorio (1996) tungkol sa "Effects of Textbook-Based Phoneme-Focused Instructional Materials of Grade VI Pupils". Sang-ayon sa kanyang mga natuklasan, ang mga sumusunod na konklusyon ay kanyang nagawa: 1 Ang tatlumpung aralin sa textbook-based phoneme-focused na mga kagamitang pampagtuturo ay mabisang gamit para sa pagpapaunlad ng mga kakayahan sa pagbibigkas at malinaw na pagsasalita ng Ingles; 2) Ang mga kagamitang pampagtuturo ay napatunayang nasasakop sa malakasang pagbabasa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang; 3) Lahat ng aralin sa mga kagamitang pampagtuturo na textbook-based phenome-focused ay kawili-wili at katanggap-tanggap batay sa aspetong pisikal, pagtuturo sa mag-aaral, mga gawaing pampalawak sa kaalaman at mga kagamitang pantasa; at 4) Ang salitang Ingles na

ginagamit ng mga mag-aaral ay walang kaugnayan sa kanilang saloobin tungkol sa asignaturang Ingles at sa mga nakamit nilang iskor sa Ingles.

At dahil dito sa mga naturang konklusyon, ang mananaliksik ay nagpahayag ng mga sumusunod na mga tagubilin: 1) Ang mga guro sa ikaanim na baitang ay maaaring gumamit ng mga kagamitang pampagtuturo na textbook-based phenome-focused na nalinang ng mananaliksik sa pagpapahusay ng mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Ingles lalo na sa pagbigkas, at angkop na pagsasalita ng malinaw; 2) Ang mga guro ay dapat bigyan ng pagsasanay at dapat hikayating gumawa ng sarili nilang mga kagamitang pampagtuturo upang maiwasan ang kawalan ng pagbabago sa araw-araw na pagsasanay sa pagbigkas at upang magkaroon ng nakahandang kagamitang pampalawak kung kinakailangan; at 3) Ang mga kagamitang pampagtuturo na textbook-based phenome-focused ay maaaring gamitin sa paggawa ng mga tunog ng IPA sa ikaanim na baitang para maiwasto sa tamang pagbibigkas.

Ang naturang pag-aaral ni Quitorio ay maihahalintulad sa kasalukuyang pag-aaral sa kadahilanang kapwa ay tumutukoy sa mga kagamitang pampagtuturo na may layuning maiangat ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Nguni't sila ay nagkakaiba sa pokus ng pananaliksik. Ang una ay nakatuon sa Ingles at ang kasalukuyang pag-aaral ay nakapokus sa Filipino.

Mula naman sa pag-aaral ni Escobar (1994) tungkol sa "The Effect of RFU Exercise on the Development of Comprehension in English", kanyang natuklasan na ang pagsasanay na RFU ay nakatulong nang malaki sa kahusayan ng grupong eksperimental

at ang naturang kagamitan ay mabisa sa pagpapaunlad ng tiyak na kakayahan ng pang-unawa sa gitna ng mga mag-aaral ng unang taon sa mataas na paaralan.

Dahil dito siya ay nagbigay ng mga sumusunod na mga tagubilin: 1) Ang mga pagsasanay na RFU ay maaaring gamitin sa loob ng dalawang punto o mahigit pa; 2) Ang mga pagsasanay na RFU ay maaari ring gamitin sa susunod na antas – ikalawang taon ng mataas na paaralan; 3) Ang mga pagsasanay na RFU ay maaaring gamitin sa buong paaralan; 4) Karagdagang mga pagsasanay na RFU tungkol sa ibang kakayahan ng pang-unawa ay maaaring linangin; 5) Ang mga pagsasanay na RFU ay maaaring gamitin sa pagkilala sa mga mag-aaral na may kasiya-siyang nakamit, yaong may higit pang nakamit at yaong may nakamit na naaayon sa kani-kanilang kaalaman; 6) Ang mga naturang pagsasanay ay maaari ring gawing batayan sa paglinang ng kawangis na mga pagsasanay para sa mga kakayahang mas mataas at masalimuot sa pamamagitan ng mga guro na humahawak ng asignaturang Ingles para sa ikalawang taon hanggang ikaapat na taon sa mataas na paaralan; 7) Maaaring linangin din ang mga pagsasanay na RFU para sa mga antas ng salita, talata at pangungusap; at 8) Ang gawain para sa iba't ibang pagsasanay ay maaaring iba sa nagawa na. Maaari ring tingnan kung talagang mabisa ang mga ito.

Ang pag-aaral ni Escobar ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral sa dahilang ang dalawang pag-aaral ay tumutukoy sa mga pamamaraan sa pagtuturo upang lubos na maiangat ang antas ng pang-unawa. Subali't sila ay nagkakaiba sa uri ng paksang tinutukoy. Ang una ay tungkol sa pang-unawa ng Ingles at ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa pang-unawa sa pagbasa sa Filipino.

Ayon naman kay Alandino (1996) sa kanyang pag-aaral tungkol sa "Development and Validation of Modules on Exponents and Radicals in Mathematics III," ang modularized instruction ay mabisa at angkop. Ito ay napapaloob sa mga sumusunod na konklusyon na kanyang nabuo: 1) Ang mga mag-aaral sa grupong kontrol ay nakakuha ng kakayahan sa exponents at radicals sa pamamagitan ng pamamaraang panayam-talakayan. Ang kahusayang ito ng mga mag-aaral ay masasabing dahil sa panayam/talakayan, pagmomodelo, gawaing-upuan, pagsasanay, gawaing-bahay at mga pagsusulit; 2) Higit na may kahusayan sa kakayahang nakamit ang mga mag-aaral sa grupong eksperimental na dala ng dulog modyul; 3) Ang dulog modyul ng pagtuturo ay higit na mabisa kaysa pamamaraang panayam-talakayan tungkol sa sub-topic exponents at *radicals*. Sa katunayan, ang mga mag-aaral ay maaaring gumamit ng modyul kahit sa labas ng klase. Maaaring ulitin nila ang mga gawain doon kung kinakailangan, nasumpungan na ang mga aralin doon at matuto sa sarili nilang kakayahan at makamit ang lubos na kakayahan at karunungan tungkol doon; 4) Ang mga modyul ay angkop at kawili-wili sa mga mag-aaral sa ikatlong taon sa mataas na paaralan kung ang pagbabatayan ay ang antas ng maginhawang pagbabasa nito; at 5) Ang mga mag-aaral sa grupong eksperimental na tinuruan sa pamamagitan ng pagtuturong modyul ay may mabuting kakayahan sa pagtanda kaysa sa grupong kontrol na tinuruan ng pamamaraang panayam-talakayan.

Kalakip sa naturang konklusyon, si Alandino ay naghabilin ng mga sumusunod: 1) Ang mga mabagal na mag-aaral at yaong nahihirapan sa matematika ay dapat bigyan ng mga kagamitang pampagtuturo kagaya ng modyul upang mabigyan sila ng sapat na

panahon para matuto kahit sa labas ng klase at upang makahabol sila sa mga aralin na hindi malinaw sa kanila; 2) Ang mga nilinang na mga modyul sa matematika lalung-lalo na sa exponents at radicals ay dapat gamitin na mga kagamitang pampagtuturo bilang kabahagi ng gawaing pagtuturo-pagkatuto; 3) Ang mga guro ay dapat hikayating gumawa ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kani-kanilang espesyalisasyon; 4) Ang mga administrador ng mga paaralan ay dapat magbigay ng suportang pinansiyal sa kani-kanilang guro upang makagawa ng mga kagamitang pampagtuturo; at 5) Ang mga modyul ay dapat gamitin bilang mga kagamitang pampagtuturo at mga karagdagang pamamaraan ng guro lalung-lalo na sa mahihirap na mga konseptong matematikal.

Ang pag-aaral ni Alandino ay may kahawig sa kasalukuyang pag-aaral sapagka't ang dalawang pag-aaral ay kapwa sumasaklaw sa paglinang o paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo. Subali't dahil sa ang nasabing pag-aaral ay tungkol sa Matematika at ang kasalukuyang pag-aaral naman ay tungkol sa Filipino, kaya't sila'y magkaiba.

Kaugnay sa pag-aaral ni Alandino ay ang pag-aaral na isinagawa rin ni Dacula (1995) tungkol sa "Development and Validation of Modules on Percent and Ratio for Mathematics I." Sang-ayon sa kanya, ang pagtuturo na ginagamitan ng mga batayan-sanayang aklat ay higit na mabisa kaysa makalumang pamamaraan. Ito ay napatunayan niya dahil higit ang panggitnang iskor ng grupong eksperimental kaysa grupong kontrol bilang resulta ng post-test na isinagawa sa dalawang grupo.

At dahil dito, kanyang iminungkahi ang mga sumusunod: 1) Ang paggamit ng batayan-sanayang aklat bilang kagamitan sa mabisang pagtuturo ay maaaring maging

kalutasan sa mga suliranin ng kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo, pagdami ng popolasyon ng mga mag-aaral, kakulangan ng mga guro at ang pagbagsak ng mga kakayahan ng mga mag-aaral; 2) Ang paggamit ng batayan-sanayang aklat ay nagbibigay sa mga mag-aaral na mabilis na matuto ng mabuting pang-unawa at nagpapalawak ng saklaw na paksa at nagbibigay sa mga mabagal ng tamang panahon para matuto batay sa antas ng kanilang kaalaman na hindi gaanong nahihirapan; 3) Ang mga mag-aaral ay dapat na masanay sa mga pagtuturong nakatuon sa materyal kagaya ng batayan-sanayang aklat upang mapaunlad ang kanilang pagsasarili at tiwala sa sarili sa pag-aaral ng mga aralin kahit walang tulong galing sa guro; 4) Dapat magsagawa ng salingkurang seminar tungkol sa paglinang ng batayan-sanayang aklat para sa mga guro upang maging magaan ang pagtuturo sa klase at mabigyan sila ng pagkakataon na masubaybayan ang bawa't mag-aaral.

Kagaya ng mga naunang pag-aaral, ang naturang pag-aaral ni Dacula ay maihahalintulad sa kasalukuyang pag-aaral. Subali't sila'y nagkakaiba sa pokus ng pag-aaral. Ang una ay sa Matematika, samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay sa Filipino.

Sang-ayon naman kay Españo (1994) sa kanyang pag-aaral tungkol sa "Effectiveness of Teacher-made Workbook in Teaching Basic Mathematics," ang dulog modyul ay higit na mabisa kaysa sa pamamaraang tradisyunal na panayam-talakayan. Ito ay mapapatunayan sapagkat ang mga mag-aaral ay maaaring gumamit ng modyul at matuto ayon sa bilis ng kanilang pag-unawa.

Mula sa kanyang nakita, ang mananaliksik ay hayagang nagtagubilin sa paggamit ng modyul upang maging mabisa ang pagtuturo ng batayang matematika lalung-lalo na't

magkakaiba ang antas ng dunong ng mga mag-aaral. Hinihikayat din ng mananaliksik ang lubusang suporta ng mga namamahala ng paaralan upang lalong pagtibayin ang pananaliksik sa bagay na ito at inererekomenda niya lalo na ang suportang pinansiyal upang mapalawak pa ang kaalamang ito.

Sa kadahilanang ang naturang pag-aaral ni Españo ay tumutukoy sa mga kagamitang pampagtuturo upang maiangat ang kaalaman ng mga mag-aaral, ito ay maihahalintulad sa kasalukuyang pag-aaral. Nguni't ito ay nagkakaiba sa paksang kanyang tinutukoy – pagtuturo ng batayang matematika. Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay tumutukoy sa pagbasa sa Filipino.

Sa pag-aaral ni Dacuro (1982) tungkol sa "Self-Instructional Materials in Reading Level for Grade IV Pupils," ay kanyang napag-alaman na: 1) Sa pangkalahatan, ang mga kagamitan ay angkop para sa mga kailangan at mga interes ng mga mag-aaral; 2) Ang mga kagamitan ay umaabot sa hanay ng magkakaibang kakayahan sa pagbasa ng ikaapat na baitang; 3) Ang mga kagamitang nilinang ay kalugud-lugod na karagdagan at pampunong kagamitan sa loob ng klase bukod sa katangian nitong debelopmental; 4) Ang mga magkakaibang mag-aaral ay nasisilbihan nito sa pamamagitan ng mga katangiang iba-ibang antas ng mga kagamitang pansariling pagtuturo. Dahil dito ang bawa't mag-aaral ay maaaring mabilis na matuto ayon sa kanyang kakayahan; at 5) Sa ganitong paraan ng pansariling pagkatuto, ang mga bata ay nagiging aktibo, responsible at may sariling direksyon. Ito ay nagbibigay sa guro ng sapat na panahon na bigyang-pansin ang bawa't pangangailangan at kahirapan.

Batay sa kanyang mga natuklasan, ang mga sumusunod ay ang kanyang mga tagubilin: 1) Mahigpit na pagtaya at pagtasa sa malawak pang sukat ang kailangang gawin upang masilbihan ang bawa't pangangailangan ng ibang paaralan; 2) Higit pang pag-aaral ang maaaring gawin upang matiyak ang bisa ng mga kagamitan sa pagpapaunlad sa pagkilala ng salita, pang-unawa at ang kakayahang pantalasalitaan sa gitna ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang; 3) Ang set ng mga kagamitan ay maaaring gamitin para sa pangkatang pagtuturo habang ang iba ay nagsasagawa ng isahang mga gawain. Higit pa itong magagamit para sa panlunas na pagtuturo sa pagbasa o para sa pagrerebyu; 4) Ang mga kagamitan ay maaaring gamitin ng mga mag-aaral sa ibang baitang, lalung-lalo na sa mga nahihirapang mag-aaral at matutulungan lamang sa pamamagitan ng mga kagamitan; 5) Ang magkakaibang antas ng pagkatuto sa gitna ng mga mag-aaral sa pagbasa ay maaaring masumpungan sa pamamagitan ng paglinang ng gawaing pagbasa kung saan ang pagkakaiba ay binibigyan ng pansin; 6) Dahil sa ang pagsagawa ng proyektong ito ay ibinatay sa malayang pagtutuos na pagbasa, iminumungkahi ito na ang mga kagamitan ay gamitin upang malaman at matasa ang kani-kanilang kakayahan; 7) Ang mga kagamitang ito ay para sa mga batang marunong magbasa at sumulat. Kung mayroong mga batang hindi marunong magbasa, ang mga kagamitang ito ay maaaring gamitin sa mga mabilis magbasa, habang ang guro ay nagtuturo para sa grupo na hindi marunong magbasa; at 8) Anumang mungkahi, puna at pansin upang mapaunlad ang mga kagamitang ito ay malugod na tinatanggap at pahahalagahan.

Bilang dagdag na pag-aaral ni Dacuro (1996) tungkol sa "The Effect of Pre-Developed Lesson Plans on the Achievement of Grade VI Pupils in English," ay nagmungkahi siya ng mga sumusunod matapos niyang mapatunayan na ang pre-developed lesson plans ay lubhang mabisang gamit sa pagpapaunlad ng pagtuturo sa Ingles. Ang mga sumusunod ay: 1) Katunayan sa pangkalahatan ang pre-developed lesson plans ay hindi gaanong nakakapagpaangat sa nakamit na kakayahan sa Ingles, maaari rin itong gamitin ng mga guro sa madaliang pagtuturo; 2) Upang matiyak ang malaking matatamo mula sa mga nakahandang plano ng pagtuturo, kailangang may masusing pagtatasa sa mga ito bago ito tahasang gamitin; 3) Ang kakayahang nakamit ng mga mag-aaral ay mahigit na naiimpluwensiyahan ng nakamit na pag-aaral ng guro, kaya't iminumungkahi sa mga guro na itaas ang antas ng kanilang pinag-aralan sa pamamagitan ng pagdalo sa mga klaseng pang MA tuwing bakasyon o walang pasok na araw sa linggo at sa pagdalo sa mga pagsasanay lalung-lalo na sa pagtuturo sa asignaturang Ingles; 4) Upang lubos na tumaas ang mga kakayahan ng mga mag-aaral, ang mga guro ay dapat magkaroon ng dibdibang pagsasakatuparan at sinseridad sa kani-kanilang mga pagtuturo. Sapagka't ang pre-developed lesson plans ay nangangailangan ng tama at tapat na pagpapatupad sa mga kagamitan lalung-lalo na tungkol sa mga araling pangmasteral, paghahanda at mabisang gamit ng mga iminungkahing mga gawain at kagamitang pampagtuturo at iba pa; 5) Maaari ring gawin at subukan ang mga plano ng pagtuturo sa Ingles sa iba't ibang baitang o taon; at 6) Maaari ring magsagawa ng katulad na pag-aaral na tumutukoy sa mga teacher-related variables para makilala ang ibang nagpapakilala sa mga mag-aaral o kakayahan ng mga estudyante sa Ingles.

Ang mga naturang pag-aaral ni Dacuro at ang kasalukuyang pag-aaral ay magkatulad dahil sa tumutukoy ang mga ito sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo para sa mga mag-aaral ng mababang paaralan. Nguni't sila ay nagkakaiba dahil ang naunang dalawang pag-aaral ay nakatuon sa Ingles, samantala ang kasalukuyang pag-aaral ay sa Filipino.

Mula naman sa pag-aaral ni Codoy (1996) tungkol sa "Effectiveness of Silent Reading Comprehension Exercise on the Reading Achievement of Pangdan Grade V Pupils," ay kanyang nakita na ang paggamit ng mga pagsasanay na may pang-unawa sa pagbabasa ay mabisa. Samakatuwid, ang paggamit ng pagsasanay sa tahimik na pagbasang may pang-unawa sa pagtuturo ng tahimik na pagbabasa ay higit na nakatutulong sa mga mag-aaral sa ikalimang baitang.

Batay sa mga natuklasan niya, ang mananaliksik ay nagmungkahi ng mga sumusunod: 1) Gamitin ang tahimik na pagbasang may pang-unawa ng guro bilang pamamaraan sa pagpapalawak ng kakayahang pagbasa para sa mga mag-aaral sa elementarya; 2) Ang kagamitang ito ay lalo pang subukang tayain nang mahigit na anim na buwan hanggang isang taon upang lalong makita ang bisa nito sa pagpapalawak ng kakayahan sa pagbasa; 3) Ito ay maaaring gamitin sa halip na ang pamamaraang panayam-talakayan para sa mga gawaing pangklase; at 4) Pahintulutan ang mga mag-aaral na kumilos ayon sa kanilang bilis sa pamamagitan ng paggamit nitong kagamitang pampagtuturo.

Ang pag-aaral ni Codoy at ang kasalukuyang pag-aaral ay magkatulad dahil ito ay tumutukoy sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Subali't sila ay nagkakaiba

dahil sa ang una ay tungkol sa pagbasa ng Ingles at ang kasalukuyan ay sa pagbabasa sa Filipino.

## Kabanata 3

## METODOLOHIYA

Inilalahad sa bahaging ito ang metodolohiya o pamamaraan sa pagsasagawa ng pag-aaral. Kalakip dito ang disenyo ng pag-aaral, paraang sampling, instrumentasyon, balidasyon ng mga instrumento, mga hakbang sa pagsasagawa ng sarbey at ang paglalapat istadistika.

**Desinyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong palarawang debelopmental. Sinimulan ang pananaliksik sa pamamagitan ng pagsagawa ng sarbey na pagsubok sa lahat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa tatlong mababang paaralang sakop ng Purok ng Catbalogan I. Sa kinalabasan ng pagsubok na sarbey, kinuha ang dalas ng mga kamalian ng bawa't aytem at tiniyak ng mananaliksik ang mga kakulangan at kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasang may pang-unawa sa Filipino.

Napag-alaman din sa sarbey ng mananaliksik ang pangangailangan sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo na inaasahang makapagpapataas ng antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga kagamitang pampagtuturong ito mapauunlad ang kanilang pang-unawa sa pagbasa sa Filipino, at malilinang din ang mga kasanayang may kahirapan.

Sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo, isanaalang-alang din ang ilang mga salik at saligan na naging gabay ng mananaliksik; sa disenyo ng kagamitan kagaya

ng nilalaman ng babasahin, kawilihan, mga salita, istruktura ng pangungusap at iba pa.

Sa patnubay ng tagapayo, isinailalim ang mga kagamitang pampagtuturo sa isang pormula ng kabisaan ng binasa upang matiyak kung naa-angkop ang mga kagamitang babasahin at makapang-aakit ng kawilihan ng mga mag-aaral. Tinasa rin ng mananaliksik ang pagkabalido ng kagamitan sa tulong ng talatanungan na sinagot ng mga guro, mag-aaral at dalubhasa sa wikang Filipino.

**Instrumentasyon**

Nilayon sa pag-aaral na ito ang makagawa ng isang set ng angkop na kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng pagbasa na may pang-unawa. Kaya, kinailangan din ang angkop na instrumento tulad ng pagsubok na sarbey, talatanungan at ang pagdebelop na mga kagamitang pampagtuturo.

**Pagsubok na sarbey.** Isinagawa mismo ng mananaliksik ang pagsubok na sarbey na kinapalooban ng mga kasanayan sa pang-unawa batay sa bagong learning competency para sa ikaanim na baitang sa Filipino. Gumawa muna ang mananaliksik ng talahanayan ng espisipikasyon upang matiyak na ang lahat ng mga kasanayan ay may kaukulang bilang ng aytem. Ito ay sinubok sa sumusunod na kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa: 1) pagpansin sa mga detalye; 2) pagsunod sa mga panuto; 3) pag-alam sa layon ng may akda, pangunahing tema o pangkalahatang kabuluhan; 4) pagpakahulugan mula sa mga palatandaang kontekstwal; 5) pagbuo ng mga konklusyon at paghihinuha, kasama ang mga kasanayan sa pang-unawa sa iba't ibang antas ng wika sa pagbibigay ng

kahulugan sa wikang Filipino, gaya ng mga salitang patungkol, mga salitang pangkayarian, prosodya, impleksyon at mga pamuhatang patambis o pagkaiba-iba.

Ang mga aytem na pansubok ay tinuos sa pamamagitan ng aytem analisis. Humigit-kumulang na 100 aytem ang isinailalaim sa aytem analisis. Umabot sa limampung (50) aytem lamang ang kabuuang pansubok na nasuring angkop para sa ikaanim na baitang.

**Talatanungan.** Ang talatanungan ay ginamit sa pagkuha ng persepsyon ng mga napiling tagasagot na nagbigay ng kani-kanilang opinyon sa mga katanungan sa loob nito. Ang talatanungan ay hinati sa tatlong bahagi na kinapalolooban ng mga sumusunod na hiwatig: 1) katumpakan ng nilalaman; 2) katumpakan sa kaanyuan; at 3) katumpakan sa kayarian. Ang mga nakuhang datos dito ay siyang sumagot sa tiyak na katanungan hinggil sa katumpakan ng mga kagamitang pampatuturo ayon sa persepsyon ng mga mag-aaral, mga guro sa ikaanim na baitang at ng mga dalubhasa.

**Mga kagamitang pampagtuturo.** Batay sa napag-alamang kasanayang lubhang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang – paghinuha, pagsunud-sunod sa mga pangyayari, pagkuha ng paksang-diwa at pagwawakas – ang mananaliksik ay nagdebelop ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop dito. Isang burador muna ang kanyang ginawa at isinumite sa kanyang tagapayo upang punahin at baguhin ang nararapat. Pagkatapos nito, ang mga ito ay binago ayon sa payo at pagsubaybay ng kanyang tagapayo.

Ang mga nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ay isinailalim sa kaukulang pagtataya sa pamamagitan ng mga puna ng tatlong grupo ng mga tagasagot – ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, ang mga guro sa asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang at ang mga dalubhasa sa wikang Filipino. Pagkatapos ng pamamaraang ito ang naturang mga kagamitang pampagtuturo ay isinailalim sa pormula ng kabisaan ng pagbasa ayon kay *Flesch.*

**Pagpapatibay ng Instrumento**

Dalawang instrumento ang pinagtibay sa pag-aaral na ito na pawang sariling gawa ng mananaliksik. Ang mga instrumentong ito ay ang pagsubok na sarbey at ang talatanungan.

**Pagsubok na sarbey.** Ang orihinal na set ng mga katanungan ay may bilang na sandaang aytem bilang isa sa mga instrumento sa paglikom ng mga datos. Ang sandaang aytem ay hinati sa limang kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa: pagpansin sa detalye, pagsunud-sunod sa mga pangyayari, paghinuha, pagkuha ng paksang-diwa, at pagwawakas. Ang naturang set ng pagsubok na sarbey ay binabaan ng bilang ng aytem. Ito ay umabot ng limampu na lamang bilang resulta ng aytem analisis.

Ang pagsusuring ito ng aytem ay ginamit sa pagpapatibay ng pagsubok na sarbey. Ito ay dumaan sa mga sumusunod na pamamaraan:

1. Isinaayos ang mga talasagutan sa pamamagitan ng natamong iskor, mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa;

2. Ang naisaayos na mga talasagutan ay pinaghiwalay sa dalawang grupo. Ang unang grupo, ang mataas na grupo na kinasangkutan ng 27 porsiyento ng buong grupo na nakatamo ng pinakamataas na iskor sa pagsubok na sarbey at ang pangalawa, ang mababang grupo na kinasangkutan ng may mabababang iskor na natamo;

3. Binilang kung ilang beses napili sa papel ang isang posibleng sagot sa bawa't aytem mula sa mataas na grupo ganundin sa mababang grupo;

4. Ang bilang ng tamang sagot sa mababang grupo ay ibinawas doon sa bilang ng tamang sagot sa mataas na grupo. Pagkatapos, ito ay hinati ng katamtamang bilang ng sampol ng tagasagot sa bawa't grupo upang makuha ang talatuntunan ng diskriminasyon. At upang maging malinaw, ito ay tinasa sa pamamagitan ng pormulang ito:

$$DI = \frac{Ts_u - Ts_e}{(N_u + N_e) / 2}$$

5. Ang bilang ng mga sagot sa bawa't grupo ay pinagsama-sama at pinaghati-hati sa pangkalahatang bilang ng sampol ng tagasagot upang makuha ang talatuntunan ng kahirapan. Ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng pormulang ito:

$$ID = \frac{S_u + S_e}{N_u + N_e}$$

Ang pagsusuri ng instrumento sa pamamagitan ng aytem analisis at antas ng kahirapan ay ibinatay sa susunod na talaan:

| Antas ng Kahirapan | Kahulugan | Desisyon |
|---|---|---|
| 80% o higit pa | pinakamadali | hindi kasali |
| 70% - 79% | madali | kasali |

| | | |
|---|---|---|
| 40% - 69% | ideyal | kasali |
| 30% - 39% | kailangan baguhin | kasali |
| mababa sa 29% | ----- | hindi kasali |

Ang lahat ng may antas ng kahirapan na 80 porsiyento o mahigit pa ay hindi isinali bilang aytem sa pagsubok na sarbey, gayundin ang mga antas na mababa sa 29 porsiyento.

**Talatanungan.** Ang mananaliksik ay gumawa ng isang talatanungan muna at isinumite sa kanyang tagapayo upang mabigyan nang kaukulang pansin at baguhin ang nararapat baguhin, lalo na ang mga aytem sa bawat hiwatig. Matapos na makuha ang mga puna at mungkahi ng tagapayo, ang mananaliksik ay gumawa ng panibagong kopya at isinailalim ito sa pagtitibay ng mga dalubhasa sa pamamagitan ng mga mag-aaral sa gradwadong paaralan ng Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar na medyor sa Fipino. Lahat ng puna at mga mungkahing natamo rito ay binigyan ng kaukulang pansin at isinama sa binagong kopya ng talatanungan.

Upang lubos na malaman kung ito ay naiintindihan ng mga tagasagot, ang naturang talatanungan ay sinubok sa mababang paaralan ng Bliss na sakop ng Purok ng Catbalogan III, kung saan ang pagsubok na sarbey ay sinubok din. Ang mga guro sa Filipino sa ikaanim na baitang at ang mga mag-aaral sa naturang baitang ay sumagot din sa talatanungan.

**Paraang Sampling**

Sa pag-aaral na ito, tatlong paaralang sakop ng Purok ng Catbalogan I: ang Salug, ang San Andres at ang Catbalogan I Sentral; na tanging may kumpletong baitang ay sadyang kasangkot sa kadahilanang ang pagpapa-angat ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ang layon sa pag-aaral na ito. Hindi na isinama ang iba pang paaralan sapagkat maliban sa tatlong naturan; ang iba pang paaralang sakop ng Purok ng Catbalogan I ay hanggang ikaapat na baitang lamang.

Para naman sa kategorya ng mga daluhasang tagasagot sa talatanungan, walong gurong nagtapos ng gradwadong pag-aaral na medyor sa Filipino ay kalahok sa pag-aaral na ito. Sa kabilang dako, anim na gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang sa Purok ng Catbalogan I ay ginawang sampol sa kategoryang ito na siyang sumagot sa talatanungan.

Sa kategorya naman ng mga mag-aaral na tagasagot, lahat ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa tatlong sampol ng mga paaralang nabanggit ay binigyan ng pagsubok na sarbey kung saan nakuha at nalaman ang mga kasanayang lubhang may kahirapan para sa kanila. Samantala, para naman sa tagasagot ng talatanungan, ang bilang nito ay kinuha sa pamamagitan ng pormula ni Sloven na hango kina Pagoso, et. al., (1984: 18):

$$n = \frac{N}{1 + N e^2}$$

kung saan ang:

n = ang tamang bilang ng sampol ng mga mag-aaral na sumagot sa talatanungan;

N = ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang sa pinagsamang tatlong mabababang paaralan ng Purok ng Catbalogan I; at

e = ang palugit ng pagkakamali ng tinaya sa antas na .05.

Matapos makuha ang tamang bilang ng sampol ng mga tagasagot sa kategorya ng mga mag-aaral; ang pagpili ng sampol ay ginawa sa pamamagitan ng loterya. Lahat ng mga pangalan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ay isinulat sa maliit na papel. Ito ay tinupi at inilagay sa loob ng kahon, pagkatapos ay binunot ng isa-isa ng mananaliksik ang mga pangalan hanggat makuha tamang bilang ng sampol ng tagasagot. Ang mga pangalan na nabunot ang siyang sumagot sa talatanungan para sa pag-aaral na

**Talahanayan Bilang 1**

*Bilang ng mga Sampol ng Tagasagot Ayon sa Kani-kanilang Kategorya*

| MABABANG PAARALAN | MAG-AARAL | | GURO | | EKSPERTO | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Porsyento | Bilang | Porsyento | Bilang | Porsyento |
| Salug | 51 | 23.50 | 1 | 16.67 | ------ | --------- |
| San Andres | 16 | 7.37 | 1 | 16.67 | ------ | ---------- |
| Sentral | 150 | 69.13 | 4 | 66.66 | ------ | ---------- |
| **Kabuuan** | **217** | **100.00** | **6** | **100.00** | **8** | **100.00** |

ito. Sila ay inimbitahan sa isang silid sa kani-kanilang paaralan para sumagot sa talatanungan.

## Paglikom ng Datos

Pagkatapos maisaayos ang mga instrumento at mga kinailangan sa paglikom ng mga datos, tulad ng pagsubok na sarbey at talatanungan, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa tagapamanihala ng Sangay ng Samar upang makapagsagawa ng pag-aaral. Ang pinagtibay na ito ay ginawang sanggunian sa paghingi ng pahintulot sa tagamasid ng Purok ng Catbalogan I upang maipamudmod ang pagsubok na sarbey sa mga kinauukulan. Karagdagan dito ay ang mga pahintulot upang maibigay ang talatanungan sa mga napiling sampol ng mga mag-aaral at mga guro sa Filipino.

Sa nalikom na mga datos ng pagsubok na sarbey, isinagawa ang dalas ng mga kamalian upang matiyak ang mga kasanayan sa pang-unawa na tinayang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ang mga kasanayang ito ay siyang naging batayan sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na maglilinang sa mga kasanayang may kahirapan.

## Pagsusuri at Paglalapat Estadistika

Upang masubukan ang mga kasagutan sa mga katanungan, ang lahat ng mga ito ay isinailalim sa karampatang proseso. Ang iba-ibang uri ng mga datos na nalikom sa pamamagitan ng kanya-kanyang instrumento ay inorganisa, inanalisa at binigyan ng kahulugan batay sa masidhing pagsusuri.

Upang masagot ang unang katanungan, tinaya ang mga kasanayang lubhang mahirap para sa ikaanim na baitang. Ang kahirapan ay tumutukoy sa porsyento ng mga batang kasangkot na nakakuha ng tamang sagot sa isang aytem. Pag mababa ang porsyento ng nakuhang tamang aytem, ito ay nangangahulugang mahirap ang naturang aytem o kasanayan. Sa ganitong paraan ang sumusunod na pormula ay ginamit:

$$\text{Porsiyento} = \frac{\text{Bilang ng Tamang Sagot}}{\text{Kabuuang Bilang ng Mag-aaral}} \times 100$$

Ang sumusunod ay ang antas ng kahirapan na ginamit ng mananaliksik, sa pagtaya ng mga kasanayang lubhang mahirap para sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang, na hango kay Bright na sinipi ni Bernales (1996: 44):

| Porsiyento | Interpretasyon |
|---|---|
| 86% pataas | Napakadali |
| 68% - 85% | Madali |
| 50% - 67% | Katamtaman |
| 32% - 49% | Mahirap |
| 31% pababa | Napakamahirap |

**Pearson-Product-Moment Correlation Coefficient at Fisher's t-test.** Para sa pagtiyak kung may mahalagang kaugnayan ang kahirapan ng mga kalahok at ang gulang, kasarian at kahusayan sa wikang Filipino; ang Pearson-Product-Moment Correlation Coefficient o Pearson "r" ang ginamit ayon sa sumusunod na pormula ni Walpole (1982: 375):

$$r_{xy} = \frac{N\Sigma XY - (\Sigma X)(\Sigma Y)}{\sqrt{[N\Sigma X^2 - (\Sigma X)^2]\ [N\Sigma Y^2 - (\Sigma Y)^2]}}$$

kung saan:

$r_{xy}$ = ang correlation coefficient sa gitna ng kahirapan at ang mga baryets;

$\Sigma X$ = ang kabuuang halaga ng kahirapan ng mga kalahok;

$\Sigma Y$ = ang kabuuang halaga ng mga baryets ng mga kalahok;

$\Sigma XY$ = ang produkto ng dalawang aytem na kasangkot; at

N = ang pares na bilang ng mga pangyayari na inobserbahan.

Ang naturang halaga ay binigyan ng kaukulang interpretasyon ayon sa sumusunod (Calmorin, 1994: 256):

| Natamong Halaga | Interpretasyon |
|---|---|
| 0.00 hanggang ± 0.20 | Hindi kapansin-pansin na kaugnayan |
| ± 0.21 hanggang ± 0.40 | Mababang kaugnayan |
| ± 0.41 hanggang ± 0.70 | Katamtamang kaugnayan |
| ± 0.71 hanggang ± 0.91 | Mataas na kaugnayan |
| ± 0.91 hanggang ± 0.99 | Napakataas na kaugnayan |
| ± 1.00 | Perpektong kaugnayan |

Upang lubos na matiyak ang mahalagang kaugnayan ng dalawang kasangkot na aspekto, ang natamong halaga ng $r_{xy}$ ay ginamitan ng Fisher's t-test (Ferguson at Takane, 1989: 207) na may pormulang:

$$t = r\sqrt{\frac{N-2}{1-r^2}}$$

kung saan:

t = ang natamong halaga ng Fisher's t-test;

r = ang natamong halaga ng Pearson r; at

N = ang bilang ng pares na obserbasyon.

Ang natamong halaga ng Fisher's t ay inihambing sa halagang tabular at binigyan ng karampatang interpretasyon sang-ayon sa: Kung ang natamong t ay lubhang mababa kaysa sa halagang tabular, walang mahalagang kaugnayan ang namamagitan sa dalawang kahirapan at ang baryets ng kalahok. Subali't kung ang natamong halaga ng t ay kasinghalaga o higit pa sa halagang tabular, mayroong mahalagang kaugnayan na namamagitan sa mga naturang aspekto.

*Analysis of Variance (ANOVA).* Para sa makahulugang pagkakaiba ng persepsyon ayon sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo sa gitna ng tatlong kategorya ng tagasagot, ang analysis of variance ay ginamit. Ang pormula ay hango kay Ferguson at Takane (1989: 257):

$$F = S_b^2 / S_w^2$$

kung saan ang:

F = ay ang natamong halaga ng F;

$S_b^2$ = ang mean square sa pagitan; at

$S_w^2$ = ang mean square sa loob.

Ang desisyon tungkol dito ay ibinatay ayon sa susunod na paghahambing: Kung sakaling ang natamong halaga ng F ay mas mababa kaysa sa critical na halaga ng F, ang ipotesis ay tatanggapin. Ang ibig sabihin nito na ang persepsyon ng tatlong pangkat ng tagasagot ay walang pinag-iba. At kung ang natamong halaga ng F ay kasinghalaga o mas higit pa sa critical na halaga ng F, ang ipotesis ay tutulan na; ang ibig sabihin ay mayroong malaking pagkakaiba sa persepsyon ng tatlong pangkat.

**<u>Pormula ng kabisaan ni Flesch</u>.** Upang matiyak na ang mga nalinang na mga kagamitang pampagtuturo ay angkop para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, ang pormula ng kabisaan ni Flesch ay ginamit, kung saan ang Reading Ease Score (RES) at ang Human Interest Score (HIS) at tinaya sa pamamagitan ng sumusunod (Lacambra, 1985: 29):

**RES** = 206.835 – [{1.015 x katamtamang haba ng pangungusap) + (0..846 x katamtamang haba ng salita)]

**HIS** = (% ng salitang personal / 100 salita x 3.635) + (% ng pangungusap na personal x 0.314)

**Katamtamang haba ng pangungusap:**

$$\frac{\text{Bilang ng mga salita sa kagamitang pampagtuturo}}{\text{Kabuuang bilang ng mga pahina ng KP}}$$

**Katamtamang haba ng salita:**

$$\frac{\text{Bilang ng mga pantig sa KP}}{\text{Kabuuang bilang ng mga pahina ng KP}}$$

**% ng salitang personal:**

$$\frac{\text{Bilang ng mga salitang personal sa KP}}{\text{Kabuuang bilang ng mga salita sa lahat ng pahina ng KP}}$$

**% ng pangungusap na personal:**

$$\frac{\text{Kabuuang bilang ng pangungusap na personal}}{\text{Kabuuang bilang ng pangungusap sa KP}}$$

Para sa karampatang interpretasyon ng RES at HIS, ang gabay na ginamit ay ayon sa sumusunod:

| **R E S** | **Kaugnay na Antas** |
|---|---|
| 91 hanggang 100 | Ikalimang baitang |
| 81 hanggang 90 | Ikaanim na baitang |
| 71 hanggang 80 | Una hanggang ikalawang taon sa mataas na paaralan |
| 61 hanggang 70 | Ikatlo hanggang ikaapat na taon sa mataas na paaralan |
| 51 hanggang 60 | Una hanggang ikalawang taon sa kolehiyo |
| 31 hanggang 50 | Ikatlo hanggang ikaapat na taon sa kolehiyo |
| 0 hanggang 30 | Gradwadong mag-aaral |
| **H I S** | **Deskripsyon** |
| 61 hanggang 100 | Lubhang kaaya-aya |
| 41 hanggang 60 | Higit na kaaya-aya |
| 21 hanggang 40 | Kaaya-aya |
| 11 hanggang 20 | Katamtaman |
| 0 hanggang 10 | Masalimuot |

## Kabanata 4

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad, nagsusuri at nagpapakahulugan ng mga datos na nakuha mula sa pananaliksik na ito. Inilahad ang mga ito ayon sa pagkasunud-sunod ng mga suliranin at ipinakita sa mga talahanayan na sinundan ng mga tekstuwal na pagpapaliwanag.

### Mga Kasanayan sa Pagbasa na Tinatayang Mahirap para sa Ikaanim na Baitang

Ipinakikita sa Talahanayan Bilang 2 ang mga kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino na lubhang mahirap para sa ikaanim na baitang batay sa kinalabasan ng isang pagsubok na sarbey. Sa bawat aytem ay binilang kung ilan sa mga kalahok ang nakakuha ng tamang sagot at tinaya ang bahagdan ayon sa kabuuang bilang ng mga tagasagot. Ang may mas mababang bahagdan ay nagpapahayag na ng naturang kasanayan na lubhang mahirap para sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang.

Mula sa naturang talahanayan ay makikita rin ang mga aytem bilang 25 at 22 na ang mga tinayang pinakamahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang na may kasanayan sa pagbasa sa paghinuha. Samantala, ang mga aytem na may bilang 21, 24, 43, 23, 38 at 50 ay ang mga nangungunang mga aytem na tinayang mahirap para sa mga kalahok na mga mag-aaral na may kasanayan sa pagbasa sa paghinuha, pagwawakas at pagkuha ng paksang-diwa. Ang ibang aytem na sumusunod na tinayang mahirap ay

**Talahanayan Bilang 2**

**Mga Kasanayan sa Pagbasa sa Filipino na May Pang-unawa Para sa Ikaanim na Baitang Ayon sa Isang Pagsubok na Sarbey**

| Bilang Ng Aytem | Kasanayan sa Pagbasa | Bilang ng Mag-aaral na Nakakuha ng Tamang Sagot | Bahagdan | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Pagpansin ng mga Detalye | 176 | 81% | Madali |
| 2 | Pagpansin ng mga Detalye | 174 | 80% | Madali |
| 3 | Pagpansin ng mga Detalye | 184 | 85% | Madali |
| 4 | Pagpansin ng mga Detalye | 174 | 80% | Madali |
| 5 | Pagpansin ng mga Detalye | 191 | 88% | Pinakamadali |
| 6 | Pagpansin ng mga Detalye | 176 | 81% | Madali |
| 7 | Pagpansin ng mga Detalye | 184 | 85% | Madali |
| 8 | Pagpansin ng mga Detalye | 184 | 85% | Madali |
| 9 | Pagpansin ng mga Detalye | 180 | 83% | Madali |
| 10 | Pagpansin ng mga Detalye | 174 | 80% | Madali |
| 11 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 163 | 75% | Madali |
| 12 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 130 | 60% | Katamtaman |
| 13 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 126 | 58% | Katamtaman |
| 14 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 119 | 55% | Katamtaman |
| 15 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 184 | 85% | Madali |
| 16 | Pangsunud-sunod sa mga Pangyayari | 117 | 54% | Katamtaman |
| 17 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 141 | 65% | Katamtaman |
| 18 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 128 | 59% | Katamtaman |
| 19 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 130 | 60% | Katamtaman |
| 20 | Pagsunud-sunod sa mga Pangyayari | 41 | 19% | Mahirap |
| 21 | Paghinuha | 72 | 33% | Mahirap |
| 22 | Paghinuha | 63 | 29% | Pinakamahirap |

**May karugtong sa kabila.**

**Karugtong**
**Talahanayan Blg. 2**

| Bilang Ng Aytem | Kasanayan sa Pagbasa | Bilang ng Mag-aaral na Nakakuha ng Tamang Sagot | Bahagdan | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 23 | Paghinuha | 87 | 40% | Mahirap |
| 24 | Paghinuha | 76 | 35% | Mahirap |
| 25 | Paghinuha | 65 | 30% | Pinakamahirap |
| 26 | Paghinuha | 109 | 50% | Katamtaman |
| 27 | Paghinuha | 176 | 81% | Madali |
| 28 | Paghinuha | 176 | 81% | Madali |
| 29 | Paghinuha | 184 | 85% | Madali |
| 30 | Paghinuha | 145 | 67% | Katamtaman |
| 31 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 184 | 85% | Madali |
| 32 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 89 | 41% | Mahirap |
| 33 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 178 | 82% | Madali |
| 34 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 184 | 85% | Madali |
| 35 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 178 | 82% | Madali |
| 36 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 45 | 67% | Katamtaman |
| 37 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 76 | 35% | Mahirap |
| 38 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 82 | 38% | Mahirap |
| 39 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 69 | 32% | Mahirap |
| 40 | Pagkuha ng Paksang-diwa | 76 | 35% | Mahirap |
| 41 | Pagwawakas | 145 | 67% | Katamtaman |
| 42 | Pagwawakas | 89 | 41% | Mahirap |
| 43 | Pagwawakas | 80 | 37% | Mahirap |
| 44 | Pagwawakas | 87 | 40% | Mahirap |
| 45 | Pagwawakas | 102 | 47% | Mahirap |
| 46 | Pagwawakas | 93 | 43% | Mahirap |
| 47 | Pagwawakas | 87 | 40% | Mahirap |
| 48 | Pagwawakas | 82 | 38% | Mahirap |
| 49 | Pagwawakas | 78 | 36% | Mahirap |
| 50 | Pawawakas | 98 | 45% | Mahirap |

tumatayo rin sa mga nabanggit na mga kasanayan. Ang panghuling aytem na tinatayang mahirap ay ang aytem bilang 20 na may kasanayan sa pagbasa sa pagsunud-sunod sa mga pangyayari.

Samakatuwid, ayon sa resulta ng pagsubok na sarbey, apat sa limang kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino ang tinayang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang – ang paghinuha, ang pagkuha ng paksang-diwa, ang pagsunud-sunod sa mga pangyayari at ang pagwawakas. Ito ang mga kasanayang dapat linangin at pagtibayin sa pamamagitan ng paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo upang mapa-angat ang antas ng pang-unawa sa pagbasa sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

**Mahalagang Kaugnayan ng Kahirapan ng mga Kalahok at ang Kanilang Baryets**

Tatlong baryets ng mga kalahok na mag-aaral ang kasangkot sa kahirapan ng mga kalahok at tinaya kung may mahalagang kaugnayan ang mga ito. Ang tatlong baryets ay ang mga sumusunod: 1) kasarian; 2) gulang; at 3) kahusayan sa wikang Filipino. Ang lagom ng mga natamong halaga sa pag-uugnay ay makikita sa Talahanayan Bilang 3.

**Kasarian.** Mula sa Talahanayan Bilang 3 ay inihayag ang natamong halaga ng $r_{xy}$ sa pag-uugnay ng kahirapan ng mga kalahok at ang kanilang kasarian ay umabot ng –0.16 na nangangahulugang "hindi kapansin-pansin na negatibong kaugnayan". Ito ay nagpapatunay na may kaugnayan ang kasarian sa kahirapan ng mga kalahok subali't hindi kapansin-pansin ayon sa natamong halaga ng $r_{xy}$.

At upang lubos na mataya kung mayroong mahalagang kaugnayan ang naturang palatandaan, ang natamong halaga ng $r_{xy}$ ay isinailalim sa Fisher's t-test. Mula sa natuos

**Talahanayan Bilang 3**

**Ang Balangkas ng mga Natuos na Halaga sa Pag-uugnay Ng Kahirapan ng mga Kalahok at ang Kanilang Baryets**

| Mga Baryets | Natuos na $r_{xy}$ | Kahulugan | Halaga ng Fisher's t | | Interpre-tasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Natuos | Tabular | |
| Kasarian | -0.16 | Hindi kapan-sin pansin na negatibong kaugnayan | -2.377 | 1.960 | May maha-lagang ka-ugnayan |
| Gulang | 0.16 | Hindi kapan-sin pansin na kaugnayan | 2.377 | 1.960 | May maha-lagang ka-ugnayan |
| Kahusayan sa Wikang Filipino | -0.98 | Napakataas na negatibong kaugnayan | -72.210 | 1.960 | May maha-lagang ka-ugnayan |

na halaga na 2.377 na tinayang mahigit kaysa sa halagang tabular ng t na 1.960 ay napatunayang may mahalagang kaugnayan ang kasarian ng mga kalahok sa kahirapan ng mga ito. Dito pahapyaw na nagpapakita na ang babae ay mas mataas ang natamong resulta sa pagsubok na sarbey kaysa sa lalaki. Ang naturang kinalabasan ay maaaring maisaalang-alang sa mga asal ng mga batang mag-aaral sa ikaanim na baitang tungkol sa pag-aaral.

**Gulang.** Sa pag-uugnay ng kahirapan ng mga kalahok at ang kanilang gulang, ang natamong halaga ng $r_{xy}$ ay umabot sa 0.16. Ito ay nangangahulugang "hindi

kapansin-pansin na kaugnayan". Subali't sa pamamagitan ng Fisher's t-test, ay napatunayan na mayroong mahalagang kaugnayan ang dalawa. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng natamong halaga ng Fisher's t na 2.377 na lubhang mahigit kaysa halagang tabular ng t na 1.960.

Mula sa mga naturang natuos na mga halaga ay masasabi natin na ang gulang ng mga kalahok ay may kaugnayan sa antas ng kahirapang natamo nila. Ibig sabihin, na ang tumatandang kalahok ay lalong mataas ang natatamo niyang antas sa pagsubok na sarbey. Ito ay maisasaalang-alang sa antas o sapat na gulang ng kanyang pag-iisip na siyang naging dahilan ng kanyang pagiging magaling sa klase.

Kahusayan sa Filipino. Hayagang makikita sa Talahanayan Bilang 3 na may mahalagang kaugnayan ang kahirapan ng mga kalahok sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino at ang kahusayan ng mga ito sa isang pagsubok na sarbey. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng tinuos na halaga ng $r_{xy}$ na umabot sa –0.98 na nangangahulugang isang napakataas na negatibong kaugnayan. Ibig sabihin, na kung ang antas ng kahusayan ng mga kalahok ay bumababa, bumababa rin ang antas ng kahirapan nito. Sa kabilang dako, kung mababa ang antas ng kanilang kahusayan, tumataas naman ang antas ng kahirapan sa pagbasa na may pang-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

Ang naturang palagay ay pinagtibay sa pamamagitan ng natuos na halaga ng Fisher's t, kung saan ang natamong halaga ng $r_{xy}$ ay isinailalim. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng halaga ng natuos na Fisher's t na 72.210 na lubhang mataas kaysa sa halagang tabular nitong 1.960.

**Katumpakan ng mga Kagamitang Pampagtuturo Batay sa Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng mga Tagasagot**

Sa pagtasa ayon sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo, tatlong kategorya ng mga tagasagot ang inilahok dito – ang mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, ang mga guro sa asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang at ang mga dalubhasa sa wikang Filipino. Sa pagtasa, tatlong katangian ang binigyan ng kani-kanilang persepsyon: ang katumpakan ng nilalaman, katumpakan ng kaanyuan at katumpakan sa kayarian. Ang lahat ng mga ito ay ilalahad dito.

**Katumpakan ayon sa nilalaman.** Ang persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot ay inilalahad sa Talahanayan Bilang 4. Matutunghayan sa naturang talahanayan, ang mga mag-aaral ay "lubos na sumasang-ayon" sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman ng mga ito. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng kabuuang pinagsamang weighted mean na 4.56 na may standard deviation na 0.143. Sa limang aytem, tatlo ang "lubos na sinang-ayunan" ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang kung saan' "ang mga kagamitang inihanda ay nagpapaunlad sa mga kasanayan sa pang-unawa" ang nagkamit ng pinakamataas na bahagdan na may halagang 4.97. Samantala, ang natirang dalawa pang aytem ay "sinang-ayunan" ng mga kalahok na mag-aaral kung saan, "ang sapat na paghahanda ay isinagawa" ang nagkamit ng pinakamababang bahagdan na may halagang 4.00.

Sa kabilang dako, sa panig ng mga tagasagot na guro sa asignaturang Filipino para sa ikaanim na baitang, ang mga nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ay

## Talahanayan Bilang 4

### Katumpakan ng mga Kagamitang Pampagtuturo Batay sa Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng mga Tagasagot Ayon sa Nilalaman

| AYTEM | MGA TAGA-SAGOT | MGA KASAGUTAN | | | | | | WEIGHTED MEAN | INTER-PRETAS-YON |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | LS 5 | S 4 | DT 3 | DS 2 | LDS 1 | TOTAL | | |
| 1. Lahat ng pinaka-bihirang natutu-nan na kasanayan ng ikaanim na baitang ay isinali. | Mga Mag-aaral | (325) 65 | (572) 143 | (27) 9 | - - | - - | (924) 217 | 4.26 | S |
| | Mga Guro | (5) 1 | (20) 5 | - - | - - | - - | (25) 6 | 4.17 | S |
| | Mga Eksperto | (20) 4 | (16) 4 | - - | - - | - - | (34) 8 | 4.50 | S |
| 2. Ang mga kagami-tang pampagtu-turo ay naiintin-dihan ng mga mag-aaral sa ika-anim na baitang. | Mga Mag-aaral | (725) 145 | (288) 72 | - - | - - | - - | (1013) 217 | 4.67 | LS |
| | Mga Guro | (10) 2 | (16) 4 | - - | - - | - - | (26) 6 | 4.33 | S |
| | Mga Eksperto | (10) 2 | (24) 6 | - - | - - | - - | (34) 8 | 4.25 | S |
| 3. Ang mga kagami-tang inihanda ay nagpapaunlad sa mga kasanayan sa pang-unawa. | Mga Mag-aaral | (1050) 210 | (28) 7 | - - | - - | - - | (1078) 217 | 4.97 | LS |
| | Mga Guro | (15) 3 | (12) 3 | - - | - - | - - | (25) 6 | 4.17 | S |
| | Mga Eksperto | | (32) 8 | - - | - - | - - | (32) 8 | 4.00 | S |
| 4. Ang nilalaman ng mga kagamitan ay kanais-nais at ka-wili-wili. | Mga Mag-aaral | (1005) 201 | (60) 15 | (3) 1 | - - | - - | (1068) 217 | 4.92 | LS |
| | Mga Guro | (30) 6 | - - | - - | - - | - - | (30) 6 | 5.00 | LS |
| | Mga Eksperto | - - | (32) 8 | - - | - - | - - | (32) 8 | 4.00 | S |
| 5. Sapat na pagha-handa ay isina-gawa. | Mga Mag-aaral | - - | (868) 217 | - - | - - | - - | (868) 217 | 4.00 | S |
| | Mga Guro | - - | (24) 6 | - - | - - | - - | (24) 6 | 4.00 | S |
| | Mga Eksperto | (20) 4 | (16) 4 | - - | - - | - - | (36) 8 | 4.50 | S |

May karugtong sa kabila

**Karugtong**
**Talahanayan Blg. 4**

| AYTEM | MGA TAGA-SAGOT | MGA KASAGUTAN LS 5 | S 4 | DT 3 | DS 2 | LDS 1 | TOTAL | WEIGHTED MEAN | INTER-PRETAS-YON |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Total | Mga Mag-aaral | (3105) 621 | (1816) 454 | (30) 10 | - - | - - | (4951) 1085 | | |
| | Mga Guro | (60) 12 | (72) 18 | - - | - - | - - | (132) 30 | | |
| | Mga Eksperto | (50) 10 | (120) 30 | - - | - - | - - | (170) 40 | | |
| Grand Mean | Mga Mag-aaral | | | | | | | 4.56 | LS |
| | Mga Guro | | | | | | | 4.40 | S |
| | Mga Eksperto | | | | | | | 4.25 | S |
| Standard Deviation | Mga Mag-aaral | | | | | | | 0.143 | |
| | Mga Guro | | | | | | | 0.126 | |
| | Mga Eksperto | | | | | | | 0.050 | |

**Pinagmulan:**

| Antas | Interpretasyon | |
|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon | (LS) |
| 3.51 – 4.50 | Sumasang-ayon | (S) |
| 2.51 – 3.50 | Di-tiyak | (DT) |
| 1.51 – 2.50 | Di-sumasang-ayon | (DS) |
| 1.00 – 1.50 | Lubos na di-sumasang-ayon | (LDS) |

"sinang-ayunan" nila batay sa katumpakan ng mga ito ayon sa nilalaman. Ito ay pinatunayan sa pamamagitan ng natamong halaga ng kabuuang weighted mean na 4.40 na may standard deviation na 0.126. Mula rin sa Talahanayan Bilang 4 ay makikita natin na lahat ng mga aytem na isinama sa pagtibay ng katumpakan ayon sa nilalaman ay "sinang-ayunan" ng mga guro sa asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang maliban lamang sa "ang nilalaman ng mga kagamitan ay kanais-nais at kawili-wili"

kung saan ito ay "lubos na sinang-ayunan" nila na may bahagdan na 5.00. Sa mga sinang-ayunan na mga aytem, "ang sapat na paghahanda ay isinagawa" ang nagkamit ng pinakamababang bahagdan na 4.00.

Sa panig ng mga dalubhasa sa wikang Filipino naman, ang katumpakan ayon sa nilalaman ng mga kagamitang pampagtuturo ay nakamit ng kabuuang weighted mean na 4.25 at standard deviation na 0.050 na nagpapahiwatig ng "pagsang-ayon" ng mga ito ukol dito. Dagdag na pagpansin sa naturang talahanayan ay malalaman natin na ang lahat ng mga aytem sa pagpapatibay ng mga kagamitang pampagtuturo batay sa katumpakan ayon sa nilalaman nito ay "sinang-ayunan" ng mga dalubhasa sa wikang Filipino. "Lahat ng pinakabihirang matututunan na kasanayan ng ikaanim na baitang ay isinali" at "sapat na paghahanda ay isinagawa" ay parehong nagtamo ng pinakamataas na bahagdan na 4.50. Sa kabilang dako naman, "ang mga kagamitang inihanda ay nagpapaunlad sa mga kasanayan sa pang-unawa" at "ang nilalaman ng mga kagamitan ay kanais-nais at kawili-wili" ay parehong nakakuha ng pinakamababang bahagdan na 4.00.

Katumpakan ayon sa kayarian. Ang Talahanayan Bilang 5 ay nagpapahayag ng persepsyon ng tatlong kategorya ng mga tagasagot ukol sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian. Mula sa naturang talahanayan ay matutunghayan ang persepsyon ng mga mag-aaral na nagpapahayag ng "pagsang-ayon" sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian nito. Ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng natuos na halaga ng kabuuang weighted mean na 4.39 na may standard deviation na 0.245. Sa mga aytem na kasali sa pagtitibay ng mga kagamitang batay sa katangiang ito, dalawa sa limang aytem ang "lubos na sinang-

# Talahanayan Bilang 5

## Katumpakan ng mga Kagamitang Pampagtuturo Batay sa Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng mga Tagasagot Ayon sa Kayarian

| AYTEM | MGA TAGA-SAGOT | MGA KASAGUTAN | | | | | | WEIGHTED MEAN | INTER-PRETAS-YON |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | LS 5 | S 4 | DT 3 | DS 2 | LDS 1 | TOTAL | | |
| 1. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay naglalayon na makapaggabay sa pagtuturo ng kasa-nayan o mga kasa-nayan. | Mga Mag-aaral | (1085) 217 | - - | - - | - - | - - | (1085) 217 | 5.00 | LS |
| | Mga Guro | (10) 2 | (16) 4 | - - | - - | - - | (26) 6 | 4.33 | S |
| | Mga Eksperto | (30) 6 | (8) 2 | - - | - - | - - | (38) 8 | 4.75 | LS |
| 2. Ang pokus ng kagamitang pampagtuturo ay nakatuon lamang sa ikaanim na baitang. | Mga Mag-aaral | (15) 3 | (836) 209 | (15) 5 | - - | - - | (866) 217 | 3.99 | S |
| | Mga Guro | (5) 1 | (12) 3 | (6) 2 | - - | - - | (23) 6 | 3.83 | S |
| | Mga Eksperto | (25) 5 | (8) 2 | - - | (2) 1 | - - | (35) 8 | 4.38 | S |
| 3. Lahat ng mga gawain o pamamaraan ay kawili-wili at sumasakop sa mga mag aaral sa ikaanim na baitang. | Mga Mag-aaral | (5) 1 | (864) 216 | - - | - - | - - | (869) 217 | 4.00 | S |
| | Mga Guro | (5) 1 | (16) 3 | (3) 1 | - - | - - | (24) 6 | 4.00 | S |
| | Mga Eksperto | (10) 2 | (20) 5 | - - | (2) 1 | - - | 32 (8) | 4.00 | S |
| 4. Lahat ng mga gawain sa pagsasanay ay kaaya-aya para sa mga mag-aaral sa ika-anim na baitang. | Mga Mag-aaral | (1080) 216 | (4) 1 | - - | - - | - - | (1084) 217 | 5.00 | LS |
| | Mga Guro | (10) 2 | (16) 4 | - - | - - | - - | (26) 6 | 4.33 | S |
| | Mga Eksperto | (10) 2 | (20) 5 | - - | (2) 1 | - - | (32) 8 | 4.00 | S |
| 5. Lahat ng mga aytem na naglalayon sa pagtasa ay sumusukat sa lahat ng mga kasanayan sa ika-anim na baitang. | Mga Mag-aaral | - - | (856) 214 | (6) 2 | (2) 1 | - - | (864) 217 | 3.98 | S |
| | Mga Guro | (5) 1 | (20) 5 | - - | - - | - - | (25) 6 | 4.17 | S |
| | Mga Eksperto | (15) 3 | (16) 4 | - - | (2) 1 | - - | (33) 8 | 4.13 | S |

May karugtong sa kabila

**Karugtong**
**Talahanayan Blg. 5**

| AYTEM | MGA TAGA-SAGOT | MGA KASAGUTAN | | | | | | WEIGHTED MEAN | INTER-PRETAS-YON |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | LS 5 | S 4 | DT 3 | DS 2 | LDS 1 | TOTAL | | |
| Total | Mga Mag-aaral | (2185) 437 | (2560) 640 | (21) 7 | (2) 1 | - - | (4768) 1085 | | |
| | Mga Guro | (35) 7 | (80) 20 | (9) 3 | - - | - - | (124) 30 | | |
| | Mga Eksperto | (90) 18 | (72) 18 | - - | (8) 4 | - - | (170) 40 | | |
| Grand Mean | Mga Mag-aaral | | | | | | | 4.39 | S |
| | Mga Guro | | | | | | | 4.13 | S |
| | Mga Eksperto | | | | | | | 4.25 | S |
| Standard Deviation | Mga Mag-aaral | | | | | | | 0.245 | |
| | Mga Guro | | | | | | | 0.038 | |
| | Mga Eksperto | | | | | | | 0.081 | |

**Pinagmulan:**

| Antas | Interpretasyon | |
|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon | (LS) |
| 3.51 – 4.50 | Sumasang-ayon | (S) |
| 2.51 – 3.50 | Di-tiyak | (DT) |
| 1.51 – 2.50 | Di-sumasang-ayon | (DS) |
| 1.00 – 1.50 | Lubos na di-sumasang-ayon | (LDS) |

ayunan" ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ito ay ang mga sumusunod: "ang mga kagamitang pampagtuturo ay naglalayong makapaggabay sa pagtuturo ng isang kasanayan o mga kasanayan" at " lahat ng mga gawain sa pagsasanay ay kaaya-aya para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang" na may parehong bahagdan na 5.00. Samantala, ang natitirang tatlong aytem ay "sinang-ayunan" naman ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ang aytem na nagsasaad na "lahat ng mga gawain o pamamaraan ay

kawili-wili at sumasakop sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang lamang" ang nagkamit ng pinakamataas na bahagdan na 4.00 at ang "lahat ng aytem na naglalayon sa pagtasa ay sumusukat sa lahat ng mga kasanayan sa ikaanim na baitang" ang nagkamit ng pinakamababang bahagdan na 3.98.

Sa panig ng mga guro sa Filipino sa ikaanim na baitang, ang mga kagamitang pampagtuturo ay "sinang-ayunan" nila batay sa katumpakan nito ayon sa kayarian. Ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng kabuuang pinagsamang weighted mean na 4.13 na may standard deviation na 0.038. Mula sa naturang pahayag, makikita natin na lahat ng mga aytem para sa katangiang ito ay "sinang-ayunan" ng mga guro kung saan "ang mga kagamitang pampagtuturo ay naglalayon na makapaggabay sa pagtuturo ng isang kasanayan o mga kasanayan" at " lahat ng mga gawain sa pagsasanay ay kaaya-aya para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang" ay parehong nakakuha ng pinakamataas na bahagdan sa halagang 4.33. Ang aytem na nagsasaad ng "lahat ng mga gawain o pamamaraan ay kawili-wili at sumasakop sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang lamang.

Sa panig naman ng mga eksperto sa Filipino, sila ay nagkaisa sa "pagsang-ayon" sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian nito. Ang persepsyon na ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng kabuuang pinagsamang weighted mean na nagkakahalaga ng 4.25 at sa standard deviation na 0.081. Katulad ng mga guro, ang mga eksperto man ay nagkaisa sa pagtasa sa katumpakan ng nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian nito batay sa mga aytem na kasali rito na may antas na "pagsang-ayon" sa lahat ng mga ito maliban sa aytem na nagsasaad na "ang mga

kagamitang pampagtuturo ay naglalayon na makapaggabay sa pagtuturo ng isang kasanayan o mga kasanayan" kung saan ito ay "lubos na sinang-ayunan" nila. Sa apat na aytem na "sinang-ayunan ng mga kalahok na eksperto sa Filipino ay ang mga aytem na nagsasaad na "lahat ng mga gawain o pamamaraan ay kawili-wili at sumasakop sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang lamang" at "lahat ng mga gawain sa pagsasanay ay kaaya-aya para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang" ay ang mga nagkamit ng pinakamababang bahagdan sa halagang 4.00.

**Katumpakan ayon sa kaanyuan.** Ang persepsyon naman ng tatlong kategorya ng mga tagasagot sa talatanungan batay sa katumpakan ng nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kaanyuan ng mga ito ay inilahad ng Talahanayan Bilang 6. Batay sa naturang talahanayan, ang mga mag-aaral ay "lubos na sumang-ayon" dito sa pamamagitan ng pagbibigay ng kabuuang pinagsamang weighted mean na 4.56 na may standard deviation na 0.143. Sa mga aytem na kasangkot dito, apat ang "lubos na sinang-ayunan" ng mga kalahok na mag-aaral at isa lang ang sinang-ayunan nila. Sa mga aytem na "lubos na sinang-ayunan", ang mga aytem na nagsasaad na "ang pagkakasulat sa pahina ay tama" at "ang pag-iimprenta ay kanais-nais" na parehong nagtamo ng 5.00 na bahagdan ang nagkamit ng pinakamataas na halaga. Samantala ang nag-iisang aytem na "sinang-ayunan", "ang kagamitan ay talagang nag-aanyong kagamitang pampagtuturo at hindi sa ano pa man" na may natamong bahagdan na 4.00 ang nakakuha ng pinakamababang halaga.

Sa panig ng mga guro sa asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang, ang kanilang kabuuang persepsyon tungkol dito ay binigyan ng weighted mean na 4.17 na

## Talahanayan Bilang 6

## Katumpakan ng mga Kagamitang Pampagtuturo Batay sa Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng mga Tagasagot Ayon sa Kaanyuan

| AYTEM | MGA TAGA-SAGOT | MGA KASAGUTAN | | | | | | WEIGHTED MEAN | INTER-PRETAS-YON |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | LS 5 | S 4 | DT 3 | DS 2 | LDS 1 | TOTAL | | |
| 1. Ang kagamitan ay talagang nag-aanyong kagamitang pampagtuturo at hindi sa ano pa man. | Mga Mag-aaral | - - | (868) 217 | - - | - - | - - | (868) 217 | 4.00 | S |
| | Mga Guro | (25) 5 | (4) 1 | - - | - - | - - | (29) 6 | 4.83 | LS |
| | Mga Eksperto | (20) 4 | (16) 4 | - - | - - | - - | (36) 8 | 4.50 | S |
| 2. Ang aralin ay naisasaayos ayon sa pagkasunodsunod simula sa pinakamadali hanggang sa pinakamahirap. | Mga Mag-aaral | (1070) 214 | (12) 3 | - - | - - | - - | (1082) 217 | 4.99 | LS |
| | Mga Guro | - - | (24) 6 | - - | - - | - - | (24) 6 | 4.00 | S |
| | Mga Eksperto | - - | (32) 8 | - - | - - | - - | (32) 8 | 4.00 | S |
| 3. Ang pagkakasulat sa pahina ay tama. | Mga Mag-aaral | (1085) 217 | - - | - - | - - | - - | (1085) 217 | 5.00 | LS |
| | Mga Guro | | (4) 1 | (9) 3 | (4) 2 | - - | (17) 6 | 2.83 | DT |
| | Mga Eksperto | (25) 5 | (8) 2 | - - | (2) 1 | - - | (35) 8 | 4.38 | S |
| 4. Ang pag-iimprenta ay kanais-nais. | Mga Mag-aaral | (1085) 217 | - - | - - | - - | - - | (1085) 217 | 5.00 | LS |
| | Mga Guro | (25) 5 | (4) 1 | - - | - - | - - | 29 (6) | 4.83 | LS |
| | Mga Eksperto | (20) 4 | (16) 4 | - - | - - | - - | (36) 8 | 4.50 | S |
| 5. Ang tuntunin (format) ng kagamitan ay naayos at naiintindihan. | Mga Mag-aaral | (1035) 207 | (36) 9 | (3) 1 | - - | - - | (1074) 217 | 4.95 | LS |
| | Mga Guro | (10) 2 | (16) 4 | - - | - - | - - | (26) 6 | 4.33 | S |
| | Mga Eksperto | (20) 4 | (16) 4 | - - | - - | - - | (36) 8 | 4.50 | S |

**May karugtong sa kabila**

**Karugtong**
**Talahanayan Blg. 6**

| AYTEM | MGA TAGA-SAGOT | MGA KASAGUTAN LS 5 | S 4 | DT 3 | DS 2 | LDS 1 | TOTAL | WEIGHTED MEAN | INTER-PRETAS-YON |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Total | Mga Mag-aaral | (4275) 855 | (916) 229 | (3) 1 | - - | - - | (5194) 1085 | | |
| | Mga Guro | (60) 12 | (52) 13 | (9) 3 | (4) 2 | - - | (125) 30 | | |
| | Mga Eksperto | (85) 17 | (88) 32 | - - | (2) 1 | - - | (175) 40 | | |
| Grand Mean | Mga Mag-aaral | | | | | | | 4.79 | LS |
| | Mga Guro | | | | | | | 4.17 | S |
| | Mga Eksperto | | | | | | | 4.38 | S |
| Standard Deviation | Mga Mag-aaral | | | | | | | 0.156 | |
| | Mga Guro | | | | | | | 0.544 | |
| | Mga Eksperto | | | | | | | 0.038 | |

**Pinagmulan:**

| **Antas** | **Interpretasyon** | |
|---|---|---|
| 4.51 – 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon | (LS) |
| 3.51 – 4.50 | Sumasang-ayon | (S) |
| 2.51 – 3.50 | Di-tiyak | (DT) |
| 1.51 – 2.50 | Di-sumasang-ayon | (DS) |
| 1.00 – 1.50 | Lubos na di-sumasang-ayon | (LDS) |

nagpapahiwatig ng kanilang "pagsang-ayon" sa katumpakan ng mga nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kabuuan nito. Sa mga aytem na nagtatasa ukol dito, ang mga aytem na nagsasaad na "ang kagamitan ay talagang nag-aanyong kagamitang pampagtuturo at hindi sa ano pa man" at "ang pag-iimprenta ay kanais-nais" ay "lubos na sinang-ayunan" nila na may parehong bahagdan na 4.83. Ang aytem na nagsasaad na "ang pormat ng kagamitan ay maayos at naiintindihan" at "ang aralin ay maisaayos ayon

sa pagkasunud-sunod simula sa pinakamadali tungo sa pinakamahirap" ay "sinang-ayunan" ng mga kalahok na guro na may bahagdan na 4.33 at 4.00. "Ang pagkakasulat sa pahina ay tama" naman ay ang aytem na binigyan ng markang "di-tiyak" ng mga ito.

Sa ganang mga dalubhasa sa wikang Filipino naman, ang katumpakan ng nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kabuuan nito ay "sinang-ayunan" nila na may kabuuang weighted mean na 4.38 at standard deviation na 0.038. Sa limang aytem sa pagtasa ukol dito, lahat ay binigyan din ng markang may "pagsang-ayon" kung saan ang mga aytem na nagsasaad na "ang kagamitan ay talagang nag-aanyong kagamitang pampagtuturo at hindi sa ano pa man", "ang pag-iimprenta ay kanais-nais" at "ang pormat ng kagamitan ay maayos at naiintindihan" na may pare-parehong bahagdan na 4.50 ang nagkamit ng pinakamataas na halaga. Samantala, ang aytem na nagsasaad na "ang aralin ay naisaayos ayon sa pagkasunud-sunod simula sa pinakamadali tungo sa pinakamahirap" ang nagkamit ng pinakamababang bahagdan na 4.00.

## Paghahambing ng mga Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng Tagasagot

Ang bawat kategorya ng tagasagot ay may kani-kanilang opinyon o persepsyon ukol sa katumpakan ng mga nadebelop na kagamitang pampagtuturo. Upang malaman kung mayroong mahalagang pagkakaiba ang kanilang mga persepsyon, ang mga ito ay pinaghambing sa pamamagitan ng Analysis of Variance (ANOVA). Dito ay ilalahad ang resulta na natuklasan sa pamamaraang ito.

**Katumpakan sa nilalaman.** Sa Talahanayan Bilang 7, makikita ang mga datos ng mga natuos na halaga ng F. Dito mapapatunayan na sa pagitan ng tatlong kategorya

ng mga tagasagot sa katanungan, walang makabuluhang pagkakaiba ang kanilang mga persepsyon ukol sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman ng mga ito. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng natuos na halaga ng F na 1.01 na mas mababa kaysa sa halagang tabular ng F na 3.89 sa df 2 at 12 sa $v_1$ at $v_2$ na tinaya sa .05 antas ng halaga.

Sa mga naturang halaga, ito ay nagpapatunay na ang persepsyon ng tatlong kategorya ng mga tagasagot ay halos magkakapareho – ang mga kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman ay tumpak at angkop.

**Talahanayan Bilang 7**

**Ang Talahanayan ANOVA sa Paghahambing ng mga Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng Tagasagot Ukol sa Katumpakan ng mga Kagamitang Pampagtuturo ayon sa Nilalaman**

| Pinagmulan ng Pagkaka-iba | Kabuuan ng Square | df | Bahag-dang Square | Halaga ng F | | Kahu-lugan | Desis-Yon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Natuos | Tabular | | |
| Sa Pagitan ng Bawat Grupo | 0.2642 | 2 | 0.1321 | **1.01** | **3.89** | Walang makabu-luhang pagka-kaiba | Tang-gapin ang ipotesis |
| Sa Loob ng Grupo | 1.5722 | 12 | 0.1310 | | | | |
| Kabuuan | 1.8364 | 14 | | | | | |

**Katumpakan sa kayarian.** Sa Talahanayan Bilang 8 ay makikita ang mga datos ng mga natuos na halaga ng F. Dito mapapatunayan na sa pagitan ng tatlong kategorya ng mga tagasagot sa katanungan, walang makabuluhang pagkakaiba ang kanilang mga persepsyon ukol sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian ng mga ito. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng natuos na halaga ng F na 0.57 na mas mababa kaysa sa halagang tabular ng F na 3.89 sa df 2 at 12 sa $v_1$ at $v_2$ na tinaya sa .05 antas ng halaga.

Sa mga naturang halaga, ito ay nagpapatunay na ang persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot ay halos magkakapareho – ang mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian ay tumpak at angkop.

**Talahanayan Bilang 8**

**Ang Talahanayang ANOVA sa Paghahambing ng mga Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng Tagasagot Ukol sa Katumpakan ng mga Kagamitang Pampagtuturo ayon sa Kayarian**

| Pinagmulan ng Kaibhan | Kabuuan ng Square | df | Bahagdang Square | Halaga ng F | | Kahulugan | Desisyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Natuos | Tabular | | |
| Sa Pagitan ng Bawat Grupo | 0.1720 | 2 | 0.0860 | 0.57 | 3.89 | Walang makabuluhang pagkakaiba | Tanggapin ang ipotesis |
| Sa Loob ng Grupo | 1.8191 | 12 | 0.1516 | | | | |
| Kabuuan | 1.911 | 14 | | | | | |

**Katumpakan sa kaanyuan.** Sa Talahanayang Bilang 9 ay makikita ang mga datos ng mga natuos na halaga ng F. Dito mapapatunayan natin na sa pagitan ng tatlong kategorya ng mga tagasagot sa katanungan, walang makabuluhang pagkakaiba ang kanilang mga persepsyon ukol sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kaanyuan ng mga ito. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng natuos na halaga ng F na 0.57 na mas mababa kaysa sa halagang tabular ng F na 3.89 sa df 2 at 12 sa $v_1$ at $v_2$ na tinaya sa .05 antas ng halaga.

Sa mga naturang halaga, ito ay nagpapatunay na ang persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot ay halos magkakapareho – ang mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kaanyuan ay tumpak at angkop.

**Talahanayan Bilang 9**

**Ang Talahanayang ANOVA sa Paghahambing ng mga Persepsyon ng Tatlong Kategorya ng Tagasagot Ukol sa Katumpakan ng mga Kagamitang Pampagtuturo ayon sa Kaanyuan**

| Pinagmulan ng Kaibhan | Kabuuan ng Square | Df | Bahagdang Square | Halaga ng F | | Kahulugan | Desisyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Natuos | Tabular | | |
| Sa Pagitan ng Bawat Grupo | 1.0068 | 2 | 0.5034 | 1.64 | 3.89 | Walang makabuluhang pagkakaiba | Tanggapin ang ipotesis |
| Sa Loob ng Grupo | 3.6865 | 12 | 0.3072 | | | | |
| Kabuuan | 4.6933 | 14 | | | | | |

**Pormula ng Kabisaan sa Pagbasa**

Upang lubos na matasa at mapatunayan ang katumpakan ng nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo, ang mga ito ay isinailalim sa pormula ng kabisaan sa pamamagitan ng pormula ni Flesch. Ang mananaliksik ay kumuha ng sampol na dalawampung pahina sa kagamitang pampagtuturo sa pamamagitan ng pagpiling random. Ang mga bilang ng mga salita, talata, pantig at mga salitang personal kasama ang bilang ng mga pangungusap at ang personal na pangungusap ay binilang sa mga napiling sampol na pahina at ang Reading Ease Score (RES) at ang Human Interest Score (HIS) ay tinaya mula dito. Ang Talahanayan Bilang 10 ang magpapahayag ng mga natamong resulta.

**Talahanayan Bilang 10**

**Natuos na Halaga ng Pormula ng Kabisaan**

| Tandaan | Natuos na Halaga | Kahulugan |
|---|---|---|
| Katamtamang haba ng salita | 89.5 | |
| Katamtamang haba ng pangungusap | 45.5 | |
| Porsyento ng salitang personal | 4.433% | |
| Porsyento ng pangungusap na personal | 72.651% | |
| Reading Ease Score (RES) | 84.936 | Ikaanim na baitang |
| Human Interest Score (HIS) | 22.974 | Kaayaaya o kawili wili |

Mula sa pahayag ng naturang talahanayan, ang katamtamang haba ng salita ay 89.5 na pantig sa bawat salita, samantala ang katamtamang haba ng pangungusap naman ay tinaya sa 45.5 na salita bawat pahina. Ang porsyento ng mga salitang personal ay 4.433 porsyento habang 72.651 porsyento naman ang mga personal na pangungusap. Mula sa mga natuos na mga halaga, ang RES ay tinaya sa halagang 84.936 na nangangahulugan na ang nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ay nababagay o angkop para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ang HIS ay tinaya sa halagang 22.974 na nagpapahiwatig na ang mga nadebelop na kagamitang pampagtuturo ay kaaya-aya o kawili-wili para sa mga naturang mag-aaral.

## Kabanata 5

## LAGOM NG KINALABASAN, MGA KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng nilagom na mga resulta, mga konklusyon at mga rekomendasyon batay sa kinalabasan ng pananaliksik na ito.

**Lagom ng Kinalabasan**

Sa pamamagitan ng mga instrumentong ginamit at angkop na estadistika, ang mga sumusunod ay ang mga pangunahing kinalabasan:

1. Batay sa pagsubok na sarbey na may 50 na mga aytem, ang mga aytem bilang 22 at 25 ay tinayang pinakamahirap na may 29 at 30 porsyento. Samantala, ang mga aytem na may bilang na 20, 21, 23, 24, 32, 37, 38, 39, 40, 42, 43, 44, 45, 46,. 47, 48, 49 at 50 na may 19 porsyento, 33 porsyento, 40 porsyento, 35 porsyento, 41 porsyento, 35 porsyento, 38 porsyento, 32 porsyento, 35 porsyento, 41 porsyento, 37 porsyento, 40 porsyento, 47 porsyento, 43 porsyento, 40 porsyento, 38 porsyento, 36 porsyento at 45 porsyento ayon sa kanilang pagkasunud-sunod ay ang mga tinayang mahirap para sa ikaanim na baitang. Ang mga naturang aytem ay sumasaklaw sa sumusunod na kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa Filipino: a) paghinuha; b) pagkuha ng paksang-diwa; c) pagsunud-sunod sa pangyayari; at d) pagwawakas.

2. Ang kasarian ng mga mag-aaral ay may mahalagang kaugnayan sa mga kahirapan sa kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino na kanilang

natuklasan. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng natuos na halaga ng Fisher's t na 2.377 kung saan ito ay lubhang mahigit kaysa sa tabular na halaga ng t na 1.960.

3. Ang gulang ng mga kalahok ay napatunayan din na may mahalagang kaugnayan sa mga kahirapan sa mga kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino na kanilang nasumpungan. Ito ay pinagtibay sa pamamagitan ng natuos na halaga ng Fisher's t na 2.377 na lubhang mahigit kaysa tabular na halaga ng t na 1.960. Ito ay nagpapatunay na kapag nasa tamang gulang ang isang mag-aaral ay lalong nagiging malawak ang kanyang pang-unawa sa pagbasa sa wikang Filipino.

4. Ang kahusayan sa wikang Filipino ng mga bata ay isa pang bagay na may mahalagang kaugnayan sa mga natamong kahirapan sa mga kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng natuos na halaga ng Fisher's t na 72.210 na lubhang mahigit kaysa halagang tabular ng t na 1.960.

5. Batay sa napatunayan mahalagang kaugnayan ng mga baryets sa kahirapan sa mga kasanayan sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang kahirapan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito at ang kani-kanilang mga baryets", ay hindi tinanggap.

6. Ang mga mag-aaral ay "lubos na sumasang-ayon" sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman ng mga ito. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng weighted mean na 4.56 na may standard deviation na 0.143. Sa panig ng mga guro, ang katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman ay "sinang-ayunan" nila. Ito ay ipinahayag nila sa pamamagitan ng weighted mean na 4.40 na may standard deviation na 0.126. Ang mga dalubhasa sa wikang Filipino rin ay

nagpahayag ng "pagsang-ayon" sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman sa pamamagitan ng weighted mean na 4.25 na may standard deviation na 0.050.

7. Sa katumpakan ng kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian nito, ang mga mag-aaral ay nagbigay ng weighted mean na 4.39 na may standard deviation na 0.245. Ito ay nagpahayag ng "pagsang-ayon". Ang mga guro sa asignaturang Filipino ay nagbigay ng weighted mean na 4.13 na may standard deviation na 0.038 na nagpapahayag ng "pagsang-ayon". Sa panig ng mga dalubhasa sa wikang Filipino naman, sila ay nagpahayag ng "pagsang-ayon" din. Ito ay ipinakita nila sa pamamagitan ng weighted mean na 4.25 na may standard deviation na 0.081.

8. Ang persepsyon ng mga mag-aaral sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kaanyuan nito ay nagpahayag ng "lubos na pagsang-ayon" sa pamamagitan ng weighted mean na 4.79 na may standard deviation na 0.156. Ang mga guro naman ay "sumasang-ayon" na may weighted mean na 4.17 na may standard deviation na 0.544. At ang mga dalubhasa sa wikang Filipino ay nagpahayag ng parehong persepsyon. Sila ay "sumang-ayon" sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kaanyuan nito. Ito ay pinatunayan nila sa pamamagitan ng weighted mean na 4.38 na may standard deviation na 0.028.

9. Sa paghahambing ng mga persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot, ang natuos na halaga ng F ay 1.01 para sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa nilalaman nito. Ang natuos na halaga ng F ay napatunayan na mas mababa kaysa

halagang tabular ng F na 3.89. Ibig sabihin, walang makabuluhang pagkakaiba sa persepsyon ng mga tagasagot.

10. Sa paghahambing ng mga persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot, ang natuos na halaga ng F ay 0.57 para sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kayarian nito. Ang natuos na halaga ng F ay napatunayan na mas mababa kaysa sa halagang tabular ng F na 3.89. Ibig sabihin, walang makabuluhang pagkakaiba sa persepsyon ng mga tagasagot.

11. Sa paghahambing ng mga persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot, ang natuos na halaga ng F ay 1.64 para sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo ayon sa kaanyuan nito. Ang natuos na halaga ng F ay napatunayan na mas mababa kaysa sa halagang tabular ng F na 3.89. Ibig sabihin, walang makabuluhang pagkakaiba sa persepsyon ng mga tagasagot.

12. Sa natuos na halaga ng F sa paghahambing ng mga persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot ukol sa katumpakan ng mga kagamitang pamapagtuturo, ang ipotesis na nagsasaad na "walang makabuluhang pagkakaiba sa persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot ukol sa katumpakan ng mga kagamitang pampagtuturo" ay tinanggap.

13. Sa pagtasa ng mga kagamitang pampagtuturo sa pamamagitan ng Pormula ng Kabisaan sa pagbasa ayon sa pormula ni Flesch, ay nagpahayag ng natuos na halaga ng RES na 84.936 na nangangahulugan na ang nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ay nababagay o naaangkop para sa mag-aaral sa ikaanim na baitang. Samantala, ang HIS ay tinaya sa halagang 22.974 na nagpapahiwatig na ang mga

nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo ay kaayaaya o kawili-wili para sa mga naturang mag-aaral.

## Mga Konklusyon

Batay sa mga pangunahing resultang inilahad, ang sumusunod ay ang mga konklusyong nabuo:

1. Batay sa pagsubok na sarbey sa pagbasa na may pang-unawa sa Filipino, apat sa limang mga kasanayan ang tinayang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ang mga kasanayang lubhang mahirap para sa kanila ay ang: 1) paghinuha; 2) pagkuha ng paksang-diwa; 3) pagsunud-sunod sa mga pangyayari; at 4) pagwawakas. Ang mga naturang kasanayan sa pagbasa ay dapat linangin at iangat ang antas nito sa pamamagitan ng pagdebelop ng mga kagamitang pampagtuturo bilang karagdagang kagamitan sa pagtuturo.

2. Ang antas ng pang-unawa ay mayroon makabuluhang kaugnayan sa mga katangian o baryets ng mga mag-aaral, kagaya ng gulang, kasarian at kahusayan sa Filipino. Samakatuwid, sa pagtuturo ng mga kasanayan sa pagbasa ay dapat isaalang-alang ang mga baryets na ito ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang ipotesis na nagsasaad na "walang mahalagang kaugnayan ang kahirapan sa mga baryets ng kalahok" ay hindi tinanggap.

3. Ang mga kagamitang pampagtuturo ayon sa pagpapatibay nito sa pamamagitan ng tatlong kategorya ng tagasagot ay tumpak ayon sa nilalaman, kayarian at kaanyuan nito. Ang tatlong kategorya ng tagasagot ay nagbigay ng kani-kanilang opinyon, subalit sila ay nagkakapareho at walang makabuluhang pagkakaiba sa kani-

kanilang persepsyon. Sumakatuwid, ang ipotesis na nagsasaad na "walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng persepsyon ng tatlong kategorya ng tagasagot sa pagkabalido ng mga kagamitang pampagtuturo" ay tinanggap. Ang ibig sabihin nito, na ang mga kagamitang pampagtuturo na nadebelop ay tumpak at karapatdapat ayon sa nilalaman, kayarian at kaanyuan ng mga ito.

4. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay tumpak at angkop para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ito ay karapatdapat at angkop para sa kanilang antas sapagkat ang pagkakagawa ay ayon sa kanilang interes, higit sa lahat ang nilalaman ay hindi nakakatamad para sa kanila bagkus ang mga ito ay kawili-wili kung kaya't inaasahan itong magpapa-angat sa antas ng kanilang pang-unawa sa pagbasa sa Filipino.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa nabuong mga konklusyon sa pag-aaral na ito, ang sumusunod na mga tagubilin ay iminumungkahi:

1. Ang mga nadebelop na kagamitang pampagtuturo ay inirerekomendang gamitin para mapa-angat ang antas ng pagbasang may pang-unawa sa Filipino.

2. Matibay na iminumungkahi rin ng mananaliksik na ang mga kagamitang ito ay gamitin bilang karagdagang materyal sa paglinang ng mga kasanayang lubhang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

3. Malugod na iminumungkahi rin ng mananaliksik na ang mga kagamitang pampagtuturong ito ay malawakang subukin sa loob ng isang taon upang mataya ang bisa nito sa pagpapa-angat ng antas ng pang-unawa ng mga batang mag-aaral.

4. Dagdag na pag-aaral tungkol sa antas ng pang-unawa sa pagbasa sa Filipino ay maaaring isagawa sa ibang distrito upang masubok ang mga kasanayang lubhang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

5. Maaaring magsagawa ng isang pag-aaral na kawangis nito subalit sa ibang pokus ng pang-unawa sa asignaturang Filipino ang bigyan ng isang mahalagang pagpansin.

**Kabanata 6**

# MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURONG NADEBELOP SA PAGBASA NA MAY PANG-UNAWA SA FILIPINO PARA SA IKAANIM NA BAITANG

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng nadebelop na mga kagamitang pampagtuturo sa pagbasa na may pang-unawa sa wikang Filipino na may layuning maiangat ang antas ng mga kasanayan na lubhang mahirap para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang kaalinsabay na maiangat din ang antas ng kanilang pang-unawa.


## Pasimula

Matutunghayan sa mga kasunod na pahina ang mga kagamitang pampagtuturong nadebelop para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ayon sa mga aralin at mga seleksyong inilahad.

| | | |
|---|---|---|
| Aralin Blg. 1 | - | Buhay Estudyante |
| Aralin Blg. 2 | - | Kalikasan Kapalit ng Kaunlaran |
| Aralin Blg. 3 | - | Ang Wika At Ang Kabataan |
| Aralin Blg. 4 | - | Karunungan: Sa Isip at Sa Diwa |
| Aralin Blg. 5 | - | Makabagong Kabataan |
| Aralin Blg. 6 | - | Ito ang Bansa Ko, Bansang Pilipinas |
| Aralin Blg. 7 | - | Ang Yungib ng Tabon Sa Palawan |
| Aralin Blg. 8 | - | Ang Alamat ng Kasoy |

| | | |
|---|---|---|
| Aralin Blg. 9 | - | Ang Seremonya ng Tsa |
| Aralin Blg. 10 | - | Ang Bagong Vietnam sa Asya |
| Aralin Blg. 11 | - | Barangay: Batayang Yunit ng Pamahalaan Noon at Ngayon |
| Aralin Blg. 12 | - | Ang Mga Tribong Barbaro |

# Mga Kagamitang Pampagtuturo sa Pagbasa sa Wikang Filipino Para sa Ikaanim na Baitang



# ARALIN BILANG 1

**KASANAYAN** : **PAGHINUHA**

**LAYUNIN** : Nakapagbibigay ng palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayari sa isang pahayag o kuwentong binasa.

**BASAHIN NATIN :**

## BUHAY ESTUDYANTE

*Makulay ang buhay nating mga estudyante. May mga karanasan tayo na hindi nating makakalimutan, mga karanasang umiikot sa mga barkada at kaibigan, mga guro, mga kamag-aral.*

*Kung sabagay, kung minsan ay masasabi nating mahirap ang buhay estudyante. Kaya nga't marami sa atin ang mas gugustuhing wala na lamang pasok. Iyon ang lagi nating inaasam. Hindi ba? Bakit nga ba? Dahilan ba sa mga gawain sa eskwela na ayaw na ayaw nating gawin? Isang halimbawa ay ang mga proyekto, lalung-lalo na sa Agham, Matematika, Sibika at Kultura, atbp. Hindi ba't nakapapagod din naman ang mga gawaing ito kung kaya ay nakatatamad? Hindi ba?*

*Kung minsan naman, masasabi nating masarap din ang buhay estudyante. Masarap sapagkat marami tayong nagiging bagong kaibigan. Nalilinang ang ating karunungan. Nakapaglalaro tayo, kasama ng ating mga kamag-aral. Tinatamad lang tayo kung minsan sa pag-aaral dahil sa ating ugali na kung tawagin ay mañana habit o di kaya'y "ningas-kugon". Tandaan sana natin na kapag sipag ang pinairal, kaunlaran ang siyang makakamtan.*

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

## ALAMIN NATIN

### A. <u>Pagpapalawak ng Talasalitaan</u>

**Panuto:** *Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita. Gamitin ang diksyunaryo kung kailangan. Pagkatapos ay gamitin ito sa sariling pangungusap.*

1. **<u>makulay</u>** ang buhay
2. **<u>malilinang</u>** ang ating karunungan

3. kaunlaran ang siyang **makakamtan**
4. **tutuusin** ang mga nagawa
5. **solusyon** sa problema

**B. Punan ng tamang salita ang sumusunod na pangungusap.**

**Panuto:** *Piliin ang mga sagot sa mga salitang may salungguhit sa pagsasanay A sa itaas.*

1. Ang buhay ng estudyante ay ____________ dahil sa mga barkada at kaibigan, mga guro at kamag-aral.

2. Kung ___________ masasabi nating mahirap ang buhay estudyante.

3. Sa pamamagitan ng pagtulong at pakikiisa natin sa ating Pamahalaan ay __________ ang kaunlaran ng bansa.

4. Paano natin ___________ ang ating likas na kayamanan?

5. Kung nahihirapan ka sa iyong aralin, ang _____________ ay nasa iyong kamay.

6. Mahirap __________ ang tagumpay kung tayo ay walang pagkakaisa.

## PAG-USAPAN NATIN

**A. Pag-unawa sa Mahahalagang Puntos ng Binasa**

**Panuto:** *Tapusin ang mga sumusunod na pangungusap. Kunin ang mga sagot sa binasang mga sanaysay.*

1. Masasabi nating ______________ ang buhay-estudyante dahilan sa mga gawain sa eskuwela halimbawa ng iba't ibang mga proyekto.

2. Sa kabilang dako, kahit mahirap ang pag-aaral ay marami naman tayong mga bagong _______________.

3. Kaya't tandaan natin na kapag sipag ang pinairal, _______________ ang ating makakamtan.

4. Kung nahihirapan ka sa iyong aralin, ang solusyon ay nasa iyong ____________.

5. Kung ang iniisip mo ay madali ang mag-aral, ito ay palatandaan ng isang mabuting ______________.

6. Kung tutuusin, masaya ang maging isang mag-aaral, lalo na kung naiintindihan mo ang iyong mga ____________.

**GAWIN NATIN**

**A. <u>Pagkilala at paggamit sa mga pahayag na nagsasaad ng mga palagay tungkol sa maaring kalabasan ng mga pangyayari.</u>**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod at sagutin ng buong pangungusap ang mga tanong na makikita sa ibaba nito.*

**<u>Mga Pahayag</u>**

1. Masasabi nating mahirap ang buhay-estudyante.

2. Mahirap ba o madali ang buhay mag-aaral? Minsan ito'y mahirap, minsan ito'y madali.

3. Kung tutuusin, masaya ang maging isang mag-aaral, lalo na kung kasama mo ang iyong mga kaibigan.

4. May mga pagkakataon ding nararapat na piliin ang mga dapat kaibiganin upang ang pag-aaral ay mas mapabuti at mapaganda.

**<u>Mga Katanungan</u>**

1. Sa mga palagay na binasa, mapipili mo ba ang iba pang mga pahayag na nagsasaad ng mga pala-palagay o kuru-kuro? Anu-ano ang ibig ipakahulugan nito?

2. Maipaliliwanag mo ba ang ibig ipakahulugan ng mga pahayag na nagsasaad ng mga pala-palagay o mga kuru-kuro?

**B. <u>Pagbubuo ng Usapan</u>**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod at gumawa ng usapan.*

1. Kumuha ng isang katambal at bumuo ng isang usapan na nagbibigay ng mga palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayari. Pumili ng isa sa mga sumusunod na mga pangyayari:

1. Masipag at matiyagang mag-aaral
2. Magandang pamumuhay at kinabukasan

2. Bumuo ng ilang palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng isang batang gumagamit ng bawal na gamot at pag-usapan ito sa klase.

**C. Pagbibigay ng palagay o maaaring kalabasan ng pangyayari o sitwasyon.**

**Panuto:** *Basahin natin ang sumusunod at sagutin ang mga katanungan sa pamamagitan ng titik lamang.*

1. Papasok sa paaralan si Chabelita. Naligo, nagbihis at kumain. Kinuha ang kanyang kagamitan sa mesa. Nagpaalam at umalis. Pumasok sa paaralan at nag-umpisa na ang klase ng matuklasang naiwan ang kanyang takdang-aralin.

   Ano sa inyong palagay ang maaaring kalabasan ng mga pangyayari.

   a. Umiyak si Chabelita na napahiya.
   b. Pinagalitan at pinauwi ng guro.
   c. Mahinahon na kinausap ng guro at binigyan ng pagkakataon na makagawa uli ng takdang-aralin.
   d. Wala sa tatlo.

2. Alam ni Jessie na may pagsusulit sa susunod na araw. Sa halip na mag-aral siya, nanood lamang ng betamaks hanggang magdamag. Kinabukasan, pumasok siya at kumuha ng test.

   Ano ang inyong palagay ang maaaring kalabasan ng sumusunod na pangyayari?

   a. Makakagalitan ng guro at mapapahiya ito.
   b. Babagsak sa test at mahihiya ito sa mga kaklase.
   c. Aantukin sa klase at matutulog ito.
   d. Wala sa tatlo.

**D. Pagbibigay ng mga palagay na pangungusap na hango sa mga pangyayari tungkol sa gawi ng mga mag-aaral ngayon.**

**Panuto:** *Gumawa ng limang pangungusap na palagay at isulat sa sagutang papel ayon sa sumusunod na pangyayari.*

1. Paikut-ikot na maluha-luha si Precy sa kalagitnaan ng paaralang pinapasukan at may ilang oras din ito sa gayong kalagayan.

    1. ______________________________
    2. ______________________________
    3. ______________________________
    4. ______________________________
    5. ______________________________

# ARALIN BILANG 2

**KASANAYAN** : **PAGHINUHA**

**LAYUNIN** : Nakapagbibigay ng palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayari sa kuwento o sitwasyong binasa.

**BASAHIN NATIN** :

## KALIKASAN . . . KAPALIT NG KAUNLARAN?

*"Wala ka bang napapansin sa iyong mga kapaligiran?*
*Kay dumi na ng hangin, pati na ang mga ilog natin."*

*Bahagi lamang ito ng isang sikat na awitin na naglalarawan at tumatalakay sa kalagayan ng ating kalikasan sa kasalukuyan.*

*Ano na nga ba ang kalagayan ng ating kalagayn ng ating kalikasan sa ngayon? Dapat ba tayong matuwa o mabahala?*

*Nang likhain ng Diyos ang daigdig, ipinakaloob Niya sa atin ang magandang kalikasan na pagmumulan ng ating ikabubuhay. Ang malinis at malinaw na tubig sa mga ilog at dagat ay sagana sa mga yamang-tubig, tulad ng isda na labis-labis sa pangangailangan ng tao. Nagisnan na rin ng tao ang malinaw na batis at bukal upang pagkunan ng tubig na iinumin. Ang mga katubigang ito na rin ang nagsisilbing paliguan at panlinis ng mga tao.*

*Ang malusog na lupa ay sagana sa mga puno at halaman na mapagkukunan ng pagkain at kanlungan ng mga ibon at hayop. Sagana rin sa mineral ang ating mga kabundukan. Anupa't ang lahat ng pangangailangan ng tao ay abot-kamay lamang. Ang sariwang hangin na nagmumula sa mayayabong na puno at malinis na dagat ay tunay na nagbibigay ng kalusugan sa mga mamamayan.*

*Ngunit ang lahat ng ito ay isang panaginip na lamang sa ngayon. Isang magandang panaginip.*

*Di mapipigilan ng tao ang pagbabago at teknolohiya. Kasama ito sa pag-inog ng mundo. Sabi nga ng awiting binanggit,*

*"Hindi nga masama ang pag-unlad*
*At malayu-layo na rin ang ating narrating."*

*Ano na nga ba ang ating narating? Nakabubuti nga ba ang pagbabago sa ating kalikasan?*

*Napansin mo na ba ang unti-unting pagkawala ng ating mga luntiang taniman? Ang dating mabungang palayan at gulayan ay natabunan at tinayuan na ng mga makabagong pagawaan at subdibisyon. Ang mayayabong na puno sa ating kabundukan ay unti-unti na ring naubos at tuluyang nakalbo, gawa ng mga nagtotroso, nagkakaingin at ng mga tinatawag na illegal loggers. Maging ang mga hayop at ibon sa kagubatan ay nabulabog at nangawala dahil sa kawalan ng mga punong matitirhan at masisilungan. At maging ang ating mga ilog at dagat ay di rin nakaligtas sa maling pagbabago. Ang dating malinis at asul na tubig ay naging mabaho at maitim na rin dahil sa kawalan ng disiplina ng mga mamamayan.*

*Alamin natin ang mga nagiging bunga ng mga pagbabagong ito sa ating kalikasan. Nariyan ang polusyon ng hangin at tubig na nagiging sanhi ng iba't ibang sakit. Di rin kaila sa atin ang madalas na pagbaha sa Metro Manila dahil sa mga baradong kanal at lagusan ng tubig. Nariyan din ang flash floods o biglang pagbaha, tulad ng naganap sa Ormoc na kumitil ng maraming buhay. Ang pagtaas ng halaga ng bilihin, lalo na ng pagkain, tulad ng bigas, gulay at isda, ay bunga rin ng pagkasira ng ating kalikasan. At marami pang iba na kung lilimiin natin ay nag-ugat sa ating kawalan ng disiplina.*

*Anupa't ang dating magandang pangarap ay unti-unting naging bangungot.*

*Panahon na upang gumising tayo sa katotohanan na ang daigdig ay iisa at di maaaring palitan. Na kapag tuluyan itong nasira ay nasira na rin ang ating kinabukasan, sampu ng mga darating na henerasyon.*

*Magsilbi sanang paalala sa atin ang bahaging ito ng isang awitin . . .*

> ***"Ang mga batang ngayon lang isinilang***
> ***May hangin pa kayang matitikman?***
> ***May mga puno pa kaya silang aakyatin,***
> ***May mga ilog pa kayang lalanguyan?"***

*Sino nga ba ang dapat managot sa lahat ng mga nagaganap na ito. Ikaw ba? Ako? Sila? O . . . Tayo? Hindi na mahalagang tukuyin pa kung sino. Ang kailangan ngayon ay kumilos tayo upang mailigtas ang unti-unting pagkasira ng ating kalikasan.*

*Ang bawat isa sa atin ay may pananagutan sa atin-ating mga sarili at sa kapwa. Makiisa tayo at makipagtulungan upang maipagpatuloy ang kaunlaran nang di*

*kailangang isakripisyo ang ating natatanging yaman . . . ang kalikasan.*

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

**ALAMIN NATIN**

**A. Bigkasin nang wasto ang mga salita sa ibaba.**

**Panuto:** *Salungguhitan ang kasingkahulugan ng mga ito sa mga salita o pariralang ginamit sa kasunod na mga pangungusap.*

1. mabahala
2. sagana
3. mayayabong
4. nabulabog
5. kumitil
6. pakalimiing

1. Hindi ka dapat mag-alala dahil nasa mabuti na siyang kalagayan.
2. Ang mga punong malalago ay nagbibigay ng silungan sa mga hayop.
3. Biglang nagliparan ang mga ibon nang may marinig na putok.
4. Ang malupit na lahar ay pumuksa ng maraming buhay sa Gitnang Luzon.
5. Ano mang bagay na gagawin ay dapat na pakaisiping mabuti.

**B. Isulat ang mga salitang kasalungat.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na mga salita at isulat sa patlang ang kasalungat nito.*

1. bumuhay - ____________________
2. sagana - ____________________
3. mabahala - ____________________
4. mayayabang - ____________________
5. nabulabog - ____________________

**C. Umisip ng iba pang kahulugan ng mga salita sa Alamin Natin A.**

**Panuto:** *Isulat ang sagot at gamitin sa makabuluhang pangungusap na maaaring palagay ng isang pangyayari / sitwasyon.*

1. ________________________________________________
________________________________________________
2. ________________________________________________
________________________________________________

3. ____________________________________________
____________________________________________
4. ____________________________________________
____________________________________________
5. ____________________________________________
____________________________________________

## PAG-USAPAN NATIN

### A. Pagsagot at pagtatalakayan

**Panuto:** *Sagutin at talakayin ang mga sumusunod na tanong.*

1. Ano ang pangunahing tinalakay sa iyong binasa?
2. Paano mo ilalarawan sa sariling pangungusap ang kapaligiran noong una?
3. Anu-ano na ang mga naganap na pagbabago sa kalikasan noon at ngayon?
4. Paano nakaaapekto ang mga pagbabagong ito sa mga mamamayan?
5. Sa iyong sariling palagay o kuru-kuro, paano at kailan nakatutulong ang makabagong teknolohiya sa ating kalikasan? At bakit?

## GAWIN NATIN

### A. Pag-isipan at gumawa ng mungkahing pala-palagay.

**Panuto:** *Umisip at magmungkahi ng mga palagay tungkol sa maaaring kalabasan kung mapapanatili at mapapangalagaan ang mga sumusunod na likas na yaman. Gumamit ng buong pangungusap sa pagsagot.*

1. tubig - ____________________________________________
2. kagubatan - ____________________________________________
3. hangin - ____________________________________________
4. mga mineral - ____________________________________________

### B. Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pahayag.

**Panuto:** *Isulat sa patlang kung ito ay pala-palagay o katotohanan.*

________ 1. Labis-labis sa pangangailangan ng tao ang likas na yamang ipinagkaloob noon ng Diyos.

________ 2. Higit na mahalaga ang mga subdibisyon kaysa mga bukirin.

_______ 3. Halos lahat ng ating mga bundok at kagubatan ay tuluyan nang nakakalbo.

_______ 4. Sa mga illegal loggers lamang dapat isisi ang pagkasira ng kalikasan.

_______ 5. Ang lahat ng tao ay makatutulong sa pag-aalaga ng kalikasan.

**C. Gumupit ng isang ulo ng balita hinggil sa isyung pamahalaan.**

**Panuto:** *Magbigay ng limang palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayari ayon sa isyung pamahalaan. Gawin ito ng buong pangungusap.*

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________

# ARALIN BILANG 3

**KASANAYAN** : **PAGHINUHA**

**LAYUNIN** : Nakapagbibigay ng palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayari sa tula o sitwasyong binasa.

**BASAHIN NATIN** :

## ANG WIKA AT ANG KABATAAN

*1*

*Mga pagbabagong nagaganap ngayon*
*Ay bunga ng ating masayang panahon;*
*Batas at kultura, wika't edukasyon*
*Ay may pagbabagong hatid ay pagsulong.*

*2*

*Sa bawat pagsulong ay kasangkot ako*
*Bilang kabataang masigla't aktibo;*
*Tanging puhunan ko'y lakas at talino,*
*Ang gamit kong wika'y wikang Filipino.*

*3*

*Sa tuwing ang wika'y palalaganapin*
*Nangunguna ako sa mga gawain;*
*Sa pagsasalita at pagsulat din*
*Wikang Filipino'y may puwang sa akin.*

*4*

*Wikang Filipino'y sinlawak ng gubat,*
*Sintayog ng bundok, sinlalim ng dagat;*
*May malayang diwang kapanga-pangarap,*
*Tunay na bantayog ng lahing matatag.*

*5*

*Kabataan ako . . . Pilipinong tunay,*
*Kabalikat ako ng wika kong mahal;*
*Sa mga gawain ako'y isang daan*
*Sa pagpapaunlad ng wikang pambayan.*

*6*
*Bilang kabataan ako'y naririto,*
*Gamit ko ang wika saan man magtungo;*
*Paggamit ng wika'y tatak-Pilipino*
*Isabay sa landas ng nasyonalismo.*

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

**ALAMIN NATIN**

**A.** Basahin ang sumusunod na mga salita at sabihin ang kahulugan nito.

| | |
|---|---|
| nagaganap | sintayog |
| pagsulong | bantayog |
| kasangkot | kabalikat |
| puhunan | puwang |
| palalaganapin | nasyonalismo |

**B.** Punan ng tamang salita ang mga sumusunod na mga pangungusap. Piliin ang salita sa kahon sa itaas.

1. Maraming ______________ na kababalaghan sa ating daigdig.
2. May ________________ sa aking puso ang mga taong maralita.
3. Ang _______________ ni Rizal sa Luneta ay binabantayan ng mga sundalo.
4. Ang gusali ng Meralco ay _________________ ng gusali ng Ortigas.
5. Nakasalalay sa mga kamay ng manggagawa ang ________________ ng ating bansa.
6. May ilang opisyales sa ating Pamahalaan ang diumano'y ______________ sa illegal logging.
7. Sinabi ni Pangulong Ramos na ang mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa ay _______________ natin sa pagpapaunlad ng Pilipinas.
8. _________________ sa buong bansa ng Pangulong Ramos ang proyektong "Pilipinas sa Taong 2000".
9. Malaking _______________ ang kailangan ng ating Pamahalaan upang sagipin ang natitira pang lahi ng mga pawikan sa bansa.
10. Naipakita ng ating mga bayani ang diwa ng _______________ nang ibuwis nila ang kanilang buhay para sa bayan.

**C. Paggawa ng mga pangungusap batay sa mga salitang binigyang kahulugan.**

**Panuto:** *Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang sumusunod na hango sa kahon A at pag-usapan ang mga ito.*

1. puhunan
2. puwang
3. kabalikat
4. kasangkot
5. nagaganap

## PAG-USAPAN NATIN

**A. Pagsagot ng mga tanong tungkol sa tula.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na mga tanong at sagutin ito ng buong pangungusap.*

1. Ayon sa may-akda, anu-ano raw ang mga pagbabagong nagaganap ngayon?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Anong bahagi ang ginagampanan ng kabataan sa pagsulong ng bansa? Ipaliwanag.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

3. Banggitin ang mga gawaing isinasagawa ng kabataan sa pagpapalaganap ng wika.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

4. Paano inilalarawan ng may-akda ang wikang Filipino?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

5. Ayon sa tula, mahalaga ba sa kabataang Filipino ang wikang Filipino? Ipaliwanag ang kasagutan.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

## GAWIN NATIN

**A. Pagtatalakayan sa mga sumusunod na mga kalagayan at katanungan.**

**Panuto:** *Basahin ang mga ito at magkaroon ng mga pala-palagay sa pagsagot sa mga katanungan.*

1. Banggitin mo ang mga pagbabagong nasaksihan mo sa kasalukuyang panahon. Ano sa palagay mo ang dulot nito sa ating pagsulong?
2. Masasabi mo bang bahagi ka ng pagsulong na ito? Bakit? Ipaliwanag ang kasagutan.
3. Aling saknong ang naibigan mo sa lahat? Bakit?
4. Sa iyong sariling palagay, paano natin mapapalaganap ang ating wika sa buong bansa?
5. Bilang isang kabataang Pilipino, anu-ano ang mga dapat gawin upang mapaunlad ang ating bansa?

**B. Pagbibigay ng palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayari sa tula.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Ibigay ang palagay tungkol sa maaaring kalabasan ng mga pangyayaring isinasaad sa tula. Piliin ang titik ng tamang sagot batay sa mga karunungang sumusunod:*

**Ang Aking Bulaklak**

O aking bulaklak na lubhang marikit
Sa munti kong hardin ay siyang pang-akit.
Ang kulay ay anyo't ay ano't kay tamis
Magandang diwata ang kanyang kawangis.

Akin ngang bulaklak kung aking turingan
Ako ay nagpunla nang buto pa lamang,
Siyang nag-aruga nang munting halaman
Hanggang magkabuko sa kasariwaan.

*(Orihinal)*

Mga Katanungan

1. Ano sa palagay ninyo ang maaaring kalabasan ng isang bulaklak kung ito'y hindi mapapangalagaan?

    a. Ang bulaklak ay patuloy na magiging sariwa, makulay at mapang-akit.

b. Ang bulaklak ay magkakaroon ng buto hanggang magkabuko.
c. Ang bulaklak ay malalanta at mawawalan ng kasariwaan.
d. Ito ay magkakabuto at mamumulaklak uli.

2. Ano sa palagay ninyo ang maaaring kalabasan ng isang bulaklak kung ito ay mapananatiling maayos ang pangangalaga?

    a. Ito ay mananatiling marikit at kaakit-akit.
    b. Ito ay mananatiling sariwa at makulay.
    c. Ito ay hindi malalanta at patuloy na gaganda.
    d. Lahat ng nabanggit.

C. **Pagbubuo ng mga pangungusap na palagay lamang mula sa maikling sitwasyon.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Sagutin ang katanungan sa ibaba at bumuo ng pangungusap na palagay lamang mula sa isinasaad sa maikling sitwasyon. Ipaliwanag ito.*

Si Mang Papatsol ay isang drayber ng taxi. Isa lamang siyang mahirap subalit tapat naman ito sa lahat ng bagay. Isang araw, isang pasahero ang nakaiwan ng bag sa kanyang taksi, at huli na nang mapansin nito na malayo na ang nakaiwan. Binuksan niya ito at sa laking gulat niya, puno ito ng maraming pera.

*(Orihinal)*

Ano sa palagay ninyo ang gagawin ni Mang Papatsol?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

D. **Karagdagang pagsasanay tungkol sa pagbuo ng mga palagay.**

**Panuto:** *Bumuo ng limang mga pala-palagay na pangungusap ayon sa isinasaad sa maikling sitwasyon sa ibaba.*

Masasabing isa ka sa pinakamatalino at pinakamasipag na mag-aral. At kadalasan pa nga ikaw ang nagtse-tsek ng mga ginawang pagsubok at parating inuutusan ng iyong guro upang maging tagapagturo ng iyong mga kamag-aral na medyo may kahinaan sa klase.

*(Orihinal)*

1. ________________________________________
2. ________________________________________
3. ________________________________________
4. ________________________________________
5. ________________________________________

# ARALIN BILANG 4

**KASANAYAN** : **PAGKUHA NG PAKSANG-DIWA**

**LAYUNIN** : Natutukoy ang mga pangunahing paksang-diwa ng isang kuwento / seleksiyong binasa.

**BASAHIN NATIN** :

## KARUNUNGAN: SA ISIP AT SA DIWA

*Ang karunungan, upang maging tunay na karunungan, ay dapat pinagsamang isip at gawa. Ang karunungang hindi ginagamit sa mabuting gawa ay hindi karunungan. Ang taong nag-iisip at gumagawa ay matibay na sandigan ng bansa. Matatag ang kalayaan, kabuhayan at kalagayang pangkalahatan ng bansang binubuo ng mga mamamayang may pinag-aralan at gumagawa ng mabuti. Hindi ito kaagad-agad maaalipin ni masusupil ng sinumang manlulupig. Sa anumang hakbang na gagawin, isinasaalang-alang ng isang taong marunong ang kahihinatnan nito.*

*Tama ang kasabihang ang karunungan ay isang puhunang kailanman ay hindi nauubos. Subali't ito'y puhunang nakukuha sa t'yaga, sikap at kakayahan sa loob ng mahabang panahon. Dapat samatalahin ninuman, lalo na ng mga kabataan, ang pagtuklas ng karunungan sa pamamagitan din ng isip at gawa.*

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

**ALAMIN NATIN**

**A. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

**Panuto:** *Piliin sa sumusunod na mga salita ang dapat gamitin sa bawat patlang ng kasunod na mga pangungusap.*

| | |
|---|---|
| bumabagsak | paglutas |
| paniniil | pagkakataon |
| matatag | puhunan |
| sandigan | kahihinatnan |

1. Sa ____________ ng mga problema, kinakailangan ang karunungan, disiplina at kooperasyon hindi lamang ng mga mamamayan kundi gayundin ng mga opisyal ng Pamahalaan.

2. Sa pamamagitan ng karunungan, mas malaki ang ______________ ng ating bansa na mapaunlad sa agham at teknolohiya.

3. Maraming tao, at marami ring bansa, ang ______________ dahil sa maling paggamit ng karunungan.

4. Inaakala nilang matatamo nila ang kapangyarihan sa pamamagitan ng ________________ sa iba dahil sa angking karunungan.

5. Ang taong nag-iisip at gumagawa ay matibay na _________________ ng bansa.

6. ________________ ang kalayaan, kabuhayan at kalagayang pangkalahatan ng bansang binubuo ng mga mamamayang may pinag-aralan.

7. Sa anumang hakbang na gagawin, isinasaalang-alang ng isang taong marunong ang ______________ ng kanyang gagawin.

8. Tama ang kasabihang ang karunungan ay isang ______________ na kailanman ay hindi nauubos.

**B. <u>Gamitin ang mga salitang ginamit sa Pagsasanay A sa sariling pangungusap.</u>**

**Panuto:** *Gumawa ng limang pangungusap ayon sa mga salitang naitala sa ibaba. Isulat ito sa notbuk.*

1. paglutas
2. matatag
3. puhunan
4. sandigan
5. pagkakataon

**PAG-USAPAN NATIN**

**Panuto:** *Sagutin at talakayin ang sumusunod na mga tanong.*

1. Bakit malaki ang naitutulong ng pagkakaroon ng karunungan ng isang tao sa ating bansa?
2. Sa papaanong paraan dapat gamitin ng isang tao ang kanyang karunungan? Bakit?
3. Matatamo ba natin ang kapangyarihan sa pamamagitan ng paniniil? Ipaliwanag ang kasagutan.

4. Ipaliwag ang kasabihang, "Ang karunungan ay isang puhunang kailanman ay hindi nauubos".
5. Sa iyong palagay, bakit kaya sinasabing ang karunungan ay pinagsamang isip at gawa?
6. Ano ang paksang diwa ng nasabing sanaysay sa unahan?

GAWIN NATIN

A. **Pagsasanay sa pagtukoy sa mga pangunahing paksang-diwa sa isang seleksyon.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na maikling seleksyon. Tukuyin ang pangunahing paksang-diwa at piliin lamang ang titik ng tamang sagot.*

Sa paliligo, isang bata ang napunta sa isang malalim na bahagi ng ilog. Hindi marunong lumangoy, kaya't lumubog-lumitaw sa tubig. Samantala si Antonio lamang ang hindi naligo kung kaya't sinisid nito ang kinalubugan ng bata. At nailigtas nito sa tiyak na pagkalunod.

*(Orihinal)*

1. Ano ang pangunahin/paksang-diwa ang isinasaad ng talata?

   a. Ang batang matapang at malakas ang loob.
   b. Ang batang mahina ang loob na lulubog-lilitaw sa tubig.
   c. Ang tagapagligtas.
   d. Ang mga bakasyunista.

2. Sa anong bahagi ng iyong binasa ang nagsasaad ng paksang diwa?

   a. Sa unang bahagi.
   b. Sa pangatlo at pang-apat na bahagi.
   c. Sa pangalawa at pangatlong bahagi.
   d. Sa pang-apat na bahagi.

B. **Pagtukoy sa mga pangunahing paksang-diwa na isinasaad sa kuwento.**

**Panuto:** *Tukuyin ang pangunahing paksang-diwa na isinasaad sa kuwento. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot at ipaliwanag ang napili mo ayon sa ikalawang bilang.*

Si Aling Iska ay tindera ng isda. Ikaapat pa lamang ng madaling-araw ay gising na ito upang magtungo sa piyer kung saan ang daungan ng mga mangingisda. Kailangan niyang maging maaga upang makapili ng mura at sariwang isda.

Pagkatapos mamakyaw ng isda, tatawag siya ng traysikel na magdadala ng kanyang paninda sa palengke.

*(Orihinal)*

1. Ano ang pangunahin/paksang-diwa ang isinasaad dito?

   a. Si Aling Iska bilang isang masipag na mangingisda.
   b. Ang buhay ng isang masipag na mangingisda.
   c. Ang masipag na tindera.
   d. Ang tindera ng isda.

2. Sa natukoy mong pangunahing paksang-diwa, ipaliwanag kung bakit ito ang napili mo. Gawin ito sa buong pangungusap.

**C. <u>Karagdagang pagsasanay sa pagtukoy sa pangunahing paksang-diwa.</u>**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Tukuyin ang pangunahing paksang-diwa, at gawin ito sa pamamagitan ng sariling pangungusap. Isulat sa pisara at pag-usapan ito.*

Linggo, ika-14 ng Nobyembre, kaarawan ng nanay ni Smaelyn. Naging suliranin niya ito gawa ngang wala siyang perang pambili ng regalo sa ina. Naalala niya ang ginawa niyang proyekto sa klase na isang abanikong anahaw. Binalot niya ito at may bating inihandog sa ina. Nasiyahan ang ina sa magandang regalo ng anak.

## KARAGDAGANG GAWAIN

**A. <u>Pagkilala sa mga pangunahing diwa ng isang pahayag o ideya at kaugnay na diwa ng mga ito.</u>**

**Panuto:** *Basahin ang mga sumusunod. Kilalanin ito ayon sa isinasaad sa isang pangunahing diwa o ideya at kaugnay na diwa. Pag-usapan ang mga ito.*

<u>Pangunahing Diwa o Ideya:</u>

1. Ang karunungan ay pinagsamang isip at gawa.
2. Diyos ang nagbigay ng karunungan sa tao – karunungang kanyang magiging sandata sa pakikibaka sa buhay.

Kaugnay na Diwa:

1. a. Ang taong nag-iisip at gumagawa ay matibay na sandigan ng bansa.
   b. Dapat samatalahin ninuman, lalo na ng mga kabataan, ang pagtuklas ng karunungan sa pamamagitan din ng isip at gawa.

2. a. Sa tamang paraan, panahon at pagkakataon nararapat gamitin ang karunungan.
   b. Maraming tao, at marami ring bansa, ang bumabagsak dahil sa maling paggamit ng karunungan.

**B. Pagpapalawak ng mga kaalaman tungkol sa pagtukoy sa pangunahing paksang-diwa.**

**Panuto:** *Gawin ang mga ito. Sabihin kung saang pangunahing diwa maiuugnay ang mga sumusunod na pangungusap, at pag-usapan sa klase.*

1. Matatag ang kalayaan, kabuhayan at kalagayang pangkalahatan ng bansa binubuo ng mga mamamayang may pinag-aralan.
2. Ang karunungan ay sandatang hindi dapat gamitin sa kasamaan, panlilinlang o panlalamang sa kapwa. Manapa'y dapat ilaan ito para sa kabutihan.
3. Karunungang laan sa kabutihan – ito ang dapat isaisip at isagawa ng sinuman.
4. Malaki ang naitutulong ng mga nag-aaral at marurunong na mga mamamayan sa ating bansa.

# ARALIN BILANG 5

**KASANAYAN** : **PAGKUHA NG PAKSANG-DIWA**

**LAYUNIN** : Natutukoy ang mga pangunahing paksang-diwa ng isang sitwasyon o tulang binasa.

**BASAHIN NATIN** :

## MAKABAGONG KABATAAN

*Ni Alfonso O. Santiago*

1. Ako'y kabataan na naghihimagsik,
Naghuhumiyaw na
Sa aking pagtutol ay di pa marinig;
Sa nakababagot
Na takbo ng buhay sa ating daigdig!

2. Isinilang ako sa isang tahanang
Ang nangakatira'y
Parating abala't wala araw-araw;
Bininyagan ako sa isang simbahang
Salapi ang doo'y
Nakapangyayari't siyang panuntunan;
Pinag-aral ako, ako'y tinuruan;
Iminulat ako sa isang lipunang
Mapagbalatkayo
At napauulol sa mga dayuhan!

3. Ako'y kabataang sibol sa panahon.
Pagkat matalino –
Sa pinanggalinga'y di dapat lumingon;
Kabataan akong walang panginoon
Kundi ang sarili
Na tanging pag-asa ng daigdig ngayon!

4. Sa mga pangaral, ako'y suyang-suya,
Ang lahat ay bawal,
Ang lahat ay mali, lahat ay masama;
Kung aking susundin yaong matatanda,
Gusto yatang ako'y
Maging tulad nila't lumaking mulala?

5. Pati ang suot ko, anila'y masagwa,
Ayaw sa makipot,
Ayaw sa maikli, gusto'y hanggang lupa;
Lahat ng kilos ko ay minasama
Gusto yatang ako'y
Magparang tulala't mabalik sa mula?

6. Ako'y kabataang marahas, mapusok,
Bawat maibigan –
Anumang paraan ay gustong maabot;
Kabataan akong walang hari't Diyos,
Kahit na baluktot
Ang iniisip ko'y dapat na masunod!

7. Naduduwal ako sa samang nagkalat,
Sa katiwaliang
Mga matatanda ang puno at utak;
Ang dangal at puri'y nagdurugong sugat
Sa aking lipunang
Pinaghaharian ng mga mapilak.

8. Sa lipunang ito, ako raw ay lamat,
Ako raw ay batik
Sa magandang ngalan ng aming kaanak;
Aking tinatanggap, oo, ako'y hamak
Sa lipunang itong
Kung pagmalasin ko'y parang isdang kapak.

9. Ako'y kabataan na naghihimagsik,
Pagkat matalino –
Ang lahat sa aki'y dapat na makinig;
Kabataan akong pag hindi dininig,
Sa pagkapoot ko'y
Magiging Lucifer ng bagong daigdig!

## ALAMIN NATIN

### A. <u>Pagpapalawak ng Talasalitaan</u>

**Panuto:** *Narito ang ilang kahulugan ng mga salitang ginamit sa ating pag-aaralang tula. Mapipili mo ba sa tula ang salitang tinutukoy ng mga sumusunod na kahulugan? Subukin mo. Isulat ito sa tapat ng salita.*

1. nagrerebelde - ______________________
2. pagtanggi - ______________________
3. nakaiinis - ______________________
4. basehan - ______________________
5. mapagkunwari - ______________________
6. kasamaan, kamalian - ______________________
7. mangmang - ______________________

**B. <u>Pagkilala sa mga Pahayag ng Patalinghaga.</u>**

Ang isang tula ay karaniwan nang maraming salita at parirala (o pangungusap) na ang kahulugan ay patalinghaga. Ang tawag sa ganitong mga pahayag ay pagtutulad o pagwawangis.

**Panuto:** *Narito ang ilang matatalinghagang pahayag sa ating tulang pag-aaralan. Subukin piliin ang kahulugan ng bawat isa sa tatlong mapagpipilian. Bilugan lamang ang titik ng napili mong sagot.*

1. Parang isdang kapak

   a. Pangit sa labas, gayundin ang kalooban.
   b. Maganda lamang sa tingin ngunit pangit ang kalooban.
   c. Pangit sa tingin ngunit maganda ang kalooban.

2. Batik sa pamilya

   a. Maraming damit na batik.
   b. Karangalan ng pamilya.
   c. Kasiraan ng pamilya.

3. Salapi ang makapangyayari

   a. Maraming ipon na salapi.
   b. Makapangyarihan ang salapi.
   c. Nabibili ang lahat ng biyaya ng salapi.

4. Robot kung ituring

   a. Laruang madaling susian.
   b. Ang tingin ay parang laruan.
   c. Idinidikta at sumusunod ang lahat ng bagay.

5. Lipunang mapagbalatkayo

    a. Lipunang buo at maunlad.
    b. Lipunang magulo.
    c. Lipunang mapagkunwari.

6. Sibol sa panahon

    a. Lumaki at namulat sa kinagisnang panahon.
    b. Lumaki at namulat para sa hinaharap na panahon.
    c. Lumaki at namulat sa nakaraang panahon.

- **PAG-USAPAN NATIN**

**A. <u>Pagkuha ng Pangunahing Ideya.</u>**

**Panuto:** *Unawaing mabuti ang sinasabi sa mga saknong. Pagkatapos ay sabihin sa isang pangungusap ang pangunahing ideya o diwang ipinahahayag sa bawat isa.*

Halimbawa:

Unang saknong - Kabataan siyang sumisigaw at naghihimagsik sa nakababagot na buhay sa ating daigdig.

Ikalawang saknong - ______________________________
______________________________

Ikatlong saknong - ______________________________
______________________________

Ikaapat na saknong - ______________________________
______________________________

Ikalimang saknong - ______________________________
______________________________

Ikaanim na saknong - ______________________________
______________________________

Ikapitong saknong - ______________________________
______________________________

Ikawalong saknong - ______________________________
______________________________

Ikasiyam na saknong - ______________________________
______________________________

**Karagdagang Gawain**

Pag-unawa sa mga patalinghagang pahayag na tumutukoy sa paksang-diwa.

**Panuto:** *Talakayin at pag-usapan kung ano ang tinutukoy ng paksang-diwa.*

1. Walang pagsisisi na hindi nasa huli.
2. Ang mga mag-aaral katuwang sa pag-unlad ng bayan.
3. Anumang kasamaan ay hindi magwawagi sa kabutihan.
4. Ang kagandahang-asal ay simbolo ng kalinisan.
5. Kabataan sana ang pag-asa ng bayan, subali't sa lipunan sumisira't pinagmumulan ng karumaldumal at kapariwaraan.

**GAWIN NATIN**

**A. Pagsasanay sa pagtukoy sa mga pangunahing paksang-diwa sa isang sitwasyon.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot at pag-usapan ang mga ito.*

1. Matapos niyang maararo ang bukid, umupo si Preding sa ilalim ng punong kawayan upang mamahinga.

   *"Talagang nakapapagod ang magsaka. Ayoko nang talaga. Pag-uwi ko mamaya ay magsasabi na ako kay inay."*

   Ano ang pangunahing paksang-diwa ang isinasaad dito?

   a. Ang pagsisisi ay palaging nasa huli.
   b. Ang magbubukid na masyadong napagod.
   c. Nakapapagod ang isang magbubukid.
   d. Wala sa nabanggit.

2. Katulad ng langis, ang tubig ay lubhang kailangan ng tao. Napakahirap mabuhay kung walang tubig o kakaunti sa araw-araw. Alam natin na maraming gamit ang tubig at sa init ng panahon ngayon kung walang tubig, maaaring maging disyerto ang paligid.

Anong pangunahing paksang-diwa ang isinasaad dito?

a. Ang langis at tubig ay parehong kailangan ng tao.
b. Kung walang tubig, hindi mabubuhay ang tao.
c. Ang tubig higit sa ano pa man ang pinakaimportante sa tao.
d. Mahalaga ang tubig sa buhay ng tao.

**B. <u>Pagtukoy sa mga pangunahing paksang-diwa na isinasaad sa tula.</u>**

**Panuto:** *Basahin ang maikling tula. Tukuyin ang pangunahing paksang-diwa na isinasaad dito. Piliin lamang ang tamang sagot at pag-usapan ang mga ito.*

**Halina't Gumawa**

*Kung ating pagmasdan ang ating paligid*
*Tila ba unti-unting lumiliit;*
*Pagdami ng tao dito ay mabilis*
*Kaya't ang balana'y dapat maligalig.*

*Tayo ay kumilos mga kanayon ko*
*Gamitin ang bisig sa pagtatrabaho*
*Lupa ay bungkalin, magkaisa tayo*
*Ating pagyamanin at taniman ito.*

*Diyan magmumula ang ating pagkain*
*Dagdag na salaping kailangan natin*
*Ako, ikaw, siya, kayong mahal naming*
*Kailangang gumawa't nang makinabang din.*

*(Orihinal)*

1. Anong pangunahing paksang-diwa ang isinasaad dito?

   a. Ang tao at ang kanyang kapaligiran.
   b. Ang lupa ay kailangang bungkalin nang ito ay mapakinabangan.
   c. Ang tao'y kailangang magkaisa at magtulungan sa paggawa.
   d. Ang tao'y kailangan gumawa at nang makinabang din.

2. Saang bahagi ng tula natukoy ang pangunahing paksang-diwa? Bakit?

   a. Sa unang saknong.
   b. Sa pangalawang saknong.

c. Sa pangatlong saknong.
d. Sa buong tula mismo.

C. **Karagdagang pagsasanay sa pagtukoy sa mga pangunahing paksang-diwa ng isang tula.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na mga tugma. Sagutin ang mga tanong sa pamamagitan ng pagtukoy ng paksang-diwa. Gawin ito sa sariling pangungusap at isulat sa sagutang papel.*

**Butiki**

1. Kataka-taka ang nilikhang ito
Kisame at dingding nalalakad nito
Sa tabi ng ilawan, aali-aligid ito
Nag-aabang ng masisilang insekto.

*(Orihinal)*

Ano ang pangunahing paksang-diwa ng tulang ito? Bakit?

______________________________________________

______________________________________________

**Ang Palaka**

2. Boses niya'y nakakabulahaw
Lalo na't sa gabi ng katahimikan
Sa kati at sa tubigan
Dito siya matatagpuan.

*(Orihinal)*

Ibigay ang pangunahing paksang-diwa ng tulang ito.

______________________________________________

______________________________________________

# ARALIN BILANG 6

**KASANAYAN** : **PAGKUHA NG PAKSANG-DIWA**

**LAYUNIN** : Natutukoy ang mga pangunahing paksang-diwa ng isang tulang binasa.

**BASAHIN NATIN** :

## ITO ANG BANSA KO, BANSANG PILIPINAS

1

Sa dakong Silangan, araw ay sumisikat,
Hanggang sa Kanluran, biyaya'y laganap;
Sumibol ang pulong perlas ang katulad,
Ito ang bansa ko, bansang Pilipinas.

2

Sagana at hitik sa lahat ng yaman,
May bundok, may gubat, maging karagatan;
Kayrami ng isda, ginto at mineral,
Sapat nang buhayin itong sambayanan.

3

Pagsubok sa bansa ay di maiwasan,
Tinangkang agawin layang minamahal;
Kayraming bayaning nagbuwis ng buhay,
Huwag lang malupig itong inang bayan.

4

At bunga ng sipag, tatag at tiyaga,
Pagsulong, pag-unlad, nakamit ng madla;
Mga pagbabago'y naganap na kusa,
Dito sa 'king bayan, bayang minumutya.

5

Maging ang talino nitong mamamayan,
Sinikap linangin ang bawat larangan;
Nais patunayan na may kakayahang
Bumuo ng isang maunlad na bayan.

6

Ito ang bayan ko, bayang nililiyag,
Bansang sinisinta, kawangis ng perlas;
Sa balat ng lupa ay walang katulad,
Pagkat iisa lang, bansang Pilipinas.

7

Tayong Pilipino'y sadyang pinagpala,
Sa pagkakaroon ng bansang Malaya;
Tayo'y pasalamat sa Poong lumikha,
Sapagka't nakamit ang mithing biyaya.

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino Para sa Ikaanim na Baitang)*

**ALAMIN NATIN**

**A. Pagbigay-pansin sa mga salitang hango sa tulang binasa.**

**Panuto:** *Basahing mabuti ang mga pangungusap. Ibigay ang salitang maaaring ipalit sa salitang napapaloob sa panaklong.*

1. Nakasabit ang kalaykay sa (dakong) likuran ng bahay.
2. Maraming masamang elemento ang (laganap) sa paligid kaya kilangan ang ibayong pag-iingat.
3. (Tinangka) niyang umalis ng bahay ngunit biglang dumating ang nanay niya.
4. Sama-samang lumaban ang mga mamamayan upang di (malupig) ang kanilang pulo.
5. Ang tagumpay ay (kakamtin) ng taong masikap at matiyaga sa gawain.

**B. Pagbibigay-kahulugan sa mga salitang kuha sa tulang binasa.**

**Panuto:** *Hanapin mula sa tula ang salitang malapit ang kahulugan ng bawat sumusunod na salita at isulat sa katapat na patlang.*

1. grasya ______________________
2. mayaman ______________________

3. matapang ______________________
4. mapalad ______________________
5. minamahal ______________________

**PAG-USAPAN NATIN**

**Panuto:** *Sagutin ang mga sumusunod sa buong pangungusap.*

1. Saan inihalintulad ang ating bansang Pilipinas?

______________________________________________

______________________________________________

2. Anu-ano ang mga yamang ipinagkaloob dito ng kalikasan?

______________________________________________

______________________________________________

3. Bakit nagbuwis ng buhay ang ating mga bayani?

______________________________________________

______________________________________________

4. Paano raw nakamit ang pag-unlad ng bansa?

______________________________________________

______________________________________________

5. Sa iyong palagay, bakit sinabi sa tula na "*Sa balat ng lupa ay walang katulad*"?

______________________________________________

______________________________________________

6. Sa paanong paraan mo maipakikita ang iyong pagmamahal at pagpapahalaga sa iyong bansa?

______________________________________________

______________________________________________

**GAWIN NATIN**

**A. <u>Pagbibigay-pansin sa mga pangungusap na hango sa bawat saknong ng tulang binasa.</u>**

**Panuto:** *Isulat ang bilang ng saknong na tinutukoy sa bawat bilang.*

______ 1. Dapat tayong magpasalamat sa Diyos sa pagkakaroon ng bansang malaya.

______ 2. Ang ating bansa ay mayaman sa likas na yaman.

______ 3. Mahalaga ang kasipagan upang matamo ang kaunlaran.

______ 4. Hindi ko ipagpapalit ang bansa ko pagkat nag-iisa ito at walang katulad.

______ 5. Mahalaga ang talino sa pagbuo ng isang maunlad na pamayanan.

**B. Pagtukoy sa mga pangunahing-diwa na isinasaad sa sumusunod na maikling tula.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na maikling tula. Tukuyin ang pangunahing-diwa na isinasaad dito. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot ayon sa tanong at pag-usapan ito.*

1. **Ang Isda**

Ang kulay niya'y animo pilak
Sa sinag ng araw ay kumikintab
Sa paglangoy, may hahamon ba?
Siguradong talo ang makakalaban niya.

*(Orihinal)*

Ano ang pangunahing diwa ang isinasaad dito? Pag-usapan ito.

a. Ang isda at ang galing nito.
b. Ang tungkol sa mga kakayahan ng isda.
c. Ang tungkol sa mga katangian ng isda.
d. Lahat ng nabanggit.

2. **Ang Tandang**

Kung sa bahay walang orasan
Huwag mabahala aking kaibigan
Kung nais magising sa madaling araw
Tiyak na sa boses niya'y ikaw ay
mabubulahaw.

*(Orihinal)*

Ibigay ang pangunahing diwa at pag-usapan ito.

a. Tungkol sa napakalaking pakinabang ng isang tandang.
b. Ang tandang ay may pakinabang din.
c. Ang tandang bilang kapalit ng orasan.
d. Ang tandang ay maaaring maging orasan kung kinakilangan.

**C. Karagdagang pagsasanay sa pagtukoy sa pangunahing diwa na isinaad sa tulang binasa.**

**Panuto:** *Basahin ang tula at ibigay sa sarili at buong pangungusap ang pangunahing-diwa ng bawat saknong ayon sa tanong.*

**Ang Pana at Ang Awit**

Binunot sa busong ang palasong hawak
Na tinutudla ko'y hangin sa itaas
Alam kong sa lupa ito ay lumagpak
Subali't kung saa'y hindi ko matutop.

Awit kong kinakanta'y tinangay ng hangin
Alam kong sa lupa ito'y lumagpak din
Ngunit ang hindi ko malama't malining
Ay kung saang dako ito hahanapin.

Ngunit ng maraming taon ang lumipas
Palaso'y nakitang buo't nakatarak
Sa puno ng isang kahoy na mataas.

Gayon din ang awit, aking natagpuan
Buhat sa simula hanggang katapusan
Sa puso ng isang mutyang kaibigan.

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

Ano ang pangunahing diwa ang isinasaad ng bawat saknong sa tulang ito?

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________

# ARALIN BILANG 7

**KASANAYAN** : **PAGSUNUD-SUNOD SA MGA PANGYAYARI**

**LAYUNIN** : Naaayos sa wastong pagkasunud-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.

**BASAHIN NATIN** :

## ANG YUNGIB NG TABON SA PALAWAN

Mahigpit ang guro ni Juver. Kaya agad nagtungo ang mga mag-aaral sa loob ng silid-aklatan upang magsaliksik. Humingi ng tulong si Juver sa librarian tungkol sa kanilang paksa.

*"Gumamit ka ng index card,"* ang sabi ng librarian. *"Tingnan mo sa pamagat na yungib o kuweba at makikita mo kaagad ang iyong hinahanap."*

*"Maraming salamat ho,"* ang sabi ni Juver.

Madaling hinanap ni Juver sa index card ang paksang kanyang tatalakayin at ang tuwa niya nang ito'y kanyang makita. Hinanap niya ang aklat at dali-dali siyang kumuha ng lapis at papel at kinopya ang mga impormasyon tungkol sa Yungib ng Tabon.

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

**ALAMIN NATIN**

**A. <u>Pagbasa ng teksto nang pahapyaw.</u>**

**Panuto:** *Basahin ang teksto nang pahapyaw. Hanapin sa teksto ang salitang kahulugan ng mga sumsusunod:*

1. isang uri ng paniki ____________________
2. dumi na likha ng mga bayakan ____________________
3. nagkalat ____________________
4. kauna-unahang taong tumira sa Yungib ng Tabon ____________________
5. butas ____________________

6. matatapang ______________________
7. taong dalubhasa sa pag-aaral ng pinagmulan, pagbabahagi, katangian at kaugalian ng sangkatauhan ______________________
8. mataas na anyo ng lupa ______________________

**B. <u>Pagbubuo ng sariling pangungusap ayon sa salitang ginamit/isinagot sa pagsasanay A.</u>**

**Panuto:** *Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang isinagot sa Pagsasanay A. Gumawa lamang ng limang pangungusap ayon sa mga salitang naitala bilang sagot. Isulat ito sa notbuk.*

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________
4. ______________________________________
5. ______________________________________

## PAG-USAPAN NATIN

**A. <u>Pagsagot sa mga katanungan ayon sa pagkakasunud-sunod nito.</u>**

**Panuto:** *Sagutin ng tiyak ang mga katanungan at pag-usapan ang mga ito ayon sa pagkasunud-sunod.*

1. Ano ang ilang impormasyon tungkol sa katangian ng isang kweba o yungib? Magsaliksik kung kinakailangan.

2. Paano mo ilalarawan ang Kweba ng Tabon ayon sa mga sumusunod:

   a. Ang laki at lapad nito?
   b. Lugar na kinatatagpuan dito?
   c. Mahahalagang bagay na natagpuan dito?

3. Sa kabuuan, anu-anong impormasyon at katotohanan ang natuklasan sa kweba ng Tabon? Ano ang kaugnayan nito sa kultura at kasaysayan ng ating bansa?

## GAWIN NATIN

**A. Pagbibigay-pansin sa mga tala ayon sa impormasyon tungkol sa Yungib ng Tabon.**

**Panuto:** *Narito ang tala ni Juver. Basahin natin at tingnan kung ito'y nagsasabi ng isang maayos na impormasyon tungkol sa Yungib ng Tabon. Pagkatapos mong basahin, tulungan natin si Juver na ayusin ang kanyang mga tala upang makabuo ng isang magandang talata ayon sa pagkakasunud-sunod dito. Lagyan ng bilang 1-9 ang bawat patlang.*

_____ 1. Kaiba ang mahigit na 200 kuweba, mataas ang Tabon at mahirap marating ng naglipangang mababangis na hayop-gubat. Hindi kataka-takang dito nanirahan ang mga unang tao sa Pilipinas may 22,000 taon na ang nakaraan, ayon sa mga antropologo.

_____ 2. Ang makapal na deposito ng guano sa lupa ay palatandaan ng matagal na paninirahan doon ng mga bayakan.

_____ 3. Tuyo at sagana sa sikat ng araw at hangin sa maghapon ang malaking guwang sa unahan ng kweba na waring bubong ng isang napakalaking katedral.

_____ 4. Bukod sa mga bayakan, tumira rin doon ang mga ibong Tabon sa matagal na panahon. Ang mga ibong ito ang nakita ng mga antropologong humukay sa yungib na ito.

_____ 5. May talampas sa harap ng kweba na pahaba sa batuhang dalampasigan.

_____ 6. Ang kabuuan ng lugar na iyon na may 29 na kweba sa kalahatan ay ipinangalan sa ibong Tabon.

_____ 7. Ang bunganga ng kweba ay may taas na walong metro na tila bibig ng isang napakalaking isda.

_____ 8. Ang yungib ng Tabon ay matatagpuan sa lalawigan ng Palawan.

_____ 9. At higit dito, tinawag ding Tabon Man ang kauna-unahang taong tumira rito.

**B. Pagsasaayos sa wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa isang kuwento.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Isaayos ito ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1-5 sa patlang.*

______ Nakiusap ang Uwang sa Lawin na huwag sanang saktan ang sisiw.

______ Nagtago ang Sisiw sa isang butas na tinitirhan ng isang maliit na Uwang.

______ Nagalit ang Uwang. Sinundan ang Lawin at sinagip ang takot na takot na Sisiw.

______ Malakas ang siyap ng Sisiw at narinig ito ng Lawin, at siya'y tinugis.

______ Nagalit ang Lawin sa sinabi at pakiusap ng Uwang. Dinagit nito ang Sisiw.

**C. Karagdagang pagsasanay sa pagsasaayos ng mga pangyayari ayon sa pagkakasunud-sunod upang makabuo ng isang maikling kuwento.**

**Panuto:** *Isaayos ang mga pangyayari sa pamamagitan ng sumusunod na mga pangungusap upang makabuo ng kuwento. Gawin ito sa pamamagitan ng titik lamang at pag-usapan ito.*

a. Nakatapos siya ng pag-aaral.
b. Lumuwas siya ng Maynila.
c. Si Felix ay maagang naulila.
d. Pumasok siya sa iba't ibang uri ng trabaho.
e. Naging kilalang inhenyero si Felix.

1. a) b a e c d
   b) c e a b d
   c) c d b a e
   d) c b d a e

a. Subali't dahil napakatalino ni Smaelyn, pinipilit ng kanyang magulang na makapag-aral siya.
b. Si Ivan ay isang mabuting kaibigan.
c. Sa kabila ng kahirapan ay gusto pa rin ni Ivan na maging kaibigan si Smaelyn.
d. Tuwing resis, hinahatian siya ng baon ni Smaelyn.

2. a) c d a b
   b) b c a d
   c) b c d a
   d) b c b a

3. Gumawa ng lima hanggang anim na mga pangungusap ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari upang makabuo ng isang malinaw at maayos na kuwento. Pumili ng pamagat sa ibaba.

   a. Ang Paborito Kong Guro.
   b. Ang Paborito Kong Subject.

# ARALIN BILANG 8

**KASANAYAN** : **PAGSUNUD-SUNOD SA MGA PANGYAYARI**

**LAYUNIN** : Naisusulat sa wastong ayos ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa tula o talatang binasa.

**BASAHIN NATIN** :

**ANG ALAMAT NG KASOY**
*Ni Paz Belvez*

1. Isang araw noon sa loob ng gubat
Mga ibo't hayop, masasayang lahat;
Pati mga puno at halamang gubat,
Pawang nagdiriwang, lahat ay may galak.

2. Sa kabi-kabila ay naghahabulan,
Pipit, maya, tikling, loro, at kilyawan;
Waring umaawit damo at halaman,
Dahilan sa udyok ng hanging amihan.

3. Naririnig ito'y hindi nakikita,
Ng buto ng kasoy sa loob ng bunga;
At kanyang nasambit ang matinding nasa,
Kasabay ng daing at buntong-hininga.

4. "Ako na ang butong pinakamaligaya,
Kung makalalabas sa loob ng bunga;
Aking maririnig at makikita pa,
Mga kagalaka't pagsasaya nila."

5. Nagkataon namang Diwata'y dumating
At kanyang narinig ang mga butong hiling;
Sa puno'y lumapit, bunga ay pinisil,
Buto nitong kasoy lumabas noon din.

6. Binigkas ng buto ang pasasalamat,
Ang diwata nama'y tuloy nang lumakad;
Yaong munting buto ay galak na galak,
"Ganito pala," aniya, "daigdig sa labas."

7. Natapos ang pista, saya't pagdiriwang,
Nabalik sa dati itong kagubatan;
Tahimik nang lahat, puno at halaman,
Mga ibon yata'y nagsipandayuhan.

8. Sa loob ng gubat, lahat ay tahimik,
Itong munting buto, waring naiinip;
Walang anu-ano, hangin ay umihip,
Sama ng panahon sa gubat, sumapit.

9. Sa lakas ng kulog at talim ng kidlat,
Ang buto ng kasoy ay sindak na sindak;
Sa laki ng takot ay nag-uumiyak,
Nais na sa loob makabalik agad.

10. Di na mangyayari ang sa butong ibig,
Pagkat kanyang hiling hindi na marinig;
Itong munting buto sa bunga'y sumiksik,
Upang ang sarili'y ikanlong na pilit.

11. Sa loob ng gubat muling tumahimik,
Wala na ang unos, kaygandang paligid;
Kaya't munting buto, hindi na nagpilit,
Sa loob ng bunga, muling makabalik.

12. At magmula noon, magpahanggang ngayon,
Laging nasa labas ang buto ng kasoy;
At kung pagmamasdan, akala mo "Inkong",
Na nagpapahinga sa upuang lusong.

## ALAMIN NATIN

### A. Pagpapalawak ng Talasalitaan

**Panuto:** *Lagyan ng tsek (/) sa patlang ang pangungusap na tama ang pagkakagamit ng salitang may salungguhit.*

1. ______ a. Nabakas sa mukha ng bata ang <u>kagalakan</u> nang siya ay nagwagi ng paligsahan.
   ______ b. Ang pagkatalo ay nagdulot sa kanya ng <u>kagalakan</u>.

2. ______ a. Kapag may bagyo, malakas ang hampas ng hanging <u>amihan</u>.
   ______ b. Waring nakikipaglaro ang mga halaman sa dampi ng hanging <u>amihan</u>.

3. ______ a. Naging mabait na anak si Joseph dahil sa udyok ng kanyang mga magulang.
   ______ b. Ayaw ni Jonah na makipagsapalaran dahil sa masamang udyok ng mga taong nakapaligid sa kanya.

4. ______ a. Nais kong ikanlong ang aking sarili sa malagong puno ng mangga upang hindi ako masikatan ng araw.
   ______ b. Ikanlong mo sa malawak na kapatagan ang mga tanim sa bukid.

5. ______ a. Nasa kabataang gulang ang mga Ingkong.
   ______ b. Dahil sa katandaan, si Ingkong Pedro ay hukot na at hindi na makatayo nang deretso.

**B. Paggawa ng mga pangungusap na ginagamit ang mga salitang binanggit.**

**Panuto:** *Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang isinagot sa pagsasanay A at pag-usapan ito. Gumawa lamang ng lima ayon sa mga salitang naitala sa ibaba:*

1. kagalakan
2. amihan
3. udyok
4. ikanlong
5. ingkong

**PAG-USAPAN NATIN**

**A. Pagsagot sa mga Tiyak na Katanungan**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na tanong. Sagutin ito ng buong pangungusap. Itala sa pisara at pag-usapan ito.*

1. Papaano mo ilalarawan ang gubat ayon sa isinasaad ng una at ikalawang saknong?

2. Ano ang mahigpit na kahilingan ng buto ng kasoy?

3. Paano natupad ang kanyang kahilingan? Naging masaya ba siya? Bakit? Ipaliwanag ang sagot.

4. Ilarawan ang gubat ayon sa isinasaad ng ikawalo at ikasiyam na saknong.

5. Ano ang naging reaksyon ng buto ng kasoy nang maranasan niya ang sama ng panahon sa gubat?

6. Sa iyong palagay, maitutulad ba natin ang buto ng kasoy sa tao sa kanyang inasal sa tula? Magbigay nito ng isang halimbawa.

**B. <u>Pagbubuo ng mga salita na hango mula sa tula.</u>**

**Panuto:** *Sa tulong ng mga pahiwatig sa ibaba, isulat ang mga titik na kinakailangan upang mabuo ang mga salita.*

1 K_ _ _ _ _

2 _ _ _ A _ _

3 _ _ S _ _ _ _ _

4 _ _ O _

5 _ _ _ Y _ _ _ _

1. Sa talim nito, ang buto ng kasoy ay nasindak.
2. Siya ang dahilan kung bakit ang buto ng kasoy ay nasa labas.
3. Ang ibig ipakahulugan ng salitang ito ay <u>nasabi</u>.
4. Tawag sa malakas na bugso ng hangin na may kasamang ulan.
5. Ito ay isang uri ng ibon sa gubat.

**C. <u>Pagbubuo ng mga kasagutan ayon sa wastong ayos ng pagkakasunud-sunod.</u>**

**Panuto:** *Sagutin ayon sa wastong ayos ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari upang makabuo ng isang maikling talata. Pagkatapos pag-usapan ito.*

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**GAWIN NATIN**

**A. <u>Pagsasanay sa wastong pagsasaayos ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa tulang binasa</u>.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Ayusin ang mga ito ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagpili ng titik ng tamang sagot/ayos.*

a. Ang anak, asawa, magulang, kapatid.
b. Kung ang batang ito'y nasa panganib.
c. Isang tawag niya'y tatalikdang pilit
d. At siya ay dapat ipagtangkilik.

1. a) c d a b
   b) a c b d
   c) b d a c
   d) b a d c

a. Walang mangyayari sa balat ng lupa
b. Datapwa't sino ang tatarok kaya?
c. Di may kapaligiran iyong ninanasa
d. Sa mahal mong lihim, Diyos na dakila?

2. a) b d a c
   b) b c a d
   c) b c d a
   d) c b d a

**B. <u>Pagsasaayos sa wastong pagkakasunud-dunod ng mga pangyayari sa tula</u>.**

**Panuto:** *Basahin at isaayos sa wastong pagkakasunud-sunod ang mga pangyayari sa tatlong saknong ng tula sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang sa patlang 1-4. Pag-usapan ang mga ito.*

1

_____ Matapang na angkan aking pinagmulan
_____ Mukha'y hugis-puso, wari'y inililok.
_____ Ako ay taga Silangan.
_____ Mata'y mabibilog, maitim ang buhok.

2

_____ Angkan ng lahing pinagmulan.
_____ Ipikit ko man ang aking pananaw.
_____ Nakikita't pilit mangingibabaw.
_____ Itago't ilihim tunay na katauhan.

3

_____ Parangal ni ina aking kinagisnan.
_____ Tiyaga, kasipagan, sampung kabutihan.
_____ Katauhan ko'y hinubog sa sinapupunan.
_____ Tibay ng dibdib, puso't kalooban.

*(Orihinal)*

C. **Karagdagang kaalaman sa wastong pagsasaayos ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.**

**Panuto:** *Basahin ang dalawang saknong ng tula. Isaayos ito ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Isulat ito sa notbuk at maaaring isaulo.*

Dangal ng lahi, dangal ng bayan ko
Bakit ko ikahihiya? Bakit ko ipagkakaila
Pilipino ako! Ako ay Pilipino!
Na ako ay ipinunla ng magandang halimbawa?

Susulong at yayabong
Bagyo ma'y dumating
Umulan man at humangin
Patuloy na uusbong.

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

# ARALIN BILANG 9

**KASANAYAN** : **PAGSUNUD-SUNOD SA MGA PANGYAYARI**

**LAYUNIN** : Naibibigay ang wastong ayos ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kuwento o tulang binasa.

**BASAHIN NATIN** :

## ANG SEREMONYA NG TSA

Ang seremonya ng tsa sa Hapon ay tinatawag na chanoyu. Ito ay hindi lamang pag-inom ng tsa kundi nangangahulugan din ng pakikiisa sa kalikasan. Ito ay tagapagpatunay ng pagmamahal ng mga Hapones sa kagandahan ng kapayakan ng buhay. Ang chanoyu ay pagpapahalaga sa mga silid ng bahay na pagdarausan ng seremonya, sa halamang nakapaligid sa bahay at iba pang maliliit na bagay na ginagamit sa seremonya. Ang mga Haponesa, bago mag-asawa, ay karaniwang nag-aaral muna ng liksyon, batay sa etiketa ng chanoyu.

May sadyang bahay na tinatawag na sukiya na pinagdarausan ng chanoyu. Ito ay nababahagi sa silid-pantsa, silid-lingkuran, silid-hintayan, lagusan sa halamanan papunta sa bahay-tsahan. Ang bahay ay karaniwang nakatayo sa gitna ng malaking halamanan.

Ang mga kagamitan sa seremonya ay tagayan ng tsa, kahong lalagyan ng tsa, pangkalong na kawayan at kutsarang kawayan. Ito'y bagay na likhang-sining.

Ang suot sa seremonya ay sedang kimono at puting medyas. Ang mga panauhin ay nagdadala ng natitiklop na abaniko at mga munting papel na serbilyeta.

Ang karaniwang seremonya ay nababahagi sa (1) maagang pagkain, (2) maikling rises, (3) ang mismong seremonya na pagpapainom ng malapot na tsa at ang paglalagay ng tsang matabang. Ang seremonya ay tumatagal ng apat na oras. Kadalasan, ang ginagawa lamang ay ang seremonyang prinsipal na tumatagal ng isang oras.

Lima ang panauhing naroon sa silid-hintayan. Darating ang maybahay at sila'y ipagsasama sa silid-tsahan. Sa landas patungo roon ay may palangganang bato na may lamang tubig. Dito sila maghuhugas ng kamay at magmumumog. Ang pinto ng silid ay napakaliit kaya ang mga panauhin ay dapat yumuko nang todo upang makapasok.

Pagkapasok na pagkapasok sa silid na may kusinilya, ang bawat panauhin ay luluhod sa harap ng tokonoma bilang paggalang. Tangan nila ang natitiklop na abaniko samantalang minamasdan ang nakasabit na balumbon ng papel sa dingding ng tokonoma

at ang maliit na lalagyan ng insenso sa katabing aparador. Kanilang titingnan ang lutuan. Matapos panoorin ng mga panauhin ang mga kagamitang nabanggit, sila'y magsisiupo. Ang prinsipal na panauhin ay siyang katabi ng mayhanda.

Kapag ang maybahay at ang panauhin ay nakapagpalitan na ng pagbati, ang kaiseke ay sisimulan na. Ang matamis ang panghimagas sa pagkain.

Sa payo ng maybahay, ang mga panauhin ay mamamahinga sa mga upuan sa halamanang malapit sa silid.

Pagkatapos ng ilang sandali, papaluin ng maybahay ang gong, tanda ng pagsisimula ng seremonya. Pagkatapos ulitin ang paghihinaw sa palanggana, sila'y muling papasok sa silid. Sa loob ng tokonoma ay may plorerang may mga bulaklak. Ang mga ito'y titingnan at hahangaan ng mga panauhin, katulad ng ginawa noong una.

Ang maybahay ay pupunta sa lingkurang-silid at sa pagbabalik ay dala na ang sisidlan ng maruming tubig, ang pansalok at ang salalayang takip ng kusinilya. Ang kanyang katulong ay may taglay na habonera at ito'y ilalagay sa harapan ng pangunahing panauhin. Pupunasan ng maybahay ang kahon at kutsara ng damit na ang tawag ay fukusa at huhugasan ang pangkalong sa tagayan ng mainit na tubig na kinadlo sa kawali sa kusinilya sa pamamamagitan ng pansalok. Itatapon ang laman ng tagayan sa lalagyan ng maruming tubig at pupunasan ito ng isang pirasong damit na seda.

Itataas ng maybahay ang kahon at kutsarita at lalagyan ng tatlong kutsarang matcha ang bawat tagayan. Lalagyan ito ng isang salok ng mainit na tubig na galing sa kawali o kusinilya. Ang bawat tagayan ay pupunuin hanggang sa ikatlong bahagi ng mga ito. Babatihin ang timplada hanggang ito ay maging malapot. Ang tsang natimpla ay tinatawag na koicha. Ang matchang ginamit dito ay galing sa mga murang dahon ng kahoy ng tsa na ang gulang ay dalawampu hanggang pitumpung taon.

Ang tagayan ay ilalagay ng maybahay sa may lutuan, at ang pangunahing panauhin na tapos na sa pagkain ng kanyang cake ay paluhod na lalakad upang kunin ang tagayan.

Yuyukod ang panauhin sa kapwa panauhin, ilalagay ang tagayan sa kaliwang palad at ito'y hahawakan ng kanang kamay. Iinom siya sa isang lagok, pupurihin ang lasa at pagkatapos ay tutungga ng dalawa pang lagok. Kanyang pupunasan ng kaishi ang tagayan sa lugar na kanyang ininuman at ipapasa ito sa ikalawang panauhing kumakain ng cake. Gayon nang gayon ang gagawin hanggang sa makarating ang tagayan sa kahuli-hulihang panauhin. Pagkainom ng kahuli-hulihang panauhin, ibabalik ang tagayan sa pangunahing panauhin na magbabalik din nito sa maybahay.

Matapos dalhin ng maybahay ang lahat ng kagamitan sa labas ng silid, siya'y yuyukod sa mga panauhin bilang tanda na ang seremonya ay tapos na.

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

## ALAMIN NATIN

### A. Pagpapalawak ng Talasalitaan

**Panuto I:** *Narito ang ilang salitang Hapon. Bigkasin natin at alamin ang mga kahulugan nito.*

1. chanoyu - seremonya ng tsa
2. chawan - mangkok para sa tsa
3. cha-ire - kahon na pinaglalagyan ng tsa
4. cha-sen - maliit na brush na ginagamit sa paghalo ng tsa
5. chashaku - kutsarang gawa sa kawayan
6. sukuya - bahay na kung saan isinasagawa ang seremonya ng tsa
7. tahi - medyas

**Panuto II:** *Ayusin ang mga ginulong titik upang mabuo ang salita. Talakayin din ito sa klase.*

1. monya se re *(ritwal)* - ____________________
2. ke eti ta *(wastong pagkilos at gawi)* - ____________________
3. yeta bil ser *(ginagamit na pamunas sa labi matapos kumain)* - ____________________
4. nggo *(instrumentong ginagamit ng mga katutubo sa pagtawag o paghudyat)* - ____________________
5. paya ka kan *(simpleng bagay)* - ____________________
6. yan ga ta *(lalagyan ng inumin)* - ____________________
7. naw hihi pang *(paghuhugas)* - ____________________
8. tung tu ga *(iinom)* - ____________________

GAWIN NATIN

A. **<u>Pagsasaayos ng mga hakbang ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa seremonyang hango sa kuwento.</u>**

**Panuto:** *Ayusin ayon sa pagkakasunud-sunod ang mga hakbang sa seremonya ng tsa. Lagyan ng bilang ang mga patlang 1 hanggang 13. Pag-usapan ang mga ito.*

_____ Yuyukod ang panauhin sa kapwa panauhin, ilalagay ang tagayan sa kaliwang palad at ito'y hahawakan ng kanyang kamay.

_____ Itataas ng maybahay ang kahon at kutsarita at lalagyan ng tatlong kutsarang "matcha" ang bawat tagayan.

_____ Darating ang maybahay at ang mga panauhin ay ipagsasama sa silid-tsahan.

_____ Babatihin ang timplada hanggang ito ay maging malapot.

_____ Ang tagayan ay ilalagay ng maybahay sa mga lutuan, at ang pangunahing panauhin ay paluhod na lalakad upang kunin ang tagayan.

_____ Maghuhugas sila ng kamay at magmumumog.

_____ Lalagyan ito ng isang salok na mainit na tubig na galing sa kawali o kusinilya. Ang bawat tagayan ay pupunuin hanggang sa ikatlong bahagi nito.

_____ Iinom ng isang lagok, pupurihin ang lasa at pagkatapos ay tutungga ng dalawa pang lagok.

_____ Ang bawat panauhin ay luluhod sa harap ng "tokonoma" bilang paggalang.

_____ Itatapon ang laman ng tagayan sa lalagyan ng maruming tubig at pupunasan ang tagayan ng isang pirasong damit na seda.

_____ Papaluin ng maybahay ang "gong", tanda ng pagsisimula ng seremonya.

_____ Pupunasan ng "kaishi" ang tagayan sa lugar na kanyang ininuman at ipapasa ito sa ikalawang panauhin hanggang sa makarating sa kahuli-hulihang panauhin.

_____ Pupunasan ng maybahay ang kahon at kutsara ng damit at huhugasan ang pangkalong sa tagayan ng mainit na tubig na kinadlo sa kawali sa kusinilya sa pamamagitan ng pansalok.

**B. Pagsasanay sa pagbibigay ng wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng mga pangungusap.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Ibigay ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng mga pangungusap.*

**B.1** *Isulat sa patlang ang bilang 1-5.*

_____ Nakasalubong niya ang kanyang gurong si Gng. Jabon.
_____ Pagdating sa palengke, binili niyang lahat ang kanyang kakailanganin at agad umuwi.
_____ Pagkatapos batiin ang guro, nagpatuloy siya sa paglakad patungo sa palengke.
_____ Papunta sa palengke si Precilyn isang sabado ng umaga.
_____ Huminto siya at nagbigay-galang sa guro.

**B.2** *Ibigay ang watong pagkakasunud-sunod ng paggawa ng "Fiesta Buko Salad" ayon sa recipe. Isulat sa patlang ang bilang 1-5.*

_____ Paghaluin ang cream at gatas.
_____ Ihalo sa inihandang prutas.
_____ Ilaga ang sago sa fruit cocktail syrup at ¼ tasang asukal ng 5 minuto.
_____ Haluing mabuti at igiling bago ihanda.
_____ Patuluin at palamigin.

**C. Karagdagang pagsasagawa at pagbibigay ng wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kuwento at talata.**

**C.1 Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Isagawa ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ayon sa ginawa ng tauhan. Isulat ito sa pisara at pag-usapan.*

Maagang nagising si Preding. Naglinis siya ng kanilang bakuran. Pinakain niya ang kanilang mga alagang baboy at manok. Pagkatapos nag-igib siya ng tubig sa poso para sa kanyang ina.

Maagang kumain ng tanghalian si Preding. Dinalhan niya ng pagkain ang kanyang ama na nasa kanilang bukid. Tumulong siya sa paggapas sa kanilang palayan.

*Gawin at isulat ng sunud-sunod ang ginawa ni Preding.*

-----------------------------------------------------------------------------------------------

-----------------------------------------------------------------------------------------------

-----------------------------------------------------------------------------------------------

-----------------------------------------------------------------------------------------------

**C.2 Panuto:** *Basahin ang sumusunod na mga pangungusap. Ibigay ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsulat sa patlang ng bilang 1-6.*

______ Tumawag si Bernie ng isang mama upang tulungan siya sa pagbuhat ng kanyang pinamili hanggang sa sasakyan ng traysikel.

______ Inutusan ni Aling Concha ang anak na si Bernie na magpunta sa grocery.

______ Nagulat si Bernie nang malaman na ang kanyang pinakiusapang mama na magbuhat ng mga pinamili ay ang mismong may-ari ng grocery.

______ Hindi nabuhat ni Bernie ang dalawang supot ng kanyang pinamili dahil sa ubod ng bigat ang mga ito.

______ Pinasalamatan ni Bernie ang mamang nagbuhat ng kanyang pinamili at inabutan niya ito ng dalawang piso.

## ARALIN BILANG 10

**KASANAYAN** : **PAGWAWAKAS**

**LAYUNIN** : Naibibigay ang mapanuring pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na wakas ng kuwento.

**BASAHIN NATIN** :

### ANG BAGONG VIETNAM SA ASYA

*Nakatuon ngayon ang pansin ng mga negosyante at imbestor sa bansang Vietnam dahil sa nagpakita ito ng maganda at masaganang hinaharap. Maraming naniniwala na sa Vietnam nila matatagpuan ang tamang klima kung saan lalago pa ang kanilang kayamanan.*

*Malaking pagbabago ito sa dating katayuan ng Vietnam sa buong mundo. Noon, halos ang buong mundo ay laban sa Vietnam. Tanging ang mga kapwa nila Komunistang bansa ang kahalubilo nito.*

*Subalit ang talagang malaking balakid sa pagbangon ng ekonomiya ng Vietnam ay ang tulung-tulong na pagsasagawa ng tinatawag na "embargo" ng mga bansa sa pangunguna ng Estados Unidos laban sa Vietnam. Ang "embargo" ay ang pagputol ng kalakal at ano pa mang uri ng ugnayan sa isang bansa. Nahikayat ng Estados Unidos ang ibang bansa na isagawa ang embargo laban sa Vietnam pagkatapos na lusubin ng Vietnam ang Cambodia.*

*Matapos ang ilang taon ay nagpasya ang Senado ng Estados Unidos na tapusin na ang embargo sa Vietnam. Ito ang naging hudyat upang unit-unting bumangon ang ekonomiya ng bansa.*

*Maihahalintulad sa Tsina ang mga repormang isinagawa ng Vietnam. Ito ay ayon sa prinsipyo ng Kapitalismo at malayang kalakalan. Sa loob lamang ng dalawang taon, ang Vietnam ay nakabuo ng matatag na ekonomiya na hindi umaasa sa dating Unyong Sobyet. Ang halaga ng mga ineksport ng Vietnam noong 1991 ay $2.2 bilyon. Napababa ng Vietnam ang porsyento ng kanyang implasyon mula sa 67 porsyento noong 1991 sa 12 porsyento noong 1992. Mas marami na ring reserbang foreign exchange ang bansa. Mayroon siyang mahuhusay na manggagawa at malaking pamilihan na binubuo ng 66 milyong Vietnamese. Idaragdag pa rito ang dami ng likas na yaman na matatagpuan sa bansa. Ilan lamang ito sa mga dahilan kung bakit kaakit-akit ang Vietnam sa mga imbestor.*

*Subalit ang mga palatandaang iyan ay hindi pa gaanong sapat upang masabi nating matagumpay na nga ang Vietnam sa kanyang pagsulong. Dapat ding isaalang-alang ang mga batas na nagbibigay ng restriksyon sa pagpasok ng puhunan mula sa ibang bansa. Maituturing na isang papaunlad na bansa pa lamang ang Vietnam. Mayroon pa rin siyang kakulangan sa kanyang imprastruktura, nanatili pa rin ang burokrasya at nanaig pa rin ang duda ng mga Vietnamese na baka ang mga dayuhan ay naroroon lamang para sila pagsamantalahan.*

*Sa kabila ng lahat ng ito, patuloy pa rin ang pagpasok ng puhunan mula sa ibang bansa. Sa katunayan, marami ang naniniwala na sa loob lamang ng lima hanggang 10 taon, maaaring maunahan na ng Vietnam sa pag-unlad ang Thailand at ang iba pang maunlad na bansa sa Asya.*

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

## ALAMIN NATIN

### A. Pagpapalawak ng Talasalitaan

**Panuto:** *Basahin nang pahapyaw ang teksto. Piliin ang salita o parirala na may salungguhit sa teksto pagkatapos piliin ang kahulugan dito.*

1. nahimok, napasama, nakuha

______________________________

2. mga negosyanteng namumuhunan

______________________________

3. kalakal na ipinadala sa ibang bansa

______________________________

4. pagtaas ng presyo at bilihin

______________________________

5. babala

______________________________

6. pagbabago

______________________________

7. matibay

______________________________

8. nangibabaw

___

9. kasa-kasama

___

10. walang tiwala/may pag-aalinlangan

___

**B. <u>Paggamit sa pangungusap</u>**

**Panuto:** *Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang isinagot sa unahan. Gumawa lamang ng lima ayon sa mg salita sa ibaba. Isulat din ito sa notbuk.*

1. matibay
2. babala
3. nahimok
4. nangibabaw
5. pagbabago

**PAG-USAPAN NATIN**

**A. <u>Pagsagot sa mga Tiyak na Katanungan</u>**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na mga katanungan. Sagutin ito ng buong pangungusap.*

1. Anong pagbabago ang nakikita ngayon sa Vietnam?
2. Bakit sinasabing ang Vietnam ay kinilala bilang pinakakawawang bansa sa buong Asya?
3. Ano ang naging malaking balakid ng Vietnam sa pagbangon ng ekonomya nito?
4. Sa anong aspekto magkatulad ang Tsina at ang Vietnam? Ipaliwanag ang sagot.
5. Ibigay ang mga dahilan kung bakit kaakit-akit ang Vietnam sa mga imbestor?
6. Paano mo ipaliliwanag ang mga bagay na dapat isaalang-alang ng Vietnam tungo sa pagsulong nito.
7. Sa iyong palagay, maging matagumpay kaya ang Vietnam sa pagsulong nito sa Asya? Ipaliwanag ang sagot.

GAWIN NATIN

A. **Pagbibigay ng mga pangungusap na nagtataglay ng angkop na pagwawakas.**

**Panuto:** *Ibigay ang mga pangungusap na nagtataglay ng angkop na pagwawakas. Gawin ito sa pamamagitan ng titik lamang at pag-usapan.*

1. a. Nakasisindak ang naganap na pagbaha sa paaralan ng San Andres.
   b. Ang mga Pilipino ay mahilig sa pista.
   c. Ang Pilipinas ay isang kapuluan.
   d. Ang mag-aaral ay mahilig makipaglaro.

2. a. Nagising na masaya ang tumatanggap ng regalo.
   b. Masaya si Erwin ng tanggapin ang regalo mula sa kanyang ninong.
   c. Masarap ang niluluto ni Maring.
   d. Umiiyak ang batang may sakit.

3. a. Sa pagtatapos, marami ang natutuwa at naliligayahan.
   b. Bawat mag-aaral ay may pag-asang makapagtapos.
   c. Isang-daang porsyentong pumasa sa NEAT ang mga mag-aral sa Paaralang Elementarya ng San Andres.
   d. Sana sa susunod na taon, sandaang porsyento rin ang pumasa sa NEAT.

4. a. Nakalulungkot ang buhay ni Ana ng mamatay ang kanyang ama sa aksidente.
   b. Naging masaya sana kung nakarating si Baby sa kaarawan ng kanyang ina.
   c. Nakatatakot siguro kung ang buong siyudad ay mawawalan ng koryente.
   d. Kung hindi dahil sa mga drug users, wala sanang gaanong problema ang mundo.

5. a. Sa susunod na taon ang negosyo ni Iday ay maaaring lumago.
   b. Galit na galit ang biktima sa mga magnanakaw ng makita nitong naubos lahat ang kanilang ipinundar.
   c. Si Danny ay umuwing nag-uumapaw ang galit sa dibdib.
   d. Masaya na sana si Carrie kung uuwi si Bining ng maaga.

B. **Pagsasanay sa pagbibigay ng angkop na wakas ng kuwento.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na kuwento. Ibigay ang angkop na wakas sa pamamagitan ng titik lamang. Pag-usapan ang mga ito.*

1. May bibilhin si Iday sa bayan. Pinakiusapan siya ng kanyang ina na bumili ng sabon, asukal, kape, gatas at iba pa. Inutusan itong isulat sa papel ang mga ito upang hindi makalimutan. Hindi niya sinunod ang utos ng ina dahil madali lang

naman ang ipinasusunod. Nang tanungin siya pagdating sa bahay, nalaman niyang hindi pala niya naalaala ang ipinagawa ng ina.

*(Orihinal)*

Ano ang angkop na wakas ng kuwento?

a. Si Iday ay napagalitan ng kayang ina.
b. Nakalimutan ni Iday ang iba pang bibilhin.
c. Napagalitan si Iday ng hindi mabili lahat ang dapat na bilhin.
d. Sa hindi pagsunod sa utos ng ina, hindi nabili ang lahat ng mga dapat na bilhin ni Iday.

2. Kaisa-isang anak ng mga maykayang magulang si Cynthia. Mayroon silang malaking bahay, malalawak na lupain at gilingan ng palay sa bahay. Nahinto ang pag-aaral ni Cynthia dahil sa kababarkadahang hindi mapigilan. Biglang naulila si Cynthia nang maaksidente ang sasakyan ng kanyang mga magulang.

*(Orihinal)*

Ano ang angkop na wakas ng kuwentong ito?

a. Naging malungkot ang buhay ni Cynthia sa pagkawala ng kanyang mga magulang.
b. Malungkot ang buhay ni Cynthia sa biglang pagkawala ng mga magulang niya.
c. Si Cynthia ay isang abusadang anak.
d. Naging kaawa-awa ang lagay ni Cynthia sa pagkawala ng kanyang mga magulang.

C. **Pagbibigay ng mapanuring pang-unawa sa pamamagitan ng sariling pangungusap sa angkop na wakas ng kuwentong binasa.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na maikling kuwento. Ibigay sa buong pangungusap ang angkop na wakas ayon sa tanong. Isulat ito sa malinis na papel at ipaliwanag sa klase.*

1. Pataas ng pataas ang presyo ng mga bilihin. Nagpalabas ng pagpapahayag ang pamahalaan na walang dagdag ang sahod ng mga manggagawa sa taong ito at sa susunod na taon.

*(Orihinal)*

Ano ang angkop na wakas ng kuwentong ito? Bakit?

---------------------------------------------------------------------------------------------------
---------------------------------------------------------------------------------------------------
---------------------------------------------------------------------------------------------------

2. Nasa ikaapat na taon ng mataas na paaralan si Viding at matalino siya. May kasintahan siyang si Norma na gustong makipag-asawa sa kanya. Gusto ni Viding na makatapos sa kanyang pag-aaral ngunit hindi pa natatapos ang taon, nagtanan na sila ni Norma.

*(Orihinal)*

Ibigay ang angkop na wakas ng kuwentong ito at ipaliwanag.

---------------------------------------------------------------------------------------------------
---------------------------------------------------------------------------------------------------
---------------------------------------------------------------------------------------------------

# ARALIN BILANG 11

**KASANAYAN** : **PAGWAWAKAS**

**LAYUNIN** : Nakapagbibigay ng mapanuring pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na wakas sa sitwasyon o kuwento.

**BASAHIN NATIN** :

## BARANGAY: BATAYANG YUNIT NG PAMAHALAAN NOON AT NGAYON

*"Sa loob ng mahabang panahon, naging batayang yunit ng pamahalaang Pilipino ang baranggay."* Ang mga salitang ito ng aking guro ay laging nagbabalik sa aking isipan kapag nababasa ko o nakikita ang salitang baranggay. Ayon sa kanya, ang mga katutubong Pilipino ay walang pambansang pamahalaan noon. Ang yunit daw ng kanilang pamahalaan ay ang baranggay. Kinuha raw nila ito sa pangalan ng mga bangkang sinakyan ng mga taga-Malaya na lumikas dito sa ating pulo noong unang panahon. Ang talagang salita ay balangay ngunit naging barangay nang dumating ang mga Kastila. Binubuo raw ang bawat baranggay ng 30 hanggang 100 mamamayan. Kung minsan ay nagsasama-sama ang ilang barangay upang makaligtas sa mga kalaban mula sa ibang baranggay. Ang samahang ito ng mga baranggay ay kilala sa tawag na konpederasyon.

Bawat baranggay ay pinangungunahan daw ng isang datu. Ang datu raw ay makapangyarihan. Ginagampanan daw niya ang tungkulin ng isang hukom at tagapagpaganap ng mga batas. Siya rin daw ang nagpapanatili ng katahimikan sa kanyang baranggay. At kung panahon ng digmaan, siya rin daw ang namumuno sa hukbo.

Nang dumating ang mga Kastila, ang bansa ay nahati sa mga encomienda. Ang encomienda ay bahagi ng lupang ibinigay sa mga pinunong naglilingkod sa hari ng Espanya. Ang namamahala sa encomienda ay tinatawag na encomiendero.

Pagkalipas ng ilang panahon, inalis ang encomienda. Nahati ang kapuluan sa mga lalawigan na pinamumunuan ng alkalde mayor. Pagkatapos, hinati ang lalawigan sa mga pueblo o bayan. Bawat pueblo ay pinamamahalaan ng isang governadorcillo na sa kalaunan ay tinawag na kapitan.

Binubuo ang pueblo ng ilang baranggay. Bawat baranggay naman ay pinamumunuan ng isang kabesa.

Sa kasalukuyan ay iba na ang anyo ng baranggay. Itinatag ang pamahalaang baranggay noon 1973 sa pamamagitan ng *Citizen's Assemblies.* Pagkatapos ay nagkaroon ng pagbubuo ng mga sona ng baranggay na di gaanong nagtagal.

Muling nabago ang pagkakabuo ng mga baranggay dahil sa Batas ng Republika 3590 noon Setyembre 21, 1974. Hanggang ngayon, bawat baranggay ay pinamumunuan ng isang kapitan, kalihim, ingat-yaman at mga kagawad. Sila ang bumubuo ng Sangguniang Baranggay.

Bukod sa Sangguniang Baranggay, mayroon ding isang Lupong Tagapagpaganap ang bawat baranggay. Binubuo ito ng iba't ibang brigadang nangangsiwa sa kapakanan ng mga mamamayan sa loob ng baranggay.

*(Hango mula sa Sanayang Aklat para sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

**ALAMIN NATIN**

**A. <u>Pag-unawa sa mga pangungusap ayon sa mga salitang kuha mula sa kuwento.</u>**

**Panuto:** *Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Hanapin ang salitang kasingkahulugan ng salitang nakakahon. Isulat ito sa patlang.*

1. Ang ating Saligang Batas ang saligan ng ating mga karapatan at tungkulin.

   | batayan | ____________________

2. Bago pa man dumating ang mga mananakop na Kastila sa ating bansa ay mayroon na tayong sinaunang uri ng pamahalaan.

   | baranggay | ____________________

3. Napilitang umalis ang mga nakatira sa gilid ng bundok ng Pinatubo nang ito ay biglang pumutok.

   | lumikas | ____________________

4. Nagtatag ng isang samahan ang mga manggagawa upang bigyang proteksyon ang kanilang mga karapatan.

| konpederasyon | ____________________ |
|---|---|

5. Bilang gantimpala ng Hari ng Espanya sa kanyang mga sundalo ay binigyan niya ito ng malalawak na lupain.

| encomienda | ____________________ |
|---|---|

6. Upang maiwasan ang malawakang paglaganap ng mga bawal na gamot ay itinayo nila ang samahang Drug Watch.

| itinatag | ____________________ |
|---|---|

7. Ang bagong namamahala sa pabrika ay mabait at matalino.

| nangangasiwa | ____________________ |
|---|---|

**B. <u>Paggawa ng mga pangungusap ayon sa mga salitang binigyang kahulugan sa pagsasanay A.</u>**

**Panuto:** *Gamitin mo sa sariling pangungusap ang mga salitang nasa loob ng kahon sa Pagsasanay A. Gumawa lamang ng lima sa mga naitalang salita sa ibaba.*

1. lumikas
2. nangangasiwa
3. itinatag
4. batayan
5. barangay

**PAG-USAPAN NATIN**

**A. <u>Pagkuha ng mga Tiyak na Datos</u>**

**Panuto:** *Basahing muli ang teksto. Pagkatapos, basahin ang mga sumusunod na katanungan, bilugan ang bilang ng katanungang sinasagot sa teksto ng may-akda at pagkatapos ay subukin itong sagutin.*

1. Sa ngayon, sinu-sino ang bumubuo ng pamunuan ng bawat baranggay?

2. Paano nabibigyan ng kaligtasan ang mga baranggay noong unang panahon?

3. Anu-ano ang mga tungkulin ng isang datu?

4. Bakit nagsasama-sama ang ilang baranggay noong wala pa ang mga Kastila?

5. Sino ang namamahala sa mga pueblo?

6. Sinu-sino ang bumubuo ng Sangguniang Baranggay?

7. Sa pamamagitan ng mga kasagutan, ano ang maaaring maging angkop na wakas dito?

**GAWIN NATIN**

**A. Pagsasanay sa pagbibigay ng angkop na wakas sa isang sitwasyon.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon. Ibigay ang angkop na wakas sa pamamagitan ng titik lamang. Pag-usapan ang mga ito.*

1. Si Jason ay laging lumiliban sa klase. Natuto siyang sumagot sa mga nakatatanda sa kanya. Bumaba ang marka niya sa paaralan. Nagalit ang tatay niya at hinagupit siya ng sinturon. *(Orihinal)*

   Ano ang angkop na wakas ng iyong binasa?

   a. Napaiyak si Jason sa pagkakapalo ng tatay niya.
   b. Nagtampo si Jason sa ginawa ng tatay niya.
   c. Lumaban si Jason sa tatay niya.
   d. Umiyak si Jason sa ginawang pagpalo ng tatay niya.

2. Nalaman ni Chit na ang salaping inilalagak sa bangko ay kikita ng interes. Maliban doon makakatulong pa ito sa pagpapaunlad sa bansa. Binutasan agad nito ang kanyang alkansiyang bao at, *(Orihinal)*

   a. Dinala ang laman sa bangkong malapit sa kanilang lugar.
   b. Dinala ang laman sa bangkong malapit at idiniposito ito.
   c. Inilagak ni Chit sa bangko ang laman ng alkansiya niya.
   d. Magdideposito si Chit sa pinakamalapit na bangko.

**B. Paggawa ng sariling pangungusap na nagtataglay ng angkop na wakas.**

**B.1 Panuto:** *Gumawa ng tig-isang pangungusap na nagtataglay ng angkop na wakas sa isang sitwasyon, at pag-usapan ito.*

Halimbawa:

a. Subsob ulo sa pag-aaral si Baby.
b. Walang patumanggang paggastos ang ginawa ni Danny.
c. Maraming naging kaibigan si Iday sa loob ng isang linggo.
d. Maraming regalo si Jason sa kaarawan niya.
e. Nasagasaan ang asong paborito ni Sonny.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________

**B.2 Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Ibigay ang angkop na wakas. Suriin at ipaliwanag sa klase. Gawin ito sa pamamagitan ng titik lamang.*

1. Nakahain na ang pananghalian. Maraming pagkain sa mesa. Nakaligtaan ni Iday na takpan ang mga ito. Dumating si Baby mula sa paaralan. Nagtuloy siya sa kainan na ikinagalit lang niya. *(Orihinal)*

   Ano ang angkop na wakas dito?

   a. Sapagkat hindi tinakpan ang mga pagkain sa mesa.
   b. Sapagkat wala na ang pagkain sa mesa.
   c. Sapagkat naging madumi ang pagkain sa mesa.
   d. Sapagkat lumamig na ang pagkain sa mesa.

2. Natapos na ang patimpalak, nagsiuwian na ang lahat habang si Guilly ay naiwan na walang mapagsidlan sa katuwaan. Ano ang angkop na wakas?

   a. Ang patimpalak ay natapos na.
   b. Si Guilly ay isa sa mga nanalo sa patimpalak.
   c. Si Guilly ang nag-iisang nanalo sa patimpalak.
   d. Ang nagwagi ay naiwang mag-isa.

**C. Pagbibigay ng angkop na wakas sa sitwasyong sumusunod.**

**Panuto:** *Basahin at ibigay sa sariling pangungusap ang angkop na wakas sa sitwasyong sumusunod. Isulat ito sa papel at ipaliwanag sa klase.*

1. Ganap nang nakapagtapos sa pag-aaral si Melanie. Kumuha ng Board Exams, at sa awa ng Diyos pumasa naman ito. Pumasok sa isang malaking opisina at nag-aplay ng trabaho.

   Ano ang angkop na wakas ng sitwasyong ito? Unawain at ipaliwanag ito.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Umuwi ng maaga galing sa paaralan si Maxie. Pumasok kaagad sa kanyang kuwarto ng hindi namamalayan ng kanyang mga kasambahay. Nakatulog ito nang mahimbing at nang magising ay malalim na ang gabi.

   Ano ang angkop na wakas dito? Ipaliwanag ito.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

# ARALIN BILANG 12

**KASANAYAN** : **PAGWAWAKAS**

**LAYUNIN** : Naibibigay ang malinaw na pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na wakas ng sitwasyon o kuwento.

**BASAHIN NATIN** :

## ANG MGA TRIBONG BARBARO

1. Ang mga tribong Teutonic ang ninuno ng mga Germans, Dutch, English, Danes, Swedes, Norwegians at ng maraming French, Spaniards at Italians.

2. Samantalang itinuturing na mga taong klasiko ang mga Griyego at Romano, mga taong barbaro naman ang turing sa mga tribong Teutonic. Higit na mataas ang antas ng kabihasnan ng mga taong klasiko.

3. Maliit na dampa ang tirahan ng mga Teuton. Sinauna ang pamamaraan ng mga nakararaming magsasaka. Ang iba naman ay mga pastol. Wala silang mga templo at mga pari at sumasamba sila sa mga bagay-bagay na nakikita sa kalikasan. Ang isang kahanga-hangang katangian ng mga Teuton ay ang pagmamahal sa kalayaan, kaya masasabing sila'y mala-demokratiko. Sila ay mababangis na sundalo. Mahilig sila sa mga bisyong pag-iinom ng alak at pagsusugal. Mapagmahal sila sa kanilang pamilya at mataas ang pagpapahalaga sa katapatan. Halimbawa, kapag natalo sa sugal ang isang tao, maging ang buhay niya ay itataya upang mabawi ang pagkatalo. Kapag natalo pa siya, maaari siyang maging alipin ng tumalo sa kanya.

4. Nahahati sa maraming pangkat ang mga tribong Teutonic. Ang mga Goths ay nahahati sa mga Visigoths at mga Ostrogoths. Ang mga Goths ang unang sumalakay sa Roma.

5. Ang iba pang pangkat ay ang mga Vadola, Burgundians, Franks, Anglo at Saxon at Northmen na ang ninuno ay mga Danes, Norwegians at Swedes.

6. Ilang beses na tinangka ng mga taong barbaro ang pagsalakay sa imperyo. Nainggit sila sa marangyang kabuhayan ng mga Romano, kasama na ang magandang klima ng Espanya at Italya. Malupit ang

kanilang kapaligiran dahil sa matinding taglamig at magubat na paligid. Nang maramdamang mahina ang mga imperyo, ito ay kanilang sinamantala at sinalakay.

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang).*

**ALAMIN NATIN**

**A. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

**Panuto:** *Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba. Gamitin ang diksyunaryo kung kinakailangan. Pagkatapos ay gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap.*

1. taong klasiko
2. barbaro
3. Teutonic
4. sinauna
5. tinangka
6. imperyo
7. malupit

**B. Punan ng tamang salita ang mga sumusunod na pangungusap.**

**Panuto:** *Piliin ang salita sa itaas (Pagsasanay A). Isulat sa puwang ang salitang angkop sa pangungusap.*

1. Ang mga taong ______ ay kinatatakutan dahil sa kanilang angking lakas at katapangan.

2. Itinuturing na mga ________ ang mga Griyego at Romano.

3. Nahahati sa dalawang __________ ang Roma. Ito ay ang Kanluran at Silangan.

4. Nabibilang ang mga German, Dutch at English sa tribong ______________.

5. Ang mga gawi at kilos ng mga katutubo ay __________________.

6. Maraming beses na _____________ ng mga taong barbaro ang pagsalakay sa imperyong Romano.

7. Hindi sila makatagal sa ________________ na kapaligiran kung kayat sila ay lumisan.

**PAG-USAPAN NATIN**

**A. Pagsagot sa mga Tiyak na Katanungan**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod na mga katanungan. Sagutin ito ng buong pangungusap at pag-usapan.*

1. Ano ang pagkakaiba ng mga taong klasiko at taong barbaro?

_______________________________________________

2. Paano nabubuhay ang mga Teuton?

_______________________________________________

3. Ano ang kahanga-hangang katangian ng mga Teuton?

_______________________________________________

4. Ilarawan ang mga Teuton.

_______________________________________________

5. Sinu-sino ang mga pangkat na ninuno ng tribong Teutonic?

_______________________________________________

6. Bakit ninais ng mga taong barbaro ang pagsalakay sa imperyo ng Romano?

_______________________________________________

7. Dapat ba nating kainggitan ang mga bagay na wala sa atin? Ipaliwanag ang sagot.

_______________________________________________

8. Kung ikaw ay papipiliin, ano ang gugustuhin mo, maging taong klasiko o taong barbaro? Bakit? Pangatwiranan ang sagot.

_______________________________________________

9. May pagkakaiba ba ang mga Vadola at barbaro? Ipaliwanag ito sa klase.

_______________________________________________

10. Sa mga naging kasagutan, ano ang maaaring maging angkop na wakas dito? Ipaliwanag ito.

_______________________________________________

GAWIN NATIN

A. **Pagsasanay sa pagbibigay ng malinaw na pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na wakas sa kuwento.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Ibigay ng malinaw ang angkop na wakas ayon sa tanong. Gawin ito sa pamamagitan ng titik lamang. Pag-usapan ito.*

Sa mula't mula pa'y isang katangian na ng mga Pilipino ang pagiging masunurin sa magulang at nakatatanda. Kinagisnan na ng isang bata ang ganitong kaugalian, kaya't lumaki siyang magalang at masunurin sa mga magulang. Tinuturuan din siyang igalang at mahalin ang matandang kaanak sa pamilya.

Ang isang mag-anak na Pilipino, karaniwang kasama sa bahay ang kanilang lolo at lola. Kaya't inaasahang mamahalin at igagalang din sila ng mga batang kaanak sa bahay. Sinusunod ng mga bata ang iniuutos ng mga ito at binibigyan sila ng kaukulang paggalang. Mananatili ang magagandang pagtitinginan ng matatanda at mga anak.

Ipinagpapatuloy ng salin-lahi sa kasalukuyang magagandang kaugaliang ito ng mga Pilipino. Higit kailangan ay ngayon dapat hubugin sa magandang asal ang ating mga kabataan sapagkat marami na rin sa kanila ang nakakalimot.

*(Hango mula sa Sanayang Aklat sa Pagbasa sa Filipino para sa Ikaanim na Baitang)*

Ano ang angkop na wakas ang nararapat dito?

a. Na ang pagsunod sa magulang ay tanda ng anak na magalang.
b. Na ang paggalang sa magulang ay tanda sa pagsunod sa kaugaliang Pilipino.
c. Na ang pagiging magalang ay pagsunod sa naging kaugalian ng mga Pilipino.
d. Na ang Pilipino ay may magandang kaugaliang dapat sundin.

B. **Karagdagang pagsasanay sa pagbibigay ng angkop na wakas.**

**Panuto:** *Basahin ang sumusunod. Ibigay ang angkop na wakas sa pamamagitan ng titik lamang. Ipaliwanag ito.*

1. Pasko na ng umaga makarating si Iday, ang anak ni Aling Cita. Galing ito sa ibang bansa, kung kaya't tuwang-tuwa ang pamilya ng makita ito. Inaasahan ng

marami na may mga dala itong pasalubong, subali't nang makita si Iday, kasabay ng malungkot at mangiyak-ngiyak na mukha nito . . . *(Orihinal)*

a. Wala itong kadaladalang mga pasalubong.
b. Na hold-up ito habang papauwi.
c. Naiwan nito ang mga dalang pasalubong.
d. Hindi ito nakapamili ng pasalubong.

2. Maagang pumasok sa paaralan si Cynthia. Masigla itong pumasok sa loob ng silid-aralan. Naupo at handa sa kanilang aralin. Parating na rin ang mga kaklase at isa-isang umupo sa upuan. Subali't nanghinayang lamang ang lahat ng . . . *(Orihinal)*

Ano ang angkop na wakas dito?

a. Walang gurong dumating.
b. Naiwan ng guro ang kanyang mga kagamitan.
c. Ang guro ay dumating at hindi nagklase.
d. Ang guro ay hindi dumating.

C. **<u>Pagbibigay ng angkop na wakas sa sariling pangungusap.</u>**

**Panuto:** *Ibigay sa sariling pangungusap ang angkop na wakas na isinasaad sa sitwasyong sumusunod. Pag-usapan ang mga ito sa klase.*

1. Malakas ang ulan. Habang papauwi na ang mga kaklase ni Jason, naroon pa rin siya't nakaupo sa harapan ng paaralan.

Ano ang angkop na wakas dito?

______________________________________________

______________________________________________

2. Ikalabindalawang kaarawan ni Bernie. Maraming naging handa ang kanyang ina. Marami rin silang inaasahang mga bisita, ang kanyang mga kaklase at iba pang mga kaibigan. Nasa America ang ama ni Bernie at malaking pera ang ipinadala nito at mga regalo.

Subali't habang nagkakainan at nagkakasayahan na ang lahat, mababasa pa rin sa mga mata ni Bernie ang lungkot.

Ano ang angkop na wakas dito?

______________________________________________

______________________________________________

# BIBLIOGRAPIYA

**A. MGA AKLAT**

Bernard, Harold W., *Psychology of Learning and Teaching,* New York: McGraw-Hill Book Company, Inc., 1984

Bloom, Benjamin et al. *Taxonomy of Educational Objectives.* New York: Olongnous Geren & Co., 1986.

Bond, Guy L. and Miles A. Tinker, *Reading Difficulties: Their Diagnosis and Correction,* New York: Appleton-Century-Crafts, Inc., 1988.

Calmorin, Laurentina P., *Educational Research Measurement and Evaluation,* 2nd ed., Philippines: National Bookstore, 1994.

Chambliss, J. J., *Enlightenment and Social Social Progress: Education in the 19th Century,* Minneapolis: Burgess Publishing Co., 1981.

Cunningham, J. W., *Three Recommendations to Improve Reading Comprehension,* Mass: Lexington Books, 1983.

Dechant, Emerald V., *Improving the Teaching of Reading*, New Delhi: Prentice hall of India, Ltd., 1980.

Deterline, William, *An Introduction to Programmed Instruction.* Englewood Cliffs, New Jersey: Prentice Hall, Inc., 1982.

Ferguson, George A. and Yoshio Takane, *Statistical Analysis in Psychology and Education,* 6th ed., Quezon City, Philippines: JMC Press, Inc., 1989.

Flexner, Stuart Berg, *Unabridged Dictionary*, 2nd ed., New York: Random House, 1983.

Gates, Arthur, *The Improvement of Reading: A Program of Diagnostic and Remedial Method,* New York: The McMillan Company, 1980.

Good, Carter V., *Dictionary of Education,* 1973.

Greene, Edward J., *The Learning Process and Programmed Instruction,* New York: Holt Rinehart and Winston, Inc., 1982.

Heilman, Arthur W., *Principles and Practices of Teaching Reading,* Ohio: Charles Murill Books, Inc., 1987.

Lauton, Dennis, Social Change, Educational Theory and Curriculum Planning, Toronto: Hedder and Stronghton, 1983.

Mazurkiewics, Albert J., *How to Increase Reading Ability,* New York: David Mckay Co., Inc., 1980.

McCullough, Constance M., Ruth M. Strang and Arthur E. Traxler, *Problems in the Improvement of Reading.* New York: McGraw-Hill Book Company, Inc., 1983.

Miller, Carol M., *Foundation of Guidance,* New York: Harper and Row Publishers. 1978.

Pagoso, Cristobal M., George Garcia & Cynthia R. Guerrero, *Fundamental Statistics for College Students,* Manila: Sinag-Tala Publishers, Inc., 1984.

Raymond, Dorothy, *Individualizing Reading in the Elementary Schools*, New York: Parker Publishing Co., Inc., 1983.

Silverio, Julio F., Bagong Diksiyunaryong Pilipino-Pilipino, Caloocan City: Philippine Graphic Arts, Inc., 1980.

Skates, Malcolm J., Statistical Inference for Educational Researchers, Addison-Wesley Publishing Co., 1989.

Sutaria, Minda C., *Basic Readers for English Teaching,* Quezon City: Phoenix Publishing House, 1992.

UP Statistical Center, *Basic Statistics and Exploratory Data Analysis with Micro-computer Applications,* Diliman Quezon City: University of the Philippines, 1982.

Villamin, Araceli M., *Developmental Reading*, Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc., 1987.

Walpole, Ronald E., *Introduction to Statistics,* 3rd ed., London: Prentice-Hall International Limited, 1982.

Witty, Paul, *Helping Children Read Better*, Northwestern University, Evanston, Illinois, 1988.

## B. MGA MAGASIN AT PERYODIKAL

Allen, V. F., “Trends in the Teaching Of Reading,” English teaching Forum, June-August, 1988.

Asher, James, “The Strategy of the Total Physical Response: An Application to Learning Russian,” International Review of Applied Linguistics, 1981.

Belisario, Leonor B., “The Dimensional Approach in Reading,” The Modern Teacher, September, 1993.

Crafton, Linda K., “Comprehension Before, During and After reading,” The Reading Teacher, 1983.

Dickinson, Candace A., “Individual Reading in the ESP Classroom,” English Teaching Forum, July, 1984.

Durrel, Donald B., “The Auditory Discrimination Factor in Reading Readiness and Reading Disability, “ Educator, May, 1962.

Flores, Purification M., “Developing the Independent Readers,” Education Review, November, 1982.

Laylo, Filomeno T., "Mungkahing Patnubay sa Mabisang Pagtuturo," The Modern Teacher, October, 1993.

Lee, Darris M., "What is Reading?," The Reading Teacher, International Reading Associates, February, 1988.

Long, M. H., "Native Speakers Conversation in the Second Language Classroom on RESOL," English Teaching Forum, 1983.

Lyons, Liz H., "Developing Your Own Classroom Teaching Materials," Guidelines - A Periodical for Classroom Language Teachers, July, 1984.

Stevenson, Robert M., "Using Slides to Improve Reading Comprehension," English Teaching Forum, March-May, 1983.

Alandino, Danilo R., "Developing and Validation of Modules in Exponents and Radicals in Mathematics III," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, 1996.

Bright as cited by Julio T. Bernales, "Competency of Secondary Mathematics III Teachers in the Division of Samar: An Input to a Training Program," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, 1996.

Codoy, Eutropia A., "Effectiveness of Silent Reading Comprehension Exercise on the Reading Achievement of Pandan Grade V Pupils," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. 1996

Dacula, Valentina W., "Development and Validation of Modules on Percent and Ratio for Mathematics I," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. 1995.

Dacuro, Alfredo., 'Self-Instructional Materials on the Reading Level of Grade IV Pupils," Unpublished Master's Thesis, Leyte State College, Tacloban City, 1982.

Dacuro, Alfredo D., "The Effect of Pre-developed Lesson Plans on the Achievement of Grade VI Pupils in English," Unpublished Doctor's Dissertation, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar., 1996.

Escobar, Trinidad A., "The Effect of RFU Exercise on the Development of Comprehension in English," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. 1994.

Espano, Gina U., "Effectiveness of Teacher-Made Workbook in Teaching Basic Mathematics," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. 1994.

Garcia, Lourdes, "Ang Bisa ng Modyul sa Pagpapayaman sa Pag-unawa ng Pagbasa ng Maikling Katha," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar. 1994.

Lacambra, Zenaida, "Development and Validation of Modules in Applied Science 101 (ElectroChemistry)," Unpublished Master's Thesis, Marikina Institute of Science and Technology, Marikina, Metro Manila, 1985.

Quitorio, Manuel A., "Effects of Textbook-Based Phoneme-Focused Instructional Materials for Grade VI Pupils," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, 1990.

Rebusora, Mila, "Kahusayan sa Pagbasa sa Filipino sa mga Paaralang Clientele ng Proyektong URS," Unpublished Master's Thesis, Samar State Polytechnic College, Catbalogan, Samar, 1990.

**C. MGA IBA PANG DOKUMENTO**

Minimum Learning Competencies in Filipino for Grade VI.

# APENDIKS

## APENDIKS A

Republic of the Philippines
**SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE**
*Catbalogan, Samar*

December 20, 1996

**Prof. RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed. D.**
Dean, Graduate/Post Graduate Education
Samar State Polytechnic College
Catbalogan, Samar

**Madam:**

In my desire to start writing my research proposal, I have the honor to submit for approval one of the following problems, *preferably Number One*:

1. MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURÓ SA PANG-UNAWA SA PAGBASA SA FILIPINO.

2. MGA PAMAMARAAN SA PAGPAANGAT SA PANG-UNAWA SA FILIPINO.

3. MGA KASANAYAN PARA SA MGA MAG-AARAL SA IKAANIM NA BAITANG.

I anticipate for your early and favorable action with this regard.

Very truly yours,

**(Sgd.) CONCHITA D. DACUTANAN**
Researcher

**APPROVED:**

**(Sgd.) RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed. D.**
Dean, Graduate/Post-Graduate Education

## APENDIKS B

Republic of the Philippines
**SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE**
*Catbalogan, Samar*
**SCHOOL OF GRADUATE EDUCATION**

**APPLICATION FOR ASSIGNMENT OF ADVISER**

NAME: **DACUTANAN** (Surname) **CONCHITA** (First Name) **DACLES** (Middle Name)

CANDIDATE FOR DEGREE: Master of Arts in Teaching

AREA OF SPECIALIZATION: Language

TITLE OF PROPOSED THESIS/DISSERTATION: **MGA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA PANG-UNAWA SA PAGBASA SA FILIPINO**

**(Sgd.) CONCHITA D. DACUTANAN**
*Applicant*

**Prof. ALFREDO D. DACURO, Ph. D.**
Name of Designated Adviser

**APPROVED:**

**(Sgd.) RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed. D.**
Dean, Graduate/Post-Graduate Education

**CONFORME:**

**(Sgd.) ALFREDO D. DACURO, Ph. D.**
Adviser

In 3 copies: 1st copy – for the Dean
2nd copy – for the Adviser
3rd copy – for the Applicant

**APENDIKS C**

Republic of the Philippines
**SAMAR STATE POLYTECHNIC COLLEGE**
*Catbalogan, Samar*

January 15, 1999

**THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**
Division of Samar
Catbalogan, Samar

**M a d a m :**

Greetings!

